**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2025 THANKSGIVING BLENDING CONFERENCE**

**Ang kailangan natin ngayon ay ang napapanahon, kagyat, at buháy na pangitain hinggil sa makalangit na Kristo bilang buháy na bituin.**

**Ang praktikal na Emmanuel ay ang Espiritu ng realidad bilang presensiya ng napasukdol na Tres-unong Diyos sa ating espiritu; ang Kanyang presensiya ay palagi nating kasama sa ating espiritu, hindi lamang araw kada araw bagkus sandali kada sandali rin.**

**Ang pinakamalinaw na pahayag hinggil sa Dibinong Trinidad ay nasa Mateo 28:19: "Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo."**

**May dalawang dakilang prinsipyo sa sansinukob— ang awtoridad ng Diyos at ang pagrerebelde ni Satanas; ang namumukod-tanging kontrobersiya sa pagitan ng Diyos at ni Satanas ay may kinalaman sa awtoridad.**

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Thanksgiving Blending Conference**
**Nobyembre 27-30, 2025**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG NAGPAPALOOB NG LAHAT NA KRISTO**
**NA INIHAYAG SA MATEO**

Mensahe Isa

# Ang Napapanahon, Kagyat, at Buháy na Pangitain hinggil sa Makalangit na Kristo bilang Buháy na Bituin

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 2:1-12; Bil. 24:17; Gen. 1:14-19; Dan. 12:3;
Apoc. 1:16, 20; 2:1, 28; 3:1; 22:16; 2 Ped. 1:19; Gen. 22:17; Jud. 12-13

**Mat. 2:1-12** Ngayon, pagkatapos maisilang si Hesus sa Bethlehem ng Judea sa mga araw ng haring si
Herodes, narito, may mga mago mula sa silangan na dumating sa Herusalem, 2Na nagsasabi, Nasaan
Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at
naparito kami upang sambahin Siya. 3At nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang
buong Herusalem kasama niya. 4At nang matipon ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba ng
bayan, itinanong niya sa kanila kung saan isisilang ang Kristo. 5At sinabi nila sa kanya, Sa Bethlehem ng
Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: 6"At ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah,
sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay
lalabas ang isang Pinuno, Yaong magpapastol sa Aking bayang Israel." 7Pagkatapos ay palihim na
tinawag ni Herodes ang mga mago, maingat na inalam sa kanila ang panahon ng paglitaw ng bituin. 8At
nang maisugo sila sa Bethlehem, sinabi niya, Humayo kayo at saliksikin ninyong mabuti ang tungkol sa
bata. At kapag Siya ay natagpuan ninyo, ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako rin ay makaparoon at
makasamba sa Kanya. 9At pagkarinig sa hari, lumakad na sila, at narito, ang bituin na kanilang nakita sa
pagsikat nito ay nanguna sa kanila hanggang sa ito ay sumapit at huminto sa itaas sa lugar na
kinaroroonan ng bata. 10At nang makita nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking
kagalakan. 11At pumasok sila sa bahay at nakita nila ang bata, kasama ni Maria na Kanyang ina. At nang
magpatirapa sila, kanilang sinamba Siya; at nang mabuksan ang kanilang mga kayamanan, naghandog
sila sa Kanya ng mga kaloob, ginto at kamanyang at mira. 12At dahil sila ay dibinong natagubilinan sa
panaginip na huwag bumalik kay Herodes, sila ay umalis patungo sa kanilang lupain sa pamamagitan
ng ibang daan.

**Bil. 24:17** Aking makikita Siya, ngunit hindi ngayon; / Aking pagmamasdan Siya, ngunit hindi sa malapit: / Lalabas ang isang Bituin sa Jacob, / At may isang setro na lilitaw sa Israel, / At dudurugin ang noo ng Moab / At lilipulin ang lahat ng mga anak ng kaguluhan.

**Gen. 1:14-19** Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang ihiwalay ang
araw sa gabi; at ang mga ito ay maging palatandaan para sa mga panahon, sa mga araw, at sa mga taon,
15at ang mga ito ay maging tanglaw sa kalawakan ng langit upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa." At ito
ay nangyari. 16Nilikha ng Diyos ang dalawang malalaking tanglaw; ang malaking tanglaw ay upang
maghari sa araw at ang maliit na tanglaw ay upang maghari sa gabi. Nilikha rin niya ang mga bituin.
17Ang mga ito ang inilagay ng Diyos sa kalawakan ng langit upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa, 18upang
mamahala sa araw at sa gabi, at upang ihiwalay ang liwanag sa kadiliman. At nakita ng Diyos na ito ay
mabuti. 19Lumipas ang gabi at sumapit ang umaga nang ikaapat na araw.

**Dan. 12:3** Ang mga pantas ay magniningning na tulad ng kaningningan ng langit; at ang mga nagpapabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanpaman.

**Apoc. 1:16** At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay nagliwanag gaya ng araw na matinding sumisikat.

**Apoc. 1:20** Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

**Apoc. 2:1** Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

**Apoc. 2:28** At ibibigay Ko sa kanya ang tala sa umaga.

**Apoc. 3:1** At sa sugo ng ekklesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may pitong Espiritu ng Diyos at may pitong bituin: Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay buháy, ngunit ikaw ay patay.

**Apoc. 22:16** Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

**2 Ped. 1:19** At mayroon kaming salita ng mga propeta na ginawang lalong matatag, na makabubuti para sa inyo kung inyong bibigyang-pansin gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar, hanggang sa magbukang-liwayway at ang tala sa umaga ay sumikat sa inyong mga puso.

**Gen. 22:17** tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit at mga buhangin sa baybayin ng dagat; at makakamit ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway.

**Jud. 12-13** Ito ang mga natatagong batuhan sa inyong mga piging ng pag-ibig, na nagpipiging kasama ninyo nang walang takot, na nagpapastol ng kanilang sarili; mga ulap na walang tubig na tinatangay ng mga hangin; mga puno sa taglagas na walang bunga, namatay nang dalawang ulit, binunot pati ugat;
13Nagngangalit na mga alon sa dagat, na pinabubula ang kanilang sariling mga kahihiyan; mga bituing gala, na pinaglalaanan ng karimlan ng kadiliman hanggang sa kawalang-hanggan.

I. **Pagkatapos maipanganak ni Hesus sa Bethlehem, may mga mago mula sa silangan na dumating sa Herusalem, na nagsasabi, "Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at naparito kami upang sambahin Siya" (Mat. 2:2); ito ang katuparan ng Mga Bilang 24:17, na nagsasabi, "Lalabas ang isang bituin [mula kay] Jacob"; ang Bituing ito ay tumutukoy kay Kristo:**

**Mat. 2:2** Na nagsasabi, Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at naparito kami upang sambahin Siya.

**Bil. 24:17** Aking makikita Siya, ngunit hindi ngayon; / Aking pagmamasdan Siya, ngunit hindi sa malapit: / Lalabas ang isang Bituin sa Jacob, / At may isang setro na lilitaw sa Israel, / At dudurugin ang noo ng Moab / At lilipulin ang lahat ng mga anak ng kaguluhan.

A. Hindi sinabi ng mga mago, "Nakita namin ang *isang* bituin," o "Nakita namin *ang* bituin," kundi "Nakita namin ang *Kanyang* bituin"; ang Bituin ay ang makalangit na Kristo.

B. Ang bituin na binanggit sa Mateo 2:2 ay ipinakita sa matatalinong tao na ito; hindi ito nagpakita sa sinuman sa bayan ng Israel; samantalang ang mga Hudyo ay may mga Kasulatan hinggil kay Kristo at alam kung saan Siya isisilang (bb. 4-6), nakita naman ng mga mago ang bituin ni Kristo.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Mat. 2:2** Na nagsasabi, Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at naparito kami upang sambahin Siya.

**Mat. 2:4-6** At nang matipon ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba ng bayan, itinanong niya sa kanila kung saan isisilang ang Kristo. 5At sinabi nila sa kanya, Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: 6"At ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay lalabas ang isang Pinuno, Yaong magpapastol sa Aking bayang Israel."

C. May kaalaman ang mga Hudyo sa mga titik hinggil sa kung saan ipanganganak si Kristo (Mikas 5:2), subalit ang matatalinong taong ito mula sa silangan ay nakatanggap ng isang buháy na pangitain hinggil sa Kanya; kalaunan, pinangunahan sila ng bituin sa lugar na kinaroroonan ni Kristo (Mat. 2:1-12).

**Mik. 5:2** (Ngunit ikaw, O Bethlehem sa Efrata, / Na maliit upang mapabilang sa mga angkan ng Juda, / Mula sa iyo ay lalabas para sa Akin / ang Isa na magiging Pinuno sa Israel; / Na ang pinagmulan ay mula nang una, / Mula nang walang hanggan.)

**Mat. 2:1-12** Ngayon, pagkatapos maisilang si Hesus sa Bethlehem ng Judea sa mga araw ng haring si Herodes, narito, may mga mago mula sa silangan na dumating sa Herusalem, 2Na nagsasabi, Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at naparito kami upang sambahin Siya. 3At nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang buong Herusalem kasama niya. 4At nang matipon ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba ng bayan, itinanong niya sa kanila kung saan isisilang ang Kristo. 5At sinabi nila sa kanya, Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: 6"At ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay lalabas ang isang Pinuno, Yaong magpapastol sa Aking bayang Israel." 7Pagkatapos ay palihim na tinawag ni Herodes ang mga mago, maingat na inalam sa kanila ang panahon ng paglitaw ng bituin. 8At nang maisugo sila sa Bethlehem, sinabi niya, Humayo kayo at saliksikin ninyong mabuti ang tungkol sa bata. At kapag Siya ay natagpuan ninyo, ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako rin ay makaparoon at makasamba sa Kanya. 9At pagkarinig sa hari, lumakad na sila, at narito, ang bituin na kanilang nakita sa pagsikat nito ay nanguna sa kanila hanggang sa ito ay sumapit at huminto sa itaas sa lugar na kinaroroonan ng bata. 10At nang makita nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking kagalakan. 11At pumasok sila sa bahay at nakita nila ang bata, kasama ni Maria na Kanyang ina. At nang magpatirapa sila, kanilang sinamba Siya; at nang mabuksan ang kanilang mga kayamanan, naghandog sila sa Kanya ng mga kaloob, ginto at kamanyang at mira. 12At dahil sila ay dibinong natagubilinan sa panaginip na huwag bumalik kay Herodes, sila ay umalis patungo sa kanilang lupain sa pamamagitan ng ibang daan.

D. Si Kristo ang totoong Araw (Mal. 4:2), subalit sa katunayan, hindi Siya nagpapakita bilang araw sa kapanahunan ng gabi; sa halip, nagliliwanag Siya gaya ng isang tala (Apoc. 2:28); ang isang bituin ay nagliliwanag sa gabi, subalit nagpapahiwatig ito na darating ang araw (Roma 13:11-14).

**Mal. 4:2** Ngunit sa inyo na natatakot sa Aking pangalan ay sisikat ang Araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa Kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan.

**Apoc. 2:28** At ibibigay Ko sa kanya ang tala sa umaga.

**Roma 13:11-14** At ito, nalalaman ninyo ang panahon, na ito na ang oras upang kayo ay gumising sa pagkakatulog; sapagkat ngayon ay mas malapit na ang ating kaligtasan kaysa noong tayo ay sumampalataya. 12Malalim na ang gabi, at ang araw ay malapit na. Kaya't iwaksi natin ang mga gawa ng kadiliman, at isuot natin ang mga sandata ng liwanag. 13Lumakad tayo nang nararapat na gaya ng sa a araw; hindi sa katakawan at kalasingan, hindi sa pakikiapid at kahalayan, hindi sa tunggalian

© 2025 Living Stream Ministry

at paninibugho. [14]Kundi ibihis ninyo ang Panginoong Hesu-Kristo, at huwag paglaanan ang laman upang masunod ang mga pita nito.

E. Nang dumating si Kristo sa unang pagkakataon, nagpakita Siya nang hayagan bilang isang bituin, subalit kapag dumating Siya sa ikalawang pagkakataon, Siya ay magiging tala sa umaga (Apoc. 2:28; 22:16) sa Kanyang mga mandaraig, na nagbabantay sa Kanyang pagdating; sa lahat ng iba pa, si Kristo kalaunan ay magpapakita bilang araw (Mal. 4:2; cf. Mat. 13:43).

**Apoc. 2:28** At ibibigay Ko sa kanya ang tala sa umaga.

**Apoc. 22:16** Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

**Mal. 4:2** Ngunit sa inyo na natatakot sa Aking pangalan ay sisikat ang Araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa Kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan.

**cf. Mat. 13:43** Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pandinig ay makinig.

**II. Inihahayag sa Mateo 2:1-12 na ang hanapin si Kristo ay isang buháy na bagay; hindi ito isang bagay ng pandoktrinang kaalaman lamang sa Biblia:**

**Mat. 2:1-12** Ngayon, pagkatapos maisilang si Hesus sa Bethlehem ng Judea sa mga araw ng haring si Herodes, narito, may mga mago mula sa silangan na dumating sa Herusalem, [2]Na nagsasabi, Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at naparito kami upang sambahin Siya. [3]At nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang buong Herusalem kasama niya. [4]At nang matipon ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba ng bayan, itinanong niya sa kanila kung saan isisilang ang Kristo. [5]At sinabi nila sa kanya, Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: [6]“At ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay lalabas ang isang Pinuno, Yaong magpapastol sa Aking bayang Israel.” [7]Pagkatapos ay palihim na tinawag ni Herodes ang mga mago, maingat na inalam sa kanila ang panahon ng paglitaw ng bituin. [8]At nang maisugo sila sa Bethlehem, sinabi niya, Humayo kayo at saliksikin ninyong mabuti ang tungkol sa bata. At kapag Siya ay natagpuan ninyo, ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako rin ay makaparoon at makasamba sa Kanya. [9]At pagkarinig sa hari, lumakad na sila, at narito, ang bituin na kanilang nakita sa pagsikat nito ay nanguna sa kanila hanggang sa ito ay sumapit at huminto sa itaas sa lugar na kinaroroonan ng bata. [10]At nang makita nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking kagalakan. [11]At pumasok sila sa bahay at nakita nila ang bata, kasama ni Maria na Kanyang ina. At nang magpatirapa sila, kanilang sinamba Siya; at nang mabuksan ang kanilang mga kayamanan, naghandog sila sa Kanya ng mga kaloob, ginto at kamanyang at mira. [12]At dahil sila ay dibinong natagubilinan sa panaginip na huwag bumalik kay Herodes, sila ay umalis patungo sa kanilang lupain sa pamamagitan ng ibang daan.

A. Nagpakita ang bituin malayo sa templo sa Banal na Lupain, malayo sa sentrong panrelihiyon ng mga Hudyo, malayo sa mga saserdote, sa mga eskriba, sa mga Fariseo, at sa lahat ng relihiyoso; sa halip, may isang bituin na nagpakita ng isang bagay ni Kristo sa isang paganong lupain.

B. Ang hawakan lamang ang Biblia sa ating kamay at basahin ang Mikas 5:2, na nagsasabing si Kristo ay ipanganganak sa Bethlehem, ay hindi uubra; maaaring mayroon tayong Biblia, ngunit maaaring makaligtaan natin ang makalangit na bituin.

**Mikas 5:2** (Ngunit ikaw, O Bethlehem sa Efrata, / Na maliit upang mapabilang sa mga angkan ng Juda, / Mula sa iyo ay lalabas para sa Akin / ang Isa na magiging Pinuno sa Israel; / Na ang pinagmulan ay mula nang una, / Mula nang walang hanggan.)

*© 2025 Living Stream Ministry*

C. Ang bituin ay ang buháy na pahayag, ang buháy na pangitain, hindi ang luma at patay na pandoktrinang kaalaman sa mga Kasulatan, hindi ang patay na kaalaman sa Mikas 5:2; ang kailangan natin ngayon ay hindi lamang kaalaman sa Biblia bagkus ang makalangit na pangitain, ang napapanahon, kagyat na pangitain, ang buháy na pangitain, ang pangitain na hindi kailanman maituturo ng pantaong konsepto.

**Mikas 5:2** (Ngunit ikaw, O Bethlehem sa Efrata, / Na maliit upang mapabilang sa mga angkan ng Juda, / Mula sa iyo ay lalabas para sa Akin / ang Isa na magiging Pinuno sa Israel; / Na ang pinagmulan ay mula nang una, / Mula nang walang hanggan.)

D. Kahit pa mayroon tayong kaalaman sa mga Kasulatan, kailangan pa rin natin ang kagyat, napapanahon, buháy na bituin upang pangunahan tayo sa mismong lansangan at sa mismong bahay na kinaroroonan ni Hesus.

E. Pagkatapos matanggap ang buháy na pangitain, naligaw ang mga mago dahil sa kanilang pantaong konsepto at nagtungo sa Herusalem, ang kapitolyo ng bansang Hudyo, na inaakalang kinaroroonan ng hari nito; ang kanilang pagkaligaw ay nagsanhi sa maraming batang lalaki na mapatay—Mat. 2:16.

**Mat. 2:16** Pagkatapos si Herodes, nang malaman na siya ay nalansi ng mga mago, siya ay lubhang nagalit at nagsugo ng mga tao at ipinapatay niya ang lahat ng batang lalaki sa Bethlehem at sa lahat ng hangganan nito mula dalawang taong gulang pababa, ayon sa panahon na maingat niyang inalam sa mga mago.

F. Nang makarating sila sa Herusalem at nagtanong hinggil sa kung saan ipanganganak ang Hari ng mga Hudyo, sinasabi ng mga Kasulatan na "nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang buong Herusalem kasama niya"—b. 3:

**Mat. 2:3** At nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang buong Herusalem kasama niya.

1. Nang marinig nila ang balitang ito, dapat sana ay nagalak sila; sa halip, sila ay nabahala; walang ibang dahilan para dito kundi yaong hindi nila tunay na hinahanap ang Tagapagligtas—cf. Kaw. 4:23.

   **cf. Kaw. 4:23** Ang iyong puso'y buong sikap mong ingatan,/ Sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay.

2. Kung ang isang nananampalataya sa Panginoon ay hindi naaapektuhan ng Panginoon bilang pag-ibig sa kanyang mga panloob na damdamin, hindi siya karapat-dapat na tawaging isang Kristiyano—2 Tim. 4:8; Marc. 12:30; 1 Cor. 2:9.

   **2 Tim. 4:8** Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

   **Marc. 12:30** At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pagiisip mo at mula sa buong lakas mo."

   **1 Cor. 2:9** Subalit gaya ng nasusulat, "Ang mga bagay na hindi nakikita ng mata at hindi naririnig ng tainga at yaong hindi pumapasok sa puso ng tao; mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya."

3. Ang isang Kristiyano na umaasang darating ang Panginoon o umaasang maraptyur ay dapat itong kunin bilang isang babala—2 Tim. 4:8; Tito 2:13; Apoc. 2:28; 22:20; Mat. 24:40-44; 25:8-13.

   **2 Tim. 4:8** Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Tito 2:13** Naghihintay sa pinagpalang pag-asa, maging sa pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, si Hesu-Kristo.

**Apoc. 2:28** At sa sugo ng ekklesia sa Esmirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Una at ng Huli, na namatay at muling nabuhay.

**Apoc. 22:20** Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!

**Mat. 24:40-44** Sa panahong iyon, dalawang lalaki ang nasa bukid; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan. [41]Dalawang babae ang maggigiling sa gilingan; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan. [42]Magbantay nga kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw darating ang inyong Panginoon. [43]Subalit alamin ninyo ito, na kung nalaman lamang ng panginoon ng sambahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, nagbantay sana siya at hindi sana hinayaang malooban ang kanyang bahay. [44]Dahil dito, maging handa rin kayo, sapagkat sa oras na hindi ninyo inaasahan, ang Anak ng Tao ay darating.

**Mat. 25:8-13** At sinabi ng mga mangmang sa mga may maingat na katalinuhan, Bigyan ninyo kami ng kaunti ninyong langis, sapagkat namamatay na ang aming mga ilawan. [9]Subalit sumagot ang mga may maingat na katalinuhan, na nagsasabi, Baka hindi makasapat sa amin at sa inyo; sa halip ay pumunta kayo sa mga nagtitinda, at bumili kayo ng para sa inyo. [10]At samantalang sila ay papaalis upang bumili, dumating ang kasintahang lalaki; at yaong mga nakahanda ay pumasok kasama niya sa piging ng kasalan. At isinara ang pinto. [11]At pagkatapos ay dumating din ang mga natitira pang birhen, na nagsasabi, Panginoon, panginoon, pagbuksan mo kami! [12]Subalit sumagot siya at nagsabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo kilala. [13]Magbantay nga kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw ni ang oras.

G. Pagkatapos maiwasto ang mga mago sa pamamagitan ng mga Kasulatan (2:4-6), nagtungo sila sa Bethlehem (bb. 8-9), at ang bituin ay nagpakitang muli sa kanila at pinangunahan sila sa lugar na kinaroroonan ni Kristo, "at nang makita nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking kagalakan" (b. 10):

**Mat. 2:4-6** At nang matipon ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba ng bayan, itinanong niya sa kanila kung saan isisilang ang Kristo. [5]At sinabi nila sa kanya, Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: [6]"At ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay lalabas ang isang Pinuno, Yaong magpapastol sa Aking bayang Israel."

**Mat. 2:8-9** At nang maisugo sila sa Bethlehem, sinabi niya, Humayo kayo at saliksikin ninyong mabuti ang tungkol sa bata. At kapag Siya ay natagpuan ninyo, ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako rin ay makaparoon at makasamba sa Kanya. [9]At pagkarinig sa hari, lumakad na sila, at narito, ang bituin na kanilang nakita sa pagsikat nito ay nanguna sa kanila hanggang sa ito ay sumapit at huminto sa itaas sa lugar na kinaroroonan ng bata.

**Mat. 2:10** At nang makita nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking kagalakan.

1. Nang maiwasto ang mga mago sa pamamagitan ng mga Kasulatan at napanumbalik sa tamang landas, nagpakitang muli sa kanila ang bituin; ang buháy na pangitain ay palaging kasama ng mga Kasulatan.
2. Ang mga saserdote ay ang mga nagtuturo sa mga tao ng kautusan (Mal. 2:7), at ang mga eskriba ay ang mga nakaaalam ng mga Kasulatan (Ezra 7:6); kapwa may kaalaman ang mga saserdote at mga eskriba hinggil sa kapanganakan ni Kristo (Mat. 2:5-6), ngunit hindi katulad ng mga mago mula sa silangan, hindi nila nakita ang pangitain, ni nagkaroon ng pusong hanapin si Kristo.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Mal. 2:7** Sapagkat ang mga labi ng pari ay dapat mag-ingat ng kaalaman, at dapat hanapin ng mga tao ang kautusan sa kanyang bibig, sapagkat siya ang sugo [ni Jehovah] ng mga hukbo.

**Ezra 7:6** ang Ezrang ito ay umahon mula sa Babilonia. Siya'y isang eskribang dalubhasa sa kautusan ni Moises na ibinigay [ni Jehovah ang Diyos] ng Israel. Ipinagkaloob sa kanya ng hari ang lahat niyang hiniling, sapagkat [si Jehovah] niyang Diyos ay kasama niya.

**Mat. 2:5-6** At sinabi nila sa kanya, Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: [6]"At ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay lalabas ang isang Pinuno, Yaong magpapastol sa Aking bayang Israel."

3. Gaano man tayo "naaayon sa mga kasulatan," kung maiwawala natin ang presensiya ng Panginoon, tayo ay maling-mali; ang Bagong Tipang paraan upang hanapin at sundan ang Panginoon ay ang patuloy na manatili sa Kanyang nakatagong presensiya—Juan 5:39-40; Isa. 45:15; Exo. 33:11, 14; cf. 2 Cor. 5:16.

   **Juan 5:39-40** Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga iyon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito ang siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin. [40]Ngunit ayaw ninyong lumapit sa Akin upang kayo ay magkaroon ng buhay.

   **Isa. 45:15** Katotohanang ikaw ay Diyos na nagkukubli, / O Diyos ng Israel, ang Tagapagligtas.

   **Exo. 33:11** Sa gayon nakikipag-usap [si Jehovah] kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda.

   **Exo. 33:14** Kanyang sinabi, Ako'y sasaiyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan.

   **cf. 2 Cor. 5:16** Kaya nga, mula ngayon, ay hindi namin nakikilala ang sinuman ayon sa laman; bagama't nakilala namin si Kristo ayon sa laman, ngunit ngayon ay hindi na namin Siya nakikilala nang gayon.

4. Madaling mag-ipon ng mga kaalaman sa kasulatan, subalit kung magkakaroon tayo ng buháy na paggabay, kailangan nating mamuhay sa isang matalik na pakikipag-ugnayan sa Panginoon; dapat tayong maging kaisa Niya—Mat. 2:10-14.

   **Mat. 2:10-14** At nang makita nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking kagalakan. [11]At pumasok sila sa bahay at nakita nila ang bata, kasama ni Maria na Kanyang ina. At nang magpatirapa sila, kanilang sinamba Siya; at nang mabuksan ang kanilang mga kayamanan, naghandog sila sa Kanya ng mga kaloob, ginto at kamanyang at mira. [12]At dahil sila ay dibinong natagubilinan sa panaginip na huwag bumalik kay Herodes, sila ay umalis patungo sa kanilang lupain sa pamamagitan ng ibang daan. [13]Ngayon nang makaalis na sila, narito, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Jose sa panaginip, na nagsasabi, Bumangon ka, dalhin mo ang bata at ang Kanyang ina at tumakas ka patungong Ehipto, at manatili roon hanggang sa sabihin ko sa iyo; sapagkat hahanapin ni Herodes ang bata upang patayin Siya. [14]At bumangon siya at dinala ang bata at ang Kanyang ina nang gabing iyon at umalis patungong Ehipto.

5. Nakita ng mga mago si Kristo, at sinamba nila Siya; pagkatapos ay binalaan sila ng Diyos sa isang panaginip na hindi sila dapat bumalik kay Herodes, kaya umalis sila patungo sa kanilang sariling lupain "sa pamamagitan ng ibang daan" (b. 12); sa sandaling makita natin si Kristo, hinding-hindi na natin tatahakin ang parehong daan, ang daan ng relihiyon na hiwalay kay Kristo, kundi palagi tayong tatahak ng ibang daan.

   **Mat. 2:12** At dahil sila ay dibinong natagubilinan sa panaginip na huwag bumalik kay Herodes, sila ay umalis patungo sa kanilang lupain sa pamamagitan ng ibang daan.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**III. Ang mga tapat na tagasunod ni Kristo ay mga nagliliwanag at buháy na bituin, ang mga sumusunod kay Kristo bilang nagliliwanag at buháy na bituin upang maging Kanyang duplikasyon—Dan. 12:3; cf. Gen. 22:17:**

**Dan. 12:3** Ang mga pantas ay magniningning na tulad ng kaningningan ng langit; at ang mga nagpabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanpaman.

**cf. Gen. 22:17** tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit at mga buhangin sa baybayin ng dagat; at makakamit ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway.

A. Sinusundan ng mga buháy na bituin ang makalangit, buháy, napapanahon, at kagyat na pangitain hinggil kay Kristo bilang sentralidad at unibersalidad ng ekonomiya ng Diyos—Gawa 26:16-18; Col. 1:17b, 18b.

**Gawa 26:16-18** Ngunit bumangon ka at tumayo sa iyong mga paa; sapagkat nagpakita Ako sa iyo para sa layuning ito, upang italaga ka bilang isang lingkod at isang saksi kapwa ng mga bagay kung saan nakita mo Ako at ng mga bagay kung saan magpapakita Ako sa iyo; [17]Na inililigtas ka mula sa mga tao at mula sa mga Hentil, na sa kanila kita isinusugo, [18]Upang buksan ang kanilang mga mata, upang ibaling sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag at mula sa awtoridad ni Satanas tungo sa Diyos, upang makatanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng isang mana sa gitna niyaong mga napabanal sa pamamagitan ng pananampalataya sa Akin.

**Col. 1:17b** At Siya ang nauna sa lahat ng bagay, at ang lahat ng bagay ay nahahawakang sama-sama sa loob Niya.

**Col. 1:18b** At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

B. Ang mga buháy na bituin ay ang mga nagpapala sa bayan ng Diyos; lalo nating pinupuri ang Panginoon para sa bayan ng Diyos at nagsasalita nang mabuti tungkol sa kanila sa loob ng pananampalataya, lalo nating inilalagay ang ating sarili sa ilalim ng biyaya ng Diyos—Bil. 24:9; Gen. 12:2-3; 22:17.

**Bil. 24:9** Siya'y yumuko, siya'y lumugmok na parang leon / At parang isang babaing leon; sinong gigising sa kanya? / Pagpalain nawa ang lahat na nagpapala sa iyo, / at sumpain ang lahat na sumusumpa sa iyo.

**Gen. 12:2-3** Gagawin kitang isang malaking bansa, / Ikaw ay aking pagpapalain / Gagawin kong dakila ang iyong pangalan; / At ikaw ay magiging isang pagpapala. [3]Pagpapalain ko ang magbibigay ng pagpapala sa iyo, / At susumpain ko ang mga susumpa sa iyo; / At sa pamamagitan mo ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain.

**Gen. 22:17** tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit at mga buhangin sa baybayin ng dagat; at makakamit ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway.

C. Ang mga buháy na bituin ay nagbibigay-pansin sa salita ng mga Kasulatan ng mga propeta “gaya ng isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar” nang sa gayon si Kristo bilang tala sa umaga ay sumikat sa kanilang mga puso araw kada araw; kung magbibigay tayo ng pansin sa salita sa Biblia, magkakaroon tayo ng Kanyang pagsikat sa ating mga puso upang magliwanag sa kadiliman ng apostasiya kung nasaan tayo ngayon, bago ang Kanyang aktuwal na pagpapakita bilang tala sa umaga—2 Ped. 1:19; Juan 6:63; Apoc. 2:28; 22:16; 2 Tim. 4:8:

**2 Ped. 1:19** At mayroon kaming salita ng mga a propeta na ginawang lalong matatag, na makabubuti para sa inyo kung inyong bibigyang-pansin gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa

*© 2025 Living Stream Ministry*

isang madilim na lugar, hanggang sa magbukang-liwayway at ang tala sa umaga ay sumikat sa inyong mga puso.

**Juan 6:63** Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

**Apoc. 2:28** At ibibigay Ko sa kanya ang 1atala sa umaga.

**Apoc. 22:16** Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

**2 Tim. 4:8** Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

1. Sa prinsipyo ng tala sa umaga, ang isang Kristiyano ay dapat bumangon nang maaga dahil ang madaling-araw ang pinakamainam na panahon upang katagpuin ang Panginoon (upang makipagsalamuha sa Diyos, magpuri at umawit, magbasa-dalangin ng Biblia kasama ang ministeryo, at upang manalangin sa Panginoon)—A. A. 7:12; Awit 5:1-3; 57:8-9; 59:16-17; 63:1-8; 90:14; 92:1-2; 108:2-3; 143:8; Exo. 16:21.

   **A. A. 7:12** Magtungo tayo ng maaga sa mga ubasan; / At tingnan natung kung may buko na ang puno ng ubas, / kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / at kung ang mga granada ay namumulaklak; / Doo'y ibibigay ko sa iyo ang aking pag-ibig.

   **Awit 5:1-3** Dinggin mo ang aking mga salita, O [Jehovah]; / Pakinggan mo ang aking panaghoy. [2]Pakinggan mo ang tunog ng aking daing, / Hari ko at Diyos ko; / Sapagkat sa Iyo ako'y nananalangin. [3]O [Jehovah], sa umaga / Ang tinig ko'y Iyong pinapakinggan; / Sa umaga'y naghahanda ako para sa iyo, / At ako'y magbabantay.

   **Awit 57:8-9** Gumising ka, aking kaluwalhatian; / Gumising ka, O lira at alpa! / Gigisingin ko ang bukang-liwayway [9]Ako'y magpapasalamat sa iyo, O Panginoon; / Sa gitna ng mga bayan. Ako'y aawit sa Iyo ng mga papuri sa gitna ng mga bansa.

   **Awit 59:16-17** Ngunit aking aawitin ang Iyong kalakasan; / Oo, aking aawiting malakas sa umaga ang iyong tapat na pag-ibig. / Sapagkat ikaw ay naging aking muog / At kanlungan sa araw ng aking kapighatian. [17]O aking kalakasan, aawit ako ng mga papuri sa Iyo, / Sapagkat Ikaw, O Diyos, ay muog ko, / Ang Diyos na nagpapakita sa akin ng tapat na pagsuyo.

   **Awit 63:1-8** O Diyos, ikaw ay aking Diyos; hahanapin kitang maaga. / Nauuhaw sa Iyo ang aking kaluluwa, / Ang aking laman sa iyo'y nananabik, / Gaya ng isang tuyo at lupang uhaw na walang tubig. [2]Sa gayo'y tumingin ako sa iyo sa santuwaryo, / Na minamasdan ang kapangyarihan at kaluwalhatian Mo. [3]Sapagkat ang iyong tapat na pag-ibig ay higit na mabuti kaysa buhay, / Pupurihin Ka ng aking mga labi. [4]Sa gayo'y pupurihin kita habang ako'y nabubuhay; / Itataas ko ang aking mga kamay at tatawag sa Iyong pangalan. [5]Ang kaluluwa ko'y masisiyahang gaya ng sa taba at katabaan, / At ang bibig ko'y magpupuri sa Iyo ng mga labing masaya, [6]Kapag naaalala kita sa aking higaan, / Ginugunita kita sa pagbabantay sa gabi; [7]Sapagkat naging katulong kita, at sa lilim ng mga pakpak Mo'y umaawit ako sa tuwa. [8]Ang kaluluwa ko sa Iyo'y nakatangan; / inaalalayan ako ng Iyong kanang kamay.

   **Awit 90:14** Busugin mo kami sa umaga ng Iyong tapat na pagmamahal / Upang kami ay magalak at matuwa sa lahat ng aming mga araw.

   **Awit 92:1-2** Mabuti ang magpasalamat [kay Jehovah] / Ang umawit ng mga papuri sa Iyong pangalan, O Kataas-taasan, [2]Ang magpahayag sa umaga ng Iyong tapat na pagsuyo / At sa gabi ng katapatan mo.

   **Awit 108:2-3** Kayo'y gumising, O alpa at lira! / Aking gigisingin ang madaling-araw! [3]Ako'y magpapasalamat sa Iyo, O [Jehovah] sa gitna ng mga bayan; / Ako'y aawit ng mga papuri sa Iyo sa gitna ng mga bansa.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Awit 143:8** Sa umaga'y iparinig sa akin ang Iyong tapat na pag-ibig, / Sapagkat sa iyo ako ay nananalig. / Ang daan na dapat kong lakaran sa akin ay ituro mo, / Sapagkat itinataas ko ang aking kaluluwa sa iyo.

**Exo. 16:21** Sila'y namumulot tuwing umaga, bawat tao ayon sa kanyang kailangan, ngunit kapag ang araw ay umiinit na, ito ay natutunaw.

2. Lihim na ibibigay ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang tala sa umaga sa mga umiibig sa Kanya at nagbabantay at naghihintay para sa Kanya nang sa gayon ay matikman nila ang kasariwaan ng Kanyang presensiya sa Kanyang pagbabalik pagkatapos ng matagal na pagkawala—1 Tes. 5:6; Apoc. 2:28; 3:2-3; 16:15.

**1 Tes. 5:6** Kaya huwag tayong matulog na gaya ng iba, kundi tayo ay magbantay at maging mahinahon.

**Apoc. 2:28** At ibibigay Ko sa kanya ang tala sa umaga.

**Apoc. 3:2-3** Maging mapagbantay ka at pagtibayin mo ang mga bagay na nalalabi, na malapit nang mamatay; sapagkat wala Akong nasumpungang kumpleto sa iyong mga gawa sa harap ng Aking Diyos. [3]Kaya't alalahanin mo kung paano ka nakatanggap at nakarinig, at tuparin mo ito at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magbabantay, darating Akong gaya ng isang magnanakaw, at hinding-hindi mo malalaman kung anong oras Ako darating sa iyo.

**Apoc. 16:15** (Narito, dumarating Akong gaya ng isang magnanakaw. Pinagpala siyang nagbabantay at nag-iingat ng kanyang mga damit upang hindi siya lumakad nang hubad at makita nila ang kanyang kahihiyan.)

D. Nagtatamasa at puspos ng pitong ulit na pinatinding Espiritu ang mga buháy na bituin upang gawin silang buháy na buháy at lubhang nagliliwanag para sa pagtatayo ng Diyos—3:1; 4:5; 5:6.

**Apoc. 3:1** At sa sugo ng ekklesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may pitong Espiritu ng Diyos at may pitong bituin: Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay buháy, ngunit ikaw ay patay.

**Apoc. 4:5** At mula sa trono ay lumalabas ang mga a kidlat at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono, na siyang pitong Espiritu ng Diyos.

**Apoc. 5:6** At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa g buong lupa.

E. Ang mga buháy na bituin ay ang mga sugo ng mga ekklesia, ang mga nagtatamasa at nakararanas sa malahanging Kristo bilang Sugo ng Diyos at bilang sariwang mensahe mula sa Diyos nang sa gayon ay maipamahagi nila ang sariwa at kasalukuyang Kristo tungo sa bayan ng Diyos para sa patotoo ni Hesus—1:16, 20; 2:1; Mal. 3:1-3.

**Apoc. 1:16** At sa Kanyang kanang kamay ay may a pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay nagliwanag gaya ng araw na matinding sumisikat.

**Apoc. 1:20** Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

**Apoc. 2:1** Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

**Mal. 3:1-3** Narito, sinusugo Ko ang Aking sugo upang ihanda ang daan sa unahan Ko; at ang Panginoon na inyong hinahanap ay biglang darating sa Kanyang templo! Ang Sugo ng tipan na inyong kinalulugdan ay narito, dumarating," sabi [ni Jehovah] ng mga hukbo. [2]Ngunit sino ang

*© 2025 Living Stream Ministry*

makakatagal sa araw ng Kanyang pagdating, at sino ang makakatayo kapag Siya'y nagpakita? Sapagkat Siya'y tulad sa apoy ng tagapagdalisay at tulad sa sabon ng mga tagapagpaputi. [3]Siya'y uupong gaya ng nagpapakintab at nagpapadalisay ng pilak, at Kanyang dadalisayin ang mga anak ni Levi, at Kanyang lilinising tulad sa ginto at pilak hanggang sila'y maghandog ng matutuwid na handog sa Panginoon.

F. Ang mga buháy na bituin ay may "mga dakilang pasya sa puso" at "lubusang pagsasaliksik ng puso"; sila ay mga mangingibig ng Diyos na katulad ng "mga bituin…mula sa kanilang paglakad" upang makipaglaban kasama ng Diyos laban sa Kanyang kaaway nang sa gayon sila ay maging "tulad ng araw sa pagsikat niya sa kanyang kalakasan" at maging yaong mga "magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama"—Huk. 5:15-16, 20, 31; Dan. 11:32; Mat. 13:43.

**Huk. 5:15-16 A**ng mga pinuno sa Isacar ay dumating na kasama ni Debora; / At ang Isacar ay tapat kay Barak; / Sa libis ay dumaluhong sila sa kanyang mga sakong. / Sa gitna ng mga angkan ni Ruben / Nagkaroon ng lubusang pagsasaliksik ng puso. [16]Bakit ka nanatili sa gitna ng mga kulungan ng tupa / Upang makinig ba ng mga pagtawag sa mga kawan? / Sa gitna ng mga angkan ng Ruben / nagkaroon ng lubusang pagsasaliksik ng puso.

**Huk. 5:20** Mula sa langit ang mga bituin ay nakipaglaban; / Mula sa kanilang paglakad sila'y nakipaglaban kay Sisera.

**Huk. 5:31** Gayon nalipol ang lahat ng iyong mga kaaway, O [Jehovah]. / Ngunit ang Iyong mga kaibigan ay maging tulad ng araw / Sa pagsikat niya sa kanyang kalakasan. At ang lupain ay nagpahinga ng apatnapung taon.

**Dan. 11:32** Kanyang aakitin na may labis na papuri ang mga sumuway sa tipan, ngunit ang bayan na nakakakilala ng kanilang Diyos ay magiging matibay at kikilos**.**

**Mat. 13:43** Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pandinig ay makinig.

G. Ang mga buháy na bituin ay ang mga natatakot kay Jehovah at sumusunod sa tinig ng Kanyang lingkod, nagtitiwala kay Jehovah upang magkaroon sila ng liwanag habang lumalakad sa kadiliman—Isa. 50:10-11; Awit 139:7-12, 23-24:

**Isa. 50:10-11** Sino sa inyo ang natatakot [kay Jehovah]; / Na sumusunod sa tinig ng Kanyang lingkod; / Na lumalakad sa kadiliman /At walang liwanag? / Magtiwala siya sa pangalan[ni Jehovah], / At umasa sa kanyang Diyos. [11]Narito, kayong lahat na nagpapaningas ng apoy, / Na nagsisindi ng mga suló, / Lumakad kayo sa liyabng inyong apoy / At sa gitna ng mga suló na inyong sinindihan. / Ito ang makakamit ninyo sa Aking kamay: /kayo'y hihiga sa pagpapahirap.

**Awit 139:7-12** Saan ako pupunta mula sa Iyong Espiritu, / O saan ako tatakas mula sa harapan Mo? [8]Kung ako'y umakyat sa langit, Ikaw ay naroon; / Kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, Ikaw ay naroon! [9]Kung aking kunin ang mga pakpak ng umaga / At sa mga pinakadulong bahagi ng dagat ako'y tumira, [10]Doon ma'y papatnubayan ako ng Iyong kamay, / At hahawakan ako ng Iyong kanang kamay. [11]Kung aking sabihin, Takpan nawa ako ng dilim, / At maging gabi ang liwanag na nakapalibot sa akin; [12]kahit ang kadiliman ay hindi madilim sa Iyo, / At ang gabi ay kasinliwanag ng araw; ang kadiliman at kaliwanagan ay magkatulad sa Iyo.

**Awit 139:23-24** Siyasatin Mo ako, O Diyos, at alamin Mo ang aking puso; / Subukin Mo ako, at alamin Mo ang mga pag-iisip ko; [24]At tingnan mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin, / at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan.

1. Ang mga gumagawa ng liwanag para sa kanilang sarili at lumalakad sa kanilang sariling gawang liwanag sa halip na sa liwanag ng Diyos ay magdurusa ng pagpapahirap—Isa. 50:11.

   **Isa. 50:11** Narito, kayong lahat na nagpapaningas ng apoy, / Na nagsisindi ng mga suló, / Lumakad kayo sa liyabng inyong apoy / At sa gitna ng mga suló na inyong sinindihan. / Ito ang makakamit ninyo sa Aking kamay: /kayo'y hihiga sa pagpapahirap.

© 2025 Living Stream Ministry

2. Dapat maging babala ito sa atin nang sa gayon ay lumakad tayo sa liwanag na ibinigay ng Diyos, hindi sa liwanag na ginawa natin para sa ating sarili; "Halikayo at tayo'y lumakad sa liwanag [ni Jehovah]"—2:5.

   **Isa. 2:5** O sambahayan ni Jacob, halikayo at tayo'y lumakad sa liwanag [ni Jehovah].

H. Ang mga buháy na bituin ay sumasagisag sa mga bituin na itinatag noong ikaapat na araw ng pagpapanumbalik ng Diyos kasama ng Kanyang karagdagang paglikha, kung saan namumuno ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang pagliliwanag; kung saan may pagliliwanag, naroroon ang pamumuno para sa paglago ng buhay—Gen. 1:14-19:

**Gen. 1:14-19** Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang ihiwalay ang araw sa gabi; at ang mga ito ay maging palatandaan para sa mga panahon, sa mga araw, at sa mga taon, [15]at ang mga ito ay maging tanglaw sa kalawakan ng langit upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa." At ito ay nangyari. [16]Nilikha ng Diyos ang dalawang malalaking tanglaw; ang malaking tanglaw ay upang maghari sa araw at ang maliit na tanglaw ay upang maghari sa gabi. Nilikha rin niya ang mga bituin. [17]Ang mga ito ang inilagay ng Diyos sa kalawakan ng langit upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa, [18]upang mamahala sa araw at sa gabi, at upang ihiwalay ang liwanag sa kadiliman. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti. [19]Lumipas ang gabi at sumapit ang umaga nang ikaapat na araw.

1. Ang pagsinag ng Panginoong Hesus sa Bundok ng Pagbabagong-anyo ay ang pagdating ng kaharian sa kapangyarihan; ang pagsinag na ito sa katunayan ay ang namumunong presensiya ng Tres-unong Diyos—Mat. 17:1-8; Marc. 9:1-8.

   **Mat. 17:1-8** At pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Hesus si Pedro at si Santiago at si Juan na kanyang kapatid, at dinala silang bukod sa isang mataas na bundok. [2]At Siya ay nagbagong-anyo sa harap nila, at nagliwanag ang Kanyang mukha tulad ng araw, at pumuting tulad ng liwanag ang Kanyang mga damit. [3]At narito, nagpakita sa kanila sina Moises at Elias, na nakikipag-usap sa Kanya. [4]At sumagot si Pedro at sinabi kay Hesus, Panginoon, mabuti na tayo ay narito; kung ibig Mo, gagawa ako rito ng tatlong tolda, isa para sa Iyo at isa para kay Moises at isa para kay Elias. [5]Habang nagsasalita pa siya, narito, isang maningning na ulap ang lumilim sa kanila, at narito, isang tinig mula sa ulap, na nagsasabi, Ito ang Aking Anak, ang Minamahal, sa Kanya Ko nasumpungan ang Aking kaluguran. Pakinggan ninyo Siya! [6]At nang marinig ito ng mga disipulo, sumubsob sila at lubhang natakot [7]At lumapit si Hesus sa kanila at hinawakan sila at nagsabi, Bumangon kayo, at huwag kayong matakot. [8]At pagtingala nila, wala silang nakita kundi si Hesus lamang.

   **Marc. 9:1-8** At sinabi Niya sa kanila, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, May ilan sa mga nakatayo rito na hinding-hindi makatitikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan. [2]At pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Hesus sina Pedro at Santiago at Juan, at dinala silang bukod sa isang mataas na bundok. At nabagong-anyo Siya sa harap nila, [3]At nagningning ang Kanyang mga damit, napakaputi, na walang sinuman sa lupa ang makapagpapaputi sa mga iyon nang gayon. [4]At nagpakita sa kanila si Elias na kasama si Moises, at nakikipag-usap sila kay Hesus. [5]At sumagot si Pedro at sinabi kay Hesus, Rabbi, mabuti na tayo ay narito; at hayaan Mo kaming gumawa ng tatlong tolda, isa para sa Iyo at isa para kay Moises at isa para kay Elias. [6]Sapagkat hindi niya alam kung ano ang isasagot, sapagkat lubha silang natakot. [7]At dumating ang isang ulap na nililiiliman sila, at isang tinig ang nanggaling sa ulap: Ito ang Aking Anak, ang Minamahal. Pakinggan ninyo Siya. [8]At pagdaka, nang tumingin sila sa paligid, wala na silang nakitang sinumang kasama nila kundi si Hesus lamang.

© 2025 Living Stream Ministry

2. Ang kaharian ng Diyos bilang pamumuno ng Diyos, paghahari ng Diyos, kasama ang lahat ng pagpapala at katamasahan nito ay ang pagliliwanag ng Panginoong Hesus at ang pagpapalaganap ng Panginoong Hesus sa pamamagitan ng pagliliwanag sa atin.
3. Ang kaharian ay ang pagliliwanag ng realidad ng Panginoong Hesus; sa tuwing Siya ay nagliliwanag sa atin at tayo ay nasa ilalim ng pagliliwanag na iyon, tayo ay nasa kaharian sa ilalim ng pamumuno at paghahari ng Diyos sa loob natin para sa ating paglago ng buhay.

I. Sa negatibong panig, may ilan na “mga bituing gala”—Jud. 12-13:

**Jud. 12-13** Ito ang mga natatagong batuhan sa inyong mga piging ng pag-ibig, na nagpipiging kasama ninyo nang walang takot, na nagpapastol ng kanilang sarili; mga ulap na walang tubig na tinatangay ng mga hangin; mga puno sa taglagas na walang bunga, namatay nang dalawang ulit, binunot pati ugat; [13]Nagngangalit na mga alon sa dagat, na pinabubula ang kanilang sariling mga kahihiyan; mga bituing gala, na pinaglalaanan ng karimlan ng kadiliman hanggang sa kawalang-hanggan.

1. Ang metapora hinggil sa mga bituing gala ay nagpapakita na ang mga tagapagturong may pabago-bagong pagtuturo, ang mga apostata, ay hindi matibay na nakatatag sa mga di-nagbabagong katotohanan ng makalangit na pahayag kundi pagala-gala sa gitna ng parang bituin na bayan ng Diyos.
2. Ang mga may pabago-bagong pagtuturo na apostata ay mga bituing gala ngayon, ngunit kalaunan sila ay ikukulong sa karimlan ng kadiliman, na itinaan para sa kanila magpasawalang-hanggan.
3. Sinumang hindi nagtuturo na ang mga ekklesia-lokal ay hindi ang gol ng ekonomiya ng Diyos kundi ang pamamaraan upang maabot ang gol ng realidad ng Katawan ni Kristo ay hindi tumutugma sa pangangailangan ng ministeryo ng Diyos sa kasalukuyang kapanahunan; sinumang naglalayo sa atin sa paghahalo ng mga ekklesia para sa realidad ng Katawan ni Kristo ay isang bituing gala; ang mga totoong bituin ay ang mga nagbabaling sa marami tungo sa katuwiran, ang mga hindi nagliligaw ng mga tao kundi nagbabaling sa kanila sa tamang daan.
4. Ngayon, ang buháy na Bituin at ang mga buháy na bituin ay hindi malayo sa atin—sila ay nasa loob at kasama ng mga ekklesia-lokal bilang mga praktikal na kahayagan ng Katawan ni Kristo (Apoc. 1:11, 20); sa gitna ng lahat ng ekklesia-lokal, may ilang buháy na bituin; kailangan lamang natin silang kaugnayin at manatiling kasama nila; pangungunahan nila tayo patungo sa lugar kung nasaan si Hesus.

   **Apoc. 1:11** Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea.

   **Apoc. 1:20** Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

J. Maging maawain nawa sa atin ang Panginoon upang palagi tayong mapanatili sa tamang daan upang makatagpo ang Panginoon, upang sambahin Siya, at upang ihandog ang ating pag-ibig sa Kanya; gawin nawa tayong lahat ng Panginoon na tulad ng mga mago, na sumusunod sa buháy na bituin upang makasumpong at makagawa ng mga bagong pagtuklas kay Kristo upang maging Kanyang duplikasyon bilang mga buháy na bituin—cf. Efe. 5:8-9; Jer. 15:16a.

**cf. Efe. 5:8-9** Sapagkat kayo noon ay kadiliman subalit ngayon ay liwanag sa loob ng Panginoon; lumakad kayo bilang mga anak ng liwanag [9](Sapagkat ang bunga ng liwanag ay nasa lahat ng kabutihan at katuwiran at katotohanan).

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Jer. 15:16a** Ang iyong mga salita ay natagpuan at aking kinain, / At sa ganang akin ang Iyong mga salita / Ay katuwaan at kagalakan ng aking puso, / Sapagkat ako'y tinatawag sa Iyong pangalan, / O Jehovah, Diyos ng mga hukbo.

*© 2025 Living Stream Ministry*

Mensahe Dalawa

## Si Kristo bilang Manggagamot at Kasintahang Lalaki

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 9:10-13, 15; Apoc. 19:7-9

**Mat. 9:10-13** At habang nakahilig Siya sa hapag sa loob ng bahay, narito, dumating ang maraming maniningil ng buwis at mga makasalanan at dumulang na kasama ni Hesus at ng Kanyang mga disipulo. [11]At nang makita ito ng mga Fariseo, sinabi nila sa Kanyang mga disipulo, Bakit kumakain ang inyong Guro na kasama ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan? [12]Ngayon nang marinig Niya ito, sinabi Niya, Ang malalakas ay hindi nangangailangan ng manggagamot, Kundi ang mga maysakit. [13]Ngunit humayo kayo at pag-aralan kung ano ang kahulugan nito, "Awa ang ibig Ko at hindi hain," sapagkat hindi Ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan.

**Mat. 9:15** At sinabi sa kanila ni Hesus, Maaari bang magdalamhati ang mga abay sa kasalan habang kasama nila ang kasintahang lalaki? Subalit darating ang mga araw na ang kasintahang lalaki ay kukunin sa kanila, at saka sila mag-aayuno.

**Apoc. 19:7-9** Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**I. Inihahayag ng Ebanghelyo ni Mateo na si Kristo ay laban sa relihiyon at ang mga bagay hinggil kay Kristo ay labas sa relihiyon:**

A. Ang kapanganakan ni Kristo, ang pagkakatagpo kay Kristo, ang pagrerekomenda kay Kristo, at ang pagsunod kay Kristo ay pawang labas sa relihiyon—1:18-23; 2:1-12; 3:1-12; 4:12-22.

**Mat. 1:18-23** Ngayon, ang pinagmulan ni Hesu-Kristo ay sa ganitong paraan: Ang Kanyang ina, si Maria, matapos maipagkasundong ipakasal kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang nagdadalang-tao mula sa Espiritu Santo. [19]At si Jose na kanyang asawa, palibhasa'y matuwid at ayaw siyang ipahiya nang hayagan, ay nagbalak na paalisin siya nang palihim. [20]Subalit samantalang iniisip niya ang mga bagay na ito, narito, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa kanya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa, sapagkat yaong ipinaglilihi sa loob niya ay mula sa Espiritu Santo. [21]At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan. [22]Ngayon ang lahat ng ito ay nangyari upang ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta ay matupad, na nagsasabi, [23]"Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

**Mat. 2:1-12** Ngayon, pagkatapos maisilang si Hesus sa Bethlehem ng Judea sa mga araw ng haring si Herodes, narito, may mga mago mula sa silangan na dumating sa Herusalem, [2]Na nagsasabi, Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat nakita namin ang Kanyang bituin sa pagsikat nito at naparito kami upang sambahin Siya. [3]At nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang buong Herusalem

kasama niya. [4]At nang matipon ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba ng bayan,
itinanong niya sa kanila kung saan isisilang ang Kristo. [5]At sinabi nila sa kanya, Sa
Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat sa pamamagitan ng propeta: [6]"At
ikaw, Bethlehem, lupain ng Judah, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa gitna
ng mga prinsipe ng Judah; sapagkat mula sa iyo ay lalabas ang isang Pinuno, Yaong
magpapastol sa Aking bayang Israel." [7]Pagkatapos ay palihim na tinawag ni Herodes
ang mga mago, maingat na inalam sa kanila ang panahon ng paglitaw ng bituin. [8]At nang
maisugo sila sa Bethlehem, sinabi niya, Humayo kayo at saliksikin ninyong mabuti ang
tungkol sa bata. At kapag Siya ay natagpuan ninyo, ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang
ako rin ay makaparoon at makasamba sa Kanya. [9]At pagkarinig sa hari, lumakad na sila,
at narito, ang bituin na kanilang nakita sa pagsikat nito ay nanguna sa kanila hanggang
sa ito ay sumapit at huminto sa itaas sa lugar na kinaroroonan ng bata. [10]At nang makita
nila ang bituin, sila ay lubhang nagalak na may malaking kagalakan. [11]At pumasok sila
sa bahay at nakita nila ang bata, kasama ni Maria na Kanyang ina. At nang magpatirapa
sila, kanilang sinamba Siya; at nang mabuksan ang kanilang mga kayamanan,
naghandog sila sa Kanya ng mga kaloob, ginto at kamanyang at mira. [12]At dahil sila ay
dibinong natagubilinan sa panaginip na huwag bumalik kay Herodes, sila ay umalis
patungo sa kanilang lupain sa pamamagitan ng ibang daan.
**Mat. 3:1-12** Ngayon sa mga araw na iyon ay nagpakita si Juan Bautista, na nangangaral
sa bilang ng Judea [2]At nagsasabi, Magsisi kayo, sapagkat ang kaharian ng kalangitan ay
malapit na. [3]Sapagkat siya itong tinutukoy sa pamamagitan ni Isaias na propeta, na
nagsasabi, "Isang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng
Panginoon; tuwirin ninyo ang Kanyang mga landas." [4]Ngayon, itong si Juan ay
nakadamit ng balahibo ng kamelyo at may pamigkis na katad sa palibot ng kanyang
balakang, at ang kanyang pagkain ay mga balang at pulotpukyutang ligaw. [5]Nang
panahong iyon ay nagtungo sa kanya ang Herusalem at ang buong Judea at ang buong
rehiyon sa paligid ng Jordan, [6]At sila ay binautismuhan niya sa Ilog Jordan, na
nagpapahayag ng kanilang mga kasalanan. [7]Subalit nang makita niyang marami sa mga
Fariseo at mga Saduceo ang pumaparoon sa kanyang pagbabautismo, sinabi niya sa
kanila, Mga supling ng mga ulupong, sino ang nag-udyok sa inyo na tumakas sa darating
na kapootan? [8]Mamunga nga kayo ng bungang karapat-dapat sa inyong pagsisisi. [9]At
huwag kayong magmarapat na sabihin sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama;
sapagkat sinasabi ko sa inyo na kayang magbangon ng Diyos mula sa mga batong ito ng
mga anak kay Abraham. [10]At ang palakol ay nakalagay na sa ugat ng mga puno. Kaya
ang bawat puno na hindi namumunga ng mabuting bunga ay pinuputol at inihahagis sa
apoy. [11]Binabautismuhan ko kayo sa tubig sa ikapagsisisi, subalit Siyang dumarating na
kasunod ko ay mas malakas kaysa sa akin, na sa Kanyang mga sandalyas ay hindi ako
karapat-dapat magdala. Siya Mismo ang magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at
apoy, [12]Na ang Kanyang palang pantahip ay nasa Kanyang kamay. At lilinisin Niyang
mabuti ang Kanyang giikan at titipunin ang Kanyang trigo sa kamalig, subalit susunugin
Niya ang ipa sa apoy na hindi mapapatay.
**Mat. 4:12-22** Ngayon nang marinig Niya na si Juan ay dinakip, umalis Siya patungong
Galilea. [13]At pagkalisan sa Nazareth, Siya ay pumunta at nanirahan sa Capernaum, na
nasa tabi ng dagat sa mga hangganan ng Zebulun at Neftali, [14]Upang matupad ang
sinalita sa pamamagitan ni Isaias na propeta, na nagsasabi, [15]"Lupain ng Zebulun at
lupain ng Neftali, daang patungo sa dagat, sa kabilang ibayo ng Jordan, Galilea ng mga
Hentil: [16]Ang bayang nakaupo sa kadiliman ay nakakita ng dakilang liwanag; at sa mga
nakaupo sa rehiyon at anino ng kamatayan, sa kanila ay sumikat ang liwanag." [17]Mula

*© 2025 Living Stream Ministry*

noon ay nagsimulang mangaral si Hesus at magsabi, Magsisi kayo, sapagkat ang kaharian ng kalangitan ay malapit na. [18]At habang naglalakad Siya sa tabi ng Dagat ng Galilea, nakita Niya ang dalawang magkapatid, si Simon na tinatawag na Pedro, at si Andres na kanyang kapatid, na naghahagis ng lambat sa dagat, sapagkat sila ay mga mangingisda. [19]At Kanyang sinabi sa kanila, Sumunod kayo sa Akin, at gagawin Ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao. [20]At kaagad pagkaiwan sa mga lambat, sumunod sila sa Kanya. [21]At paglakad mula roon, nakita Niya ang dalawa pang magkapatid, si Santiago na anak ni Zebedeo at si Juan na kanyang kapatid, na nasa bangka kasama si Zebedeo na kanilang ama, na naghahayuma ng kanilang mga lambat; at Kanyang tinawag sila. [22]At kaagad pagkaiwan sa bangka at sa kanilang ama, sumunod sila sa Kanya.

B. Anumang kaisipan na gumawa ng mga bagay nang mahimala sa relihiyon ay isang tukso ng diyablo—bb. 5-7.

**Mat. 4:5-7** Pagkatapos ay dinala Siya ng diyablo sa banal na lunsod at inilagay Siya sa pakpak ng templo, [6]At sinabi sa Kanya, Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog Ka; sapagkat nasusulat, "Sa Kanyang mga anghel ay mag-uutos Siya hinggil sa Iyo, at sa kanilang mga kamay ay kanilang bubuhatin Ka, baka maibunggo Mo ang Iyong paa sa bato." [7]Sinabi sa kanya ni Hesus, Muli ay nasusulat, "Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos."

C. Bilang Manggagamot at Kasintahang lalaki, si Kristo ay laban sa relihiyon—9:12, 15.

**Mat. 9:12** Ngayon nang marinig Niya ito, sinabi Niya, Ang malalakas ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit.

**Mat. 9:15** At sinabi sa kanila ni Hesus, Maaari bang magdalamhati ang mga abay sa kasalan habang kasama nila ang kasintahang lalaki? Subalit darating ang mga araw na ang kasintahang lalaki ay kukunin sa kanila, at saka sila mag-aayuno.

D. Hindi nagpapahalaga ang Panginoong Hesus sa makarelihiyong tradisyon; nagpapahalaga Siya sa panloob na realidad—15:1-20.

**Mat. 15:1-20** Pagkatapos ay lumapit kay Hesus ang ilang Fariseo at mga eskriba mula sa Herusalem, na nagsasabi, [2]Bakit nilalabag ng Iyong mga disipulo ang tradisyon ng matatanda? Sapagkat hindi sila naghuhugas ng kanilang mga kamay kapag kumakain sila ng tinapay. [3]At sumagot Siya at sinabi sa kanila, Bakit din ninyo nilalabag ang utos ng Diyos dahil sa inyong tradisyon? [4]Sapagkat sinabi ng Diyos, "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina," at, "Ang nagsasalita ng masama sa ama o ina ay papatayin." [5]Subalit sinasabi ninyo, Sinumang magsabi sa kanyang ama o kanyang ina, Anumang pakikinabangan mo sa akin ay isang kaloob na ngayon sa Diyos, [6]Ay hinding-hindi gumagalang sa kanyang ama o kanyang ina; at inaalisan ninyo ng awtoridad ang salita ng Diyos dahil sa inyong tradisyon. [7]Mga mapagkunwari! Tama ang ipinropesiya ni Isaias tungkol sa inyo, na nagsasabi, [8]"Iginagalang Ako ng bayang ito ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang puso ay malayo sa Akin; [9]Subalit walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, dahil itinuturo nila bilang mga pagtuturo ang mga utos ng mga tao." [10]At tinawag Niya ang kalipunan at sinabi sa kanila, Pakinggan ninyo at unawain: [11]Hindi ang pumapasok sa bibig ang nakadurungis sa tao; kundi ang lumalabas sa bibig, ito ang nakadurungis sa tao. [12]Pagkatapos ay lumapit ang mga disipulo at sinabi sa Kanya, Alam Mo bang natisod ang mga Fariseo nang marinig nila ang salitang ito? [13]At sumagot Siya at nagsabi, Ang bawat halamang hindi itinanim ng Aking makalangit na Ama ay bubunutin. [14]Hayaan ninyo sila. Sila ay mga bulag na tagaakay ng mga bulag; at kung isang taong bulag ang umaakay sa isang taong bulag, kapwa sila mahuhulog sa

© 2025 Living Stream Ministry

hukay. [15]At sumagot si Pedro at sinabi sa Kanya, Ipaliwanag Mo sa amin ang talinghagang ito. [16]At sinabi Niya, Kayo rin ba ay wala pa ring pang-unawa? [17]Hindi ba ninyo nauunawaan na ang bawat pumapasok sa bibig ay dumaraan sa tiyan at inilalabas sa daanan ng dumi? [18]Subalit ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay nanggagaling sa puso, at ang mga iyon ang a nakadurungis sa tao. [19]Sapagkat mula sa puso ay lumalabas ang masasamang pag-iisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, mga pakikiapid, mga pagnanakaw, mga bulaang pagsaksi, mga paglapastangan. [20]Ito ang mga bagay na nakadurungis sa tao, subalit ang kumain nang hindi nahugasan ang mga kamay ay hindi nakadurungis sa tao.

**II. Ipinahihiwatig ng Mateo 9:10-13 na maaari nating maranasan at matamasa si Kristo bilang Manggagamot:**

**Mat. 9:10-13** At habang nakahilig Siya sa hapag sa loob ng bahay, narito, dumating ang maraming maniningil ng buwis at mga makasalanan at dumulang na kasama ni Hesus at ng Kanyang mga disipulo. [11]At nang makita ito ng mga Fariseo, sinabi nila sa Kanyang mga disipulo, Bakit kumakain ang inyong Guro na kasama ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan? [12]Ngayon nang marinig Niya ito, sinabi Niya, Ang malalakas ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit. [13]Ngunit humayo kayo at pag-aralan kung ano ang kahulugan nito, "Awa ang ibig Ko at hindi hain," sapagkat hindi Ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan.

A. Sa pagtawag sa mga tao na sumunod sa Kanya para sa kaharian, nagministeryo ang Panginoong Hesus bilang isang Manggagamot, hindi isang Hukom.

B. Ang paghahatol ng isang hukom ay ayon sa katuwiran, samantalang ang pagpapagaling ng isang manggagamot ay ayon sa awa at biyaya.

C. Dumating si Kristo upang magministeryo bilang isang Manggagamot, upang magpagaling, magpanumbalik, magbigay-buhay, at magligtas sa atin, nang sa gayon tayo ay muling mabuoan upang maging Kanyang bago at makalangit na mga mamamayan, na kasama Niya sa pagtatatag ng Kanyang makalangit na kaharian sa napasamang mundong ito.

D. "Ngunit humayo kayo at pag-aralan kung ano ang kahulugan nito, 'Awa ang ibig Ko at hindi hain'"—b. 13:

**Mat. 9:13** Ngunit humayo kayo at pag-aralan kung ano ang kahulugan nito, "Awa ang ibig Ko at hindi hain," sapagkat hindi Ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan.

1. Pinagagaling ng Panginoong Hesus ang ating espiritwal na karamdaman, ang karamdaman ng kasalanan.
2. Sa pagitan ng kasalanan at kamatayan ay naroroon ang lahat ng uri ng karamdaman, sakit, at kahinaan.
3. Pinatatawad ng Panginoong Hesus ang ating mga kasalanan at pinagagaling din tayo sa lahat ng paraan.
4. Bilang mga makasalanan, tayo ay lubos na may sakit, sapagkat tayo ay may sakit sa pisikal, espiritwal, moral, at mental, subalit si Hesus, ang Nagpapatawad at ang Manggagamot, ay may kakayahang magpagaling ng lahat ng ating sakit.
5. Bilang ating Manggagamot, pangunahin tayong pinagagaling ng Panginoon sa ating espiritu at sa ating kaluluwa, hindi pangunahin sa ating katawan.
6. Bagama't maaari o maaaring hindi tayo pagalingin ng Panginoon sa ating katawan, palagi Siyang handa na pagalingin tayo sa bawat bahagi ng ating espiritu at kaluluwa.

*© 2025 Living Stream Ministry*

7. Ang pagpapagaling ng Panginoon bilang ating Manggagamot ay hindi pangunahing sa pisikal kundi sa espiritwal; Siya ang Isa na nagpapagaling sa ating mga espiritwal na sakit.

E. Ang karanasan ni Pablo sa bandang huli ng kanyang ministeryo ay tumutulong sa atin na magkaroon ng wastong pagpapahalaga kay Kristo bilang Manggagamot ng mga mananampalataya:

1. Sa 2 Timoteo 4:20b ay sinasabi ni Pablo, "si Trofimo ay iniwan ko sa Mileto na may sakit."

   **2 Tim. 4:20b** Si Erasto ay nanatili sa Corinto, at si Trofimo ay iniwan ko sa Mileto na may sakit.

2. Iniwan ni apostol Pablo ang taong malápit sa kanya na may sakit nang hindi gumagamit ng nagpapagaling na panalangin para sa kanya.
3. Hindi rin ginamit ni Pablo ang kanyang kaloob na pagpapagaling (Gawa 19:11-12) upang pagalingin si Timoteo sa kanyang sakit sa sikmura; sa halip, tinagubilinan siya ni Pablo na gawin ang natural na paraan ng pagpapagaling (1 Tim. 5:23).

   **Gawa 19:11-12** At gumawa ang Diyos ng mga di-pangkaraniwang gawa ng kapangyarihan sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo, [12]Anupa't mula sa kanyang katawan ay dinadala sa mga maysakit maging ang mga panyo o mga tapis, at nawawala ang kanilang karamdaman, at lumalabas ang masasamang espiritu.

   **1 Tim. 5:23** Huwag kang uminom ng tubig lamang, kundi gumamit ka ng kaunting alak para sa iyong sikmura at sa iyong madalas na pagkakasakit.

4. Hinikayat ni Pablo si Timoteo na uminom ng kaunting alak, at iniwan niya si Trofimo sa Mileto.
5. Nagmalasakit si Pablo sa kanyang mga kamanggagawa sa isang taong-tao na paraan.
6. Ang dahilan kung bakit nagmalasakit si Pablo sa kanila sa ganitong paraan ay dahil, sa panahon ng pagdurusa, si Pablo at ang kanyang mga kamanggagawa ay nasa ilalim ng pagdisiplina ng panloob na buhay sa halip na sa ilalim ng kapangyarihan ng panlabas na kaloob.
7. Ang nauna ay mula sa biyaya sa loob ng buhay; ang huli ay mula sa kaloob sa kapangyarihan—mahimalang kapangyarihan.
8. Dapat makatulong sa atin ang karanasan ni Pablo na makita na, sa malaking bahagi, ang pagpapagaling ni Kristo ngayon ay para sa espiritu at kaluluwa.
9. Kung makikita natin ang pangitaing ito, magtitiwala tayo kay Kristo at mararanasan Siya bilang ating Manggagamot.

F. Bilang ating Manggagamot, si Kristo ay may nagpapagaling na awtoridad:

1. Ang Kanyang pagpapagaling ay hindi lamang isang bagay ng kapangyarihan kundi *isang bagay* rin ng awtoridad.
2. Hindi na Niya tayo kailangang hipuin nang direkta upang pagalingin tayo.
3. Kailangan lamang Niyang magsabi ng isang salita at darating ang Kanyang awtoridad kasama ang Kanyang salita upang pagalingin tayo—Mat. 8:8.

   **Mat. 8:8** Subalit sumagot ang senturyon at nagsabi, Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa Iyo sa ilalim ng aking bubong; ngunit magsabi Ka lamang ng isang salita, at gagaling ang aking lingkod.

4. Pinagagaling tayo ng ating Manggagamot gamit ang Kanyang awtoridad.

**III. Sa Mateo at Apocalipsis, si Kristo ay inihahayag bilang Kasintahang lalaki—Mat. 9:15; Apoc. 19:7-9:**

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Mat. 9:15** At sinabi sa kanila ni Hesus, Maaari bang magdalamhati ang mga abay sa kasalan habang kasama nila ang kasintahang lalaki? Subalit darating ang mga araw na ang kasintahang lalaki ay kukunin sa kanila, at saka sila magaayuno.

**Apoc. 19:7-9** Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

A. Ang Mateo 25:1 ay isang karagdagang salita hinggil sa Panginoong Hesus bilang Kasintahang lalaki:

   **Mateo 25:1** Sa panahong iyon ay maihahalintulad ang kaharian ng kalangitan sa sampung birhen, na nagdala ng kanilang mga ilawan at lumabas upang salubungin ang kasintahang lalaki.

   1. Inihahayag sa bersikulong ito na babalik ang Panginoon bilang Kasintahang lalaki, bilang pinakakaaya-aya at pinakakaakit-akit na persona.
   2. Inihahayag ng Biblia na si Kristo ay ang Diyos na naisakatawan upang magkaroon ng kasintahang babae.
   3. Samakatwid, ang katayuan ni Kristo ay yaong Kasintahang lalaki.
   4. Bilang Kasintahang lalaki, Siya ang kaaya-ayang persona para sa ating katamasahan.
   5. Dapat nating pahalagahan si Kristo hindi lamang bilang ating Manggagamot para sa pagpapanumbalik ng buhay kundi pati na rin bilang ating Kasintahang lalaki para sa isang buháy na pagtatamasa sa Kanyang presensiya.

B. Inihahayag sa Apocalipsis 19:7-9 si Kristo bilang Kasintahang lalaki:

   **Apocalipsis 19:7-9** Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

   1. Inihahayag ng mga bersikulong ito na ang Panginoong Hesus ay ang Kordero bilang Kasintahang lalaki.
   2. Ipinakikita si Kristo kapwa bilang Kordero at bilang Kasintahang lalaki.
   3. Sa Ebanghelyo ni Juan, inihayag si Kristo kapwa bilang Kordero na dumating upang alisin ang kasalanan at bilang Kasintahang lalaki na dumating upang magkaroon Siya ng kasintahang babae.
   4. Ang kordero ay para sa pagtutubos, at ang Kasintahang lalaki ay para sa kasalan.
   5. Ang pagtutubos ay isinakatuparan ni Kristo bilang Kordero ng Diyos, at ang kasalan ay magaganap kapag kinuha ni Kristo bilang darating na Kasintahang lalaki ang Kanyang kasintahang babae.
   6. Bilang Kasintahang lalaki, si Kristo ay kailangang magkaroon ng kasalan; ang ating posisyon ay yaong kasintahang babae, at ang posisyon ng darating na Kristo ay yaong Kasintahang lalaki.

*© 2025 Living Stream Ministry*

7. Tayo ay nasa lupa na inihahanda upang maging kasintahang babae na sasalubong sa Kanya, at Siya ay nasa trono sa ikatlong langit na nakahandang dumating bilang Kasintahang lalaki upang salubungin tayo.
8. Siya ay darating bilang Kasintahang lalaki, at tayo ay patutungo bilang kasintahang babae—Mat. 25:1.

   **Mat. 25:1** Sa panahong iyon ay maihahalintulad ang kaharian ng kalangitan sa sampung birhen, na nagdala ng kanilang mga ilawan at lumabas upang salubungin ang kasintahang lalaki.

*© 2025 Living Stream Ministry*

Mensahe Tatlo

**Hesus—ang Pangalan ng Hari-Tagapagligtas na Ibinigay ng Diyos**
**at**
**Emmanuel—ang Pangalan ng Hari-Tagapagligtas na Itinawag ng Tao**

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 1:21, 23; 18:20; 28:20

**Mat. 1:21** At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.

**Mat. 1:23** Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

**Mat. 18:20** Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

**Mat. 28:20** Tinuturuan silang ganapin ang lahat ng bagay na iniutos Ko sa inyo. At narito, Ako ay kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa kaganapan ng kapanahunan.

**I. "Magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan"—Mat. 1:21:**

**Mat. 1:21** At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.

A. Ang *Hesus* ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong pangalan na *Josue*, na nangangahulugang "si Jehovah na Tagapagligtas," o "ang pagliligtas ni Jehovah"; si Hesus ay si Jehovah na nagiging ating Tagapagligtas at ating kaligtasan—Roma 10:12-13; 5:10; cf. Fil. 1:19.

**Roma 10:12-13** Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din ay Panginoon ng lahat at mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya; [13]Sapagkat "ang sinumang tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."

**Roma 5:10** Sapagkat kung tayo, na mga kaaway, ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

**cf. Fil. 1:19** Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo.

B. Kabilang sa pangalang Hesus ang pangalang Jehovah, na nangangahulugang "Ako ang Ako Nga," nagpapahiwatig na si Jehovah ay ang sariling umiiral at magpakailanmang umiiral na walang hanggang Isa, ang Isa na nasa nakalipas, nasa kasalukuyan, at magiging nasa hinaharap magpakailanman—Exo. 3:14; Apoc. 1:4:

**Exo. 3:14** Sinabi ng Diyos kay Moises, "AKO AY ANG AKO NGA." At kanyang sinabi, "Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Sinugo ako sa inyo ni AKO NGA."

**Apoc. 1:4** Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono.

1. Si Jehovah ang tanging Isa na siya nga at hindi dumedepende sa anuman maliban sa Kanyang sarili; kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang manampalataya na "Siya nga" at "hindi" tayo; Siya ang tanging Isa, ang namumukod-tanging Isa, sa lahat ng bagay, at tayo ay walang halaga—Heb. 11:6.

**Heb. 11:6** Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

2. Bilang ang Ako nga, Siya ang nagpapaloob ng lahat na Isa, ang realidad ng bawat positibong bagay at ng anumang kailangan ng Kanyang bayan—Juan 6:35; 8:12; 10:14; 11:25; 14:6.

   **Juan 6:35** Sinabi sa kanila ni Hesus, Ako ang tinapay ng buhay; ang lumalapit sa Akin ay hinding-hindi magugutom, at ang sumasampalataya tungo sa Akin ay hinding-hindi mauuhaw kailanman.

   **Juan 8:12** Kaya muling nagsalita sa kanila si Hesus, na nagsasabi, Ako ang liwanag ng sanlibutan; ang sumusunod sa Akin ay hinding-hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng liwanag ng buhay.

   **Juan 10:14** Ako ang mabuting Pastol, at kilala Ko ang sariling Akin, at kilala Ako ng sariling Akin.

   **Juan 11:25** Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay.

   **Juan 14:6** Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang daan at ang realidad at ang buhay; walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.

3. Maaaring sabihin natin na tayong mga mananampalataya ay may pirmadong tseke na walang nakalagay na halaga, at maaari nating isulat doon ang anumang kailangan natin; anumang kailangan natin ay si Hesus, gaya ng liwanag, buhay, kapangyarihan, karunungan, kabanalan, o katuwiran; ang lahat ng kailangan natin ay matatagpuan sa pangalan ni Hesus.

C. Si Hesus ang ating Josue, ang Isa na nagdadala sa atin tungo sa kapahingahan, na Siya Mismo bilang mabuting lupain sa atin—Heb. 4:8; Mat. 11:28-29.

**Heb. 4:8** Sapagkat kung nadala na sila ni Josue sa kapahingahan, hindi na sana Siya nagsalita hinggil sa iba pang araw pagkatapos ng mga bagay na ito.

**Mat. 11:28-29** Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. [29]Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

D. Ang pangalan ng Panginoon, ang Kanyang persona, ay ang nagpapaloob ng lahat na timpladang Espiritu—A. A. 1:3; Exo. 30:23-30; Fil. 1:19.

**A. A. 1:3** Ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; / Langis na ibinuhos ang pangalan Mo; / Kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa Iyo.

**Exo. 30:23-30** "Magdala ka rin ng pinakamaiinam na espesya: ng purong mira na limang daang siklo, at ng mabangong kanela na kalahati nito ang dami, dalawang daan at limampu; at ng mabangong kalamo na dalawang daan at limampu, [24]at ng kasia, limang daan, ayon sa siklo ng santuwaryo, at ng langis ng olibo na isang hin; [25]at gagawa ka mula sa mga ito ng banal na pamahid na langis, isang pabangong timplada ayon sa pagtitimpla ng manggagawa ng pabango; siya ngang magiging banal na pamahid na langis. [26]Iyong papahiran niyon ang Tolda ng Pagpupulong, at ang Kaban ng Patotoo, [27]at ang hapag, ang lahat ng mga kasangkapan niyon, ang patungan ng ilawan at ang mga kasangkapan niyon, at ang altar ng insenso, [28]ang altar ng handog na sinusunog kasama ang lahat ng mga kasangkapan, ang hugasan at ang patungan nito. [29]Pakabanalin mo ang mga iyon upang maging kabanal-banalan; sinumang humawak sa mga iyon ay magiging banal. [30]Iyong papahiran ng langis si Aaron at ang kanyang mga anak, at itatalaga sila, upang sila'y maglingkod sa akin bilang mga saserdote.

**Fil. 1:19** Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo.

E. Ang pangalan ni Hesus ay higit sa lahat ng pangalan—2:9-10:

**Fil. 2:9-10** Kaya't Siya naman ay ipinagkataas-taas ng Diyos at ipinagkaloob sa Kanya ang pangalang higit sa lahat ng pangalan, [10]Upang sa pangalan ni Hesus ay lumuhod ang bawat tuhod, ng mga nasa langit at nasa lupa at nasa ilalim ng lupa.

1. Ang pangalan ni Hesus ay para manampalataya tayo tungo rito—Juan 1:12.

   **Juan 1:12** Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan.
2. Ang pangalan ni Hesus ay para mabautismuhan tayo tungo rito—Gawa 8:16; 19:5.

   **Gawa 8:16** Sapagkat hindi pa Siya bumababa sa kaninuman sa kanila, kundi sila ay nabautismuhan lamang tungo sa loob ng pangalan ng Panginoong Hesus.

   **Gawa 19:5** At nang marinig nila ito, sila ay nabautismuhan tungo sa pangalan ng Panginoong Hesus.
3. Ang pangalan ni Hesus ay para maligtas tayo —4:12.

   **Gawa 4:12** At walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao na sukat nating ikaligtas.
4. Ang pangalan ni Hesus ay para mapagaling tayo —3:6; 4:10.

   **Gawa 3:6** Ngunit sinabi ni Pedro, Pilak at ginto ay wala ako, ngunit ang mayroon ako, ito ang ibibigay ko sa iyo: Sa pangalan ni Hesu-Kristo na Nazareno, tumayo ka at lumakad.

   **Gawa 4:10** Ipinaaalam sa inyong lahat at sa buong bayan ng Israel na sa pangalan ni Hesu-Kristo na Nazareno, na ipinako ninyo sa krus at ibinangon ng Diyos mula sa mga patay, sa pangalang ito ay nakatayo ang taong ito sa harapan ninyo nang walang sakit.
5. Ang pangalan ni Hesus ay para mahugasan, mapabanal, at maaring-matuwid tayo—1 Cor. 6:11.

   **1 Cor. 6:11** At ganyan ang ilan sa inyo noon; ngunit kayo ay hinugasan, ngunit kayo ay pinabanal, ngunit kayo ay inaring-matuwid sa pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo at sa Espiritu ng ating Diyos.
6. Ang pangalan ni Hesus ay para sa ating pagtawag—Roma 10:13; 1 Cor. 1:2; Gawa 9:14; Gen. 4:26.

   **Roma 10:13** Sapagkat "ang sinumang tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."

   **1 Cor. 1:2** Sa ekklesia ng Diyos na nasa Corinto, sa mga pinabanal kay Kristo Hesus, ang mga banal na tinawag, kasama ang lahat ng yaong sa bawat dako ay tumatawag sa pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na kanila at atin.

   **Gawa 9:14** At dito ay may awtoridad siya mula sa mga punong saserdote na gapusin ang lahat ng tumatawag sa Iyong pangalan.

   **Gen. 4:26** Nagkaanak din si Set ng isang lalaki, at tinawag ang kanyang pangalan na Enos. Nang panahong iyon ang mga tao ay nagsimulang tumawag sa pangalan ni Jehovah.
7. Ang Espiritu ay ang makalangit na hangin para hingahin natin; sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu upang tumawag sa pangalan ng Panginoon, hinihinga natin paloob ang Espiritu at sa gayon ay natatanggap ang Espiritu—Juan 20:22; Gal. 3:2; 1 Tes. 5:17; Panag. 3:55-56; *Himno,* #255.

   **Juan 20:22** At nang masabi Niya ito, sila ay hiningahan Niya tungo sa loob nila at sinabi sa kanila, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.

   **Gal. 3:2** Ito lamang ang ibig kong malaman sa inyo, Tinanggap ba ninyo ang Espiritu mula sa mga gawa ng kautusan o mula sa pakikinig ng pananampalataya?

   **1 Tes. 5:17** Manalangin kayo nang walang patid.

   **Panag. 3:55-56** "Ako'y tumawag sa iyong pangalan, O [Jehovah], / Mula sa kalaliman ng hukay; [56]Pinakinggan Mo ang aking pakiusap; huwag Mong itago / Ang Iyong pandinig sa saklolo, mula sa paghingi ko ng tulong.

   ***Himno,* #255**

   1 Ako'y hipan ng 'Spiritu,
   Turuan Mong lumanghap;
   Tulungang ilagak sa Iyo,
   Buhay ng sala't hirap.

© 2025 Living Stream Ministry

Ihinga nang palabas ang
Sala at lumbay;
Langhapin Iyong kapuspusan,
Langhaping tunay.

2 Ihinga ko aking buhay
Nang ako'y mapuspusan;
Limutin lakas at hinay,
Langhapin ang Iyong buhay.

3 Ihinga ang kasalanan,
Lahat ay Iyong pinasan;
Langhapin Iyong kalinisan,
Buhay ko'y masumpungan.

4 Ihinga ang kalungkutan
Sa dibdib Mong magiliw;
Langhapin kapayapaan,
Ang galak Mo at aliw.

5 Ihinga mga sakit ko,
Pinasan Mo ring panay;
Langhapin ang paggamot Mo,
Pahinga Iyong 'binigay.

6 Ihinga ang kasabikan
Sa mahal Mong pandinig;
Langhapin Iyong kasagutan,
Tigil ang panginginig.

7 Lumanghap bawa't segundo,
Buhay Mo ay buhay ko;
Bawa't hininga'y bigay Mo,
Hipan ng Espiritu.

F. Ang layunin ng pagtawag sa pangalan ng Panginoon ay:
1. Upang maligtas—Roma 10:13.
   **Roma 10:13** Sapagkat "ang sinumang tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."
2. Upang masagip mula sa kapanglawan, kaguluhan, dalamhati at kirot—Awit 18:6; 118:5; 86:7; 50:15; 81:7; 116:3-4.
   **Awit 18:6** Sa aking kapanglawan ay tumawag ako [kay Jehovah] / Sa aking Diyos ay humingi ako ng tulong. / Mula sa kanyang templo ay napakinggan niya ang aking tinig, / At ang aking daing sa Kanya ay nakarating sa kanyang pandinig.
   **Awit 118:5** Tumawag ako [kay Jehovah] mula sa aking pagkabalisa; / Sinagot ako [ni Jehovah], at inilagay ako sa maluwag na dako.
   **Awit 86:7** Sa araw ng aking kaguluhan ay tumatawag ako sa Iyo, / Sapagkat sinasagot Mo ako.
   **Awit 50:15** At tumawag ka sa Akin sa araw ng kabagabagan: / Ililigtas kita, at luluwalhatiin Mo ako.

**Awit 81:7** Ikaw ay tumawag nang nasa kaguluhan, at iniligtas kita; / Sinagot kita sa lihim na dako ng kulog; / Sinubok kita sa tubig ng Meriba. Selah

**Awit 116:3-4** Ang bitag ng kamatayan ay pumalibot sa akin, / Ang mga hapdi ng Sheol ay nagsihawak sa akin; / Ako'y nagdanas ng pagkabahala at pagkadalamhati. [4]Nang magkagayo'y sa pangalan [ni Jehovah] ay tumawag ako. / O [Jehovah], isinasamo ko sa Iyo, iligtas Mo ang buhay ko.

3. Upang makibahagi sa mapagmahal na kabaitan ng Panginoon, ang Kanyang awa—86:5.

   **Awit 86:5** Sapagkat ikaw, O Panginoon, ay mabuti at mapagpatawad / Sagana sa tapat na pag-ibig sa lahat ng sa iyo ay tumatawag.

4. Upang makabahagi sa pagliligtas ng Panginoon—116:2, 4, 13, 17.

   **Awit 116:2** Sapagkat ikiniling Niya ang kanyang pandinig sa akin; / Kaya't ako'y tatawag sa Kanya habang ako'y nabubuhay.

   **Awit 116:4** Nang magkagayo'y sa pangalan [ni Jehovah] ay tumawag ako. / O [Jehovah], isinasamo ko sa Iyo, iligtas Mo ang buhay ko!"

   **Awit 116:13** Aking itataas ang saro ng kaligtasan / At tatawag sa pangalan [ni Jehovah].

   **Awit 116:17** Ako'y mag-aalay sa Iyo ng handog ng pasasalamat, / At tatawag sa pangalan [ni Jehovah].

5. Upang matanggap ang Espiritu—Gawa 2:17, 21.

   **Gawa 2:17** "At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, at magpopropesiya ang inyong mga anak na lalaki at babae, at makakikita ng mga pangitain ang inyong mga kabataang lalaki at mananaginip ng mga bagay sa mga panaginip ang inyong matatandang lalaki.

   **Gawa 2:21** At mangyayari na ang bawat isa na tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."

6. Upang uminom ng espiritwal na tubig at kumain ng espiritwal na pagkain para sa kasiyahan—Isa. 55:1-2, 6.

   **Isa. 55:1-2** O! Lahat ng nauuhaw, pumarito kayo sa tubig; / At siyang walang salapi, / Pumarito kayo, kayo'y bumili at kumain; / Pumarito kayo, kayo'y bumili ng alak at gatas / Ng walang salapi at walang halaga. [2]Ano't kayo'y gumugugol ng salapi sa hindi pagkain, / At ng inyong sahod sa hindi nakakabusog? / Pakinggan ninyo Akong mabuti, at kainin ninyo kung ano ang mabuti, / At malugod kayo sa katabaan.

   **Isa. 55:6** Inyong hanapin [si Jehovah] habang Siya'y matatagpuan; / Tumawag kayo sa Kanya habang Siya'y malapit.

7. Upang matamasa ang kayamanan ng Panginoon—Roma 10:12; 1 Cor. 12:3b; Deut. 4:7; Awit 145:18.

   **Roma 10:12** Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din ay Panginoon ng lahat at mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya.

   **1 Cor. 12:3b** Kaya't ipinaaalam ko sa inyo na walang nagsasalita sa Espiritu ng Diyos ang nagsasabi, Si Hesus ay isinumpa; at walang makapagsasabing, Si Hesus ay Panginoon! maliban sa Espiritu Santo.

   **Deut. 4:7** Sapagkat aling dakilang bansa ang may Diyos na napakalapit sa kanila, na gaya ni Jehovah nating Diyos tuwing tumatawag tayo sa kanya?

   **Awit 145:18** [Si Jehovah] ay malapit sa lahat ng sa Kanya'y nananawagan, / Sa lahat ng tumatawag sa Kanya sa katotohanan.

8. Upang mapukaw ang ating sarili—Isa. 64:7.

   **Isa. 64:7** At walang tumatawag sa Iyong pangalan, / Na gumigising upang sa Iyo ay manangan; / Sapagkat ikinubli Mo ang Iyong mukha sa amin / At ibinigay Mo kami sa kamay ng aming mga kasamaan.

*© 2025 Living Stream Ministry*

9. Ang pangalan ni Hesus ay upang manalangin tayo sa loob nito—Juan 14:13-14; 15:16; 16:24.

   **Juan 14:13-14** At anumang hingin ninyo sa Aking pangalan, iyon ay gagawin Ko, upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak. [14]Kung hihingi kayo sa Akin ng anuman sa Aking pangalan, gagawin Ko ito.

   **Juan 15:16** Hindi ninyo Ako pinili, ngunit pinili Ko kayo, at inilagay Ko kayo upang kayo ay humayo at mamunga at yaong ang bunga ninyo ay manatili, upang ang anumang inyong hingin sa Ama sa pangalan Ko ay ibigay Niya sa inyo.

   **Juan 16:24** Hanggang ngayon ay wala pa kayong hinihinging anuman sa pangalan Ko; humingi kayo at kayo ay tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan.

10. Ang pangalan ni Hesus ay upang matipon tayo tungo rito—Mat. 18:20.

    **Mat. 18:20** Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

11. Ang pangalan ni Hesus ay upang magpalayas tayo ng mga demonyo—Gawa 16:18.

    **Gawa 16:18** At ginawa niya ito nang maraming araw. Subalit lubhang nabagabag si Pablo; at paglingon, sinabi niya sa espiritu, Inuutusan kita sa pangalan ni Hesu-Kristo na lumabas ka sa kanya. At lumabas ito nang oras ding iyon.

12. Ang pangalan ni Hesus ay upang magsalita tayo nang may katapangan sa loob nito—9:27.

    **Gawa 9:27** Ngunit kinuha siya ni Barnabas at dinala siya sa mga apostol, at isinalaysay niya sa kanila kung paanong nakita ni Saulo ang Panginoon sa daan, at na Siya ay nakipag-usap sa kanya, at kung paanong sa Damasco ay nagsalita siya nang may katapangan sa pangalan ni Hesus.

G. Namumuhi si Satanas sa pangalan ni Hesus:

1. Gumagamit si Satanas ng mga tao upang atakihin ang pangalan ni Hesus—cf. 26:9.

   **cf. Gawa 26:9** Kaya nga, inakala ko na dapat akong gumawa ng maraming bagay laban sa pangalan ni Hesus na Nazareno.

2. Inatake ng mga relihiyonista ang pangalan ni Hesus, pinagbabawalan ang mga mananampalataya na mangaral o magturo sa pangalang iyon—4:17-18; 5:40.

   **Gawa 4:17-18** Ngunit upang hindi na ito lalo pang kumalat sa mga tao, pagbantaan natin sila na huwag na silang magsalita pa sa kaninumang tao batay sa pangalang ito. [18]At pagkatawag sa kanila, sila ay kanilang inutusan na huwag nang magsalita ng anuman ni magturo batay sa pangalan ni Hesus.

   **Gawa 5:40** At sila ay nakumbinsi niya. At nang matawag ang mga apostol, kanilang hinagupit sila at inutusan silang huwag magsalita batay sa pangalan ni Hesus; at kanilang pinalaya sila.

3. Nang inusig ang mga apostol, sila ay nagsaya na ibinilang silang karapat-dapat na siraang-puri alang-alang sa Panginoon—b. 41; 15:26.

   **Gawa 5:41** Kaya umalis sila sa harap ng Sanhedrin, nagsasaya na sila ay naibilang na karapat-dapat na siraang-puri alangalang sa Pangalan.

   **Gawa 15:26** Mga taong isinapanganib ang kanilang mga buhay alang-alang sa pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo.

H. Pinuri ng Panginoong Hesus ang mga mandaraig sa Filadelfia dahil hindi nila ikinaila ang Kanyang pangalan—Apoc. 3:8:

**Apoc. 3:8** Alam Ko ang iyong mga gawa; narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara, sapagkat ikaw ay may kaunting kapangyarihan at tinupad mo ang Aking salita at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan.

1. Tinalikuran ng nabawing ekklesia ang lahat ng pangalan maliban sa pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo, lubusang nabibilang sa Panginoon.
2. Ang pangalanan ang ekklesia sa pamamagitan ng pagkuha ng anumang pangalan maliban sa pangalan ng Panginoon ay espiritwal na pakikiapid; ang ekklesia, bilang dalisay na birheng

ipinakipagkasundong ipakasal kay Kristo (2 Cor. 11:2), ay hindi dapat magkaroon ng anumang pangalan maliban sa pangalan ng kanyang Asawang lalaki.

**2 Cor. 11:2** Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap kayo bilang isang dalisay na birhen kay Kristo.

**II. "'Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan' (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin)"—Mat. 1:23:**

**Mat. 1:23** "Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

A. Hesus ang pangalan ng Hari-Tagapagligtas na ibinigay ng Diyos, samantalang ang Emmanuel ay ang pangalan ng Hari-Tagapagligtas na itinawag ng tao—b. 23.

**Mat. 1:23** "Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

B. Ang Mateo ay isang aklat tungkol kay Emmanuel—ang Diyos na nagkatawang-tao upang makasama natin—bb. 21-23.

**Mat. 1:21-23** At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan. [22]Ngayon ang lahat ng ito ay nangyari upang ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta ay matupad, na nagsasabi, [23]"Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

C. Ang Emmanuel ay nagpapaloob ng lahat—Fil. 1:19:

**Fil. 1:19** Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo.

1. Una, Siya ang ating Tagapagligtas (Luc. 2:11), pagkatapos ay ang ating Manunubos (Juan 1:29; Roma 3:24), sumunod ay ating Tagapagbigay-buhay (1 Cor. 15:45b), at kalaunan ay ang nagpapaloob ng lahat, naninirahan sa loob na Espiritu (Juan 14:16-20; Roma 8:9-11).

**Luc. 2:11** Sapagkat isang Tagapagligtas ngayon ang isinilang sa inyo sa lunsod ni David, na siyang Kristo na Panginoon.

**Juan 1:29** Kinabukasan, nakita niya si Hesus na lumalapit sa kanya at nagsabi, Masdan, ang Kordero ng Diyos, na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan!

**Roma 3:24** Yamang inaaring-matuwid nang walang bayad ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pagtutubos na na kay Kristo Hesus.

**1 Cor. 15:45b** Ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**Juan 14:16-20** At hihiling Ako sa Ama, at bibigyan Niya kayo ng ibang Mang-aaliw, upang Siya ay makasama ninyo magpakailanman, [17]Samakatwid ay ang Espiritu ng realidad, na hindi matatanggap ng sanlibutan, sapagkat hindi nito Siya nakikita o nakikilala man Siya; ngunit Siya ay nakikilala ninyo, sapagkat Siya ay nananahang kasama ninyo, at pasasaloob ninyo. [18]Hindi Ko kayo iiwan na mga ulila; Ako ay paririto sa inyo. [19]Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako; sapagkat Ako ay nabubuhay, mabubuhay rin kayo. [20]Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

**Roma 8:9-11** Ngunit kayo ay wala sa laman, kundi nasa espiritu, kung tunay na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo. Ngunit kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Kristo, siya ay hindi sa Kanya. [10]Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil

*© 2025 Living Stream Ministry*

sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran. [11]At kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.

2. Sa katunayan, ang nilalaman ng buong Bagong Tipan ay isang Emmanuel (Mat. 1:23; 18:20; 28:20; Apoc. 21:3), at ang lahat ng mananampalataya kay Kristo, bilang mga sangkap ni Kristo, ay bahagi ng dakilang Emmanuel na ito, ang sama-samang Kristo (1 Cor. 12:12; Col. 3:10-11).

   **Mat. 1:23** "Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

   **Mat. 18:20** Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

   **Mat. 28:20** Tinuturuan silang ganapin ang lahat ng bagay na iniutos Ko sa inyo. At narito, Ako ay kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa kaganapan ng kapanahunan.

   **Apoc. 21:3** At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila at magiging Diyos nila.

   **1 Cor. 12:12** Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at may maraming sangkap, gayunman ang lahat ng sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan, gayundin naman ang Kristo.

   **Col. 3:10-11** At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

D. Ang praktikal na Emmanuel ay ang Espiritu ng realidad bilang presensiya ng napasukdol na Tres-unong Diyos sa ating espiritu; ang Kanyang presensiya ay palagi nating kasama sa ating espiritu, hindi lamang araw kada araw kundi sandali kada sandali rin—Juan 1:14; 14:16-20; 1 Cor. 15:45b; 2 Tim. 4:22:

**Juan 1:14** At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

**Juan 14:16-20** At hihiling Ako sa Ama, at bibigyan Niya kayo ng ibang Mang-aaliw, upang Siya ay makasama ninyo magpakailanman, [17]Samakatwid ay ang Espiritu ng realidad, na hindi matatanggap ng sanlibutan, sapagkat hindi nito Siya nakikita o nakikilala man Siya; ngunit Siya ay nakikilala ninyo, sapagkat Siya ay nananahang kasama ninyo, at pasasaloob ninyo. [18]Hindi Ko kayo iiwan na mga ulila; Ako ay paririto sa inyo. [19]Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako; sapagkat Ako ay nabubuhay, mabubuhay rin kayo. [20]Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

**1 Cor. 15:45b** Ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**2 Tim. 4:22** Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

1. Kasama natin Siya sa ating mga pagtitipon—Mat. 18:20.

   **Mat. 18:20** Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

2. Kasama natin Siya sa lahat ng araw—28:20.

   **Mat. 28:20** Tinuturuan silang ganapin ang lahat ng bagay na iniutos Ko sa inyo. At narito, Ako ay kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa kaganapan ng kapanahunan.

3. Kasama natin Siya sa ating espiritu—2 Tim. 4:22:

**2 Tim. 4:22** Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

a. Ngayon, ang ating espiritu ay ang lupain ng Immanuel—Isa. 8:7-8.

**Isa. 8:7-8** Kaya't narito, iniaahon [ni Jehovah] sa kanila / Ang tubig ng Ilog, malakas at marami, / Ang hari ng Asiria at ang lahat niyang kaluwalhatian: / Siya ay aahon sa lahat niyang daluyan, / At aapaw sa lahat niyang baybayin. [8]Ito'y aagos hanggang sa Juda; aapaw at aabot / Hanggang sa leeg; / At ang nakabuka niyang mga pakpak / Ang siyang magpupuno ng lawak ng Iyong lupain, O Emmanuel."

b. Dahil ang Diyos ay kasama natin, kailanman ay hinding-hindi masasakop ng kaaway ang lupain ng Immanuel—b. 10; cf. 1 Juan 5:4; Juan 3:6.

**Isa. 8:10** Magsanggunian kayo, ngunit iyon ay mauuwi sa wala; / Magsalita kayo ng salita ngunit iyon ay hindi mananatili; / Sapagkat ang Diyos ay kasama namin.

**cf. 1 Juan 5:4** Sapagkat ang bawat ipinanganak ng Diyos ay dumadaig sa sanlibutan; at ito ang tagumpay na dumadaig sa sanlibutan—ang ating pananampalataya.

**Juan 3:6** Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

4. Maaari nating matamasa ang presensiya ng Tres-unong Diyos sa sama-samang pagtitipon para sa pagtuturo ng Kanyang banal na Salita—Mat. 18:20; 28:20; Awit 119:30; Gawa 6:4.

**Mat. 18:20** Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

**Mat. 28:20** Tinuturuan silang ganapin ang lahat ng bagay na iniutos Ko sa inyo. At narito, Ako ay kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa kaganapan ng kapanahunan.

**Awit 119:30** Ang daan ng katapatan ay pinili ko; / Ang mga tuntunin Mo'y inilagay ko sa harapan ko.

**Gawa 6:4** Ngunit magpapatuloy kaming matibay sa pananalangin at sa ministeryo ng salita.

5. Tinatamasa natin ang biyaya at kapayapaan sa pamamagitan ng Espiritu bilang presensiya ng Tres-unong Diyos—Gal. 6:18; Gawa 9:31.

**Gal. 6:18** Ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu, mga kapatid. Amen.

**Gawa 9:31** Sa gayon ang ekklesia sa buong Judea at Galilea at Samaria ay nagkaroon ng kapayapaan, palibhasa'y itinatayo; at sa pagpapatuloy sa pagkatakot sa Panginoon at sa kaaliwan ng Espiritu Santo, ito ay dumami.

6. Ang pangunguna at pagsaksi ng Espiritu ay ang Kanyang presensiya—Roma 8:14, 16.

**Roma 8:14** Sapagkat ang lahat ng pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, ito ang mga anak na lalaki ng Diyos.

**Rom. 8:16** Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

7. Tinatamasa natin ang pamamahagi ng Tres-unong Diyos sa pamamagitan ng Kanyang presensiya bilang ang Espiritu—2 Cor. 13:14.

**2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

E. Upang mabuhay kasama ni Kristo bilang Emmanuel, kailangan nating maging nasa Kanyang dibinong presensiya, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay bilang kasukdulan ng Tres-unong Diyos—Gal. 5:25:

**Gal. 5:25** Kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa pamamagitan ng Espiritu.

1. Upang mabuhay kasama ni Kristo, tayo ay nabubuhay pa rin, gayunman hindi sa pamamagitan ng ating sarili lamang bagkus sa pamamagitan ng pamumuhay ni Kristo sa loob natin at kasama natin bilang Emmanuel; hindi makukumpleto ng Tres-unong Diyos ang Kanyang intensiyon na

*© 2025 Living Stream Ministry*

ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa ating katauhan sa labas natin; kaya, ang Kanyang pagiging kasama natin ay tiyak na panloob—2:20.

**Gal. 2:20** Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

2. Si Emmanuel ang ating buhay at persona, at tayo ang Kanyang sangkap, na namumuhay kasama Niya bilang isang persona; ang ating tagumpay ay nakadepende kay Emmanuel, ang presensiya ni Hesus.
3. Kung mayroon tayong presensiya ng Panginoon, mayroon tayong karunungan, kabatiran, paunang pagkakita, at panloob na kaalaman hinggil sa mga bagay; ang presensiya ng Panginoon ay lahat-lahat sa atin—2 Cor. 2:10; 4:6-7; Gal. 5:25; Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6.

**2 Cor. 2:10** Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, pinatatawad ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, ito ay alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo.

**2 Cor. 4:6-7** Sapagkat ang Diyos na nagsabi, Mula sa kadiliman ay sisinag ang liwanag, ang Isa na suminag sa ating mga puso upang iliwanag ang pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo. [7]Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang lupa upang ang kahigtan ng kapangyarihan ay maging mula sa Diyos at hindi mula sa amin.

**Gal. 5:25** Kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa pamamagitan ng Espiritu.

**Gen. 5:22-24** Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem ng tatlong daang taon, at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae. [23]At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at animnapu't limang taon. [24]Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

**Heb. 11:5-6** Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos. [6]Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

F. Kung nais nating pasukin, angkinin, at tamasahin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang realidad ng mabuting lupain, kailangan nating gawin ito sa pamamagitan ng presensiya ng Panginoon; ipinangako ng Panginoon kay Moises, "Ang Aking presensiya ay sasaiyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan" (Exo. 33:14); ang presensiya ng Diyos ay ang Kanyang daan, ang "mapa" na nagpapakita sa Kanyang bayan ng daan na dapat nilang tahakin:

**Exo. 33:14** Kanyang sinabi, "Ako'y sasaiyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan."

1. Upang ganap nating matamo at maangkin si Kristo bilang namumukod-tanging lupain para sa pagtatayo ng Diyos, kailangan nating panghawakan ang prinsipyo na ang presensiya ng Diyos ay ang pamantayan para sa bawat bagay; anuman ang ginagawa natin, kailangan nating magbigay-pansin kung taglay ba natin o hindi ang presensiya ng Diyos; kung taglay natin ang presensiya ng Diyos, taglay natin ang lahat ng bagay, ngunit kung mawawala natin ang presensiya ng Diyos, mawawala natin ang lahat ng bagay—Mat. 1:23; 2 Tim. 4:22; Gal. 6:18; Awit 27:4, 8; 51:11.

**Mat. 1:23** "Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

**2 Tim. 4:22** Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

**Gal. 6:18** Ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu, mga kapatid. Amen.

**Awit 27:4** Isang bagay ang hiningi ko [kay Jehovah]; / Na aking hahanapin: / Na ako'y makapanirahan sa bahay [ni Jehovah], / Sa lahat ng mga araw ng aking buhay, / Upang mamasdan ang kagandahan [ni Jehovah], / At sumangguni sa Kanyang templo.

**Awit 27:8** Kapag sinabi Mo, "Hanapin ninyo ang Aking mukha, / Sabi ng aking puso sa Iyo, ang iyong mukha, O [Jehovah], ay aking hinahanap.

**Awit 51:11** Sa iyong harapan ay huwag Mo akong paalisin, / At ang iyong Espiritu sa akin ay huwag Mong bawiin.

2. Ang presensiya ng Panginoon, ang ngiti ng Panginoon, ay ang namamahalang prinsipyo; kailangan nating matuto na mapanatili, mapamunuan, mapamahalaan, at magabayan ng tuwirang presensiya mismo ng Panginoon—27:8; 80:3, 7, 17-19.

   **Awit 27:8** Kapag sinabi Mo, "Hanapin ninyo ang Aking mukha, / Sabi ng aking puso sa Iyo, ang iyong mukha, O [Jehovah], ay aking hinahanap.

   **Awit 80:3** Panunumbalikin mo kami, O Diyos; / Paliwanagin mo ang iyong mukha, upang kami ay maligtas.

   **Awit 80:7** Panunumbalikin mo kami, O Diyos ng mga hukbo; / Paliwanagin Mo ang Iyong mukha upang kami ay maligtas.

   **Awit 80:17-19** Ipatong nawa ang Iyong kamay sa tao ng kanang kamay Mo, / Sa anak ng tao na Iyong pinalakas para sa sarili Mo; [18]Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa Iyo; / Bigyan mo kami ng buhay, at tatawag kami sa pangalan Mo. [19]Panunumbalikin mo kami, O [Jehovah] na Diyos ng mga hukbo; / Paliwanagin mo ang iyong mukha, upang kami ay maligtas.

3. Bilang kinatawan ng naghaharing aspekto ng isang gumulang na buhay, natamasa ni Jose ang presensiya ng Panginoon, at kalakip nito ang awtoridad, kasaganaan, at pagpapala—Gen. 39:2-5, 21; Gawa 7:9.

   **Gen. 39:2-5** [Si Jehovah] ay naging kasama ni Jose, at siya'y naging lalaking maunlad. Siya'y nasa bahay ng kanyang among taga-Ehipto. [3]Nakita ng kanyang amo na [si Jehovah] ay kasama niya, at ang lahat ng ginagawa ni Jose ay umuunlad sa kanyang kamay. [4]Kaya't nakatagpo si Jose ng biyaya sa paningin niya at ginawa niyang kanyang katulong. Ipinamahala niya kay Jose ang bahay niya at ang lahat niyang pag-aari ay inilagay sa kanyang pangangasiwa. [5]Mula nang panahon na si Jose ay pamahalain sa kanyang bahay at sa lahat ng kanyang pag-aari, pinagpala [ni Jehovah] ang bahay ng taga-Ehipto. Ang pagpapala [ni Jehovah] ay dumating sa lahat ng kanyang pag-aari, sa bahay at sa parang.

   **Gawa 7:9** At nainggit ang mga patriyarka kay Jose at ipinagbili siya patungo sa Ehipto; ngunit ang Diyos ay kasama niya.

4. Si Moses ay isang tao na napakalapit sa puso ng Diyos at ayon sa puso ng Diyos; kaya, taglay niya ang presensiya ng Diyos nang lubusan—Exo. 33:11.

   **Exo. 33:11** Sa gayon nakikipag-usap [si Jehovah] kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda.

5. Si apostol Pablo ay isa na namuhay at kumilos sa presensiya ni Kristo ayon sa palatandaan ng Kanyang buong persona na nahayag sa Kanyang mga mata—2 Cor. 2:10.

   **2 Cor. 2:10** Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, pinatatawad ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, ito ay alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo.

6. "Sa aking kabataan, itinuro sa akin ang iba't ibang paraan upang makapanaig, maging matagumpay, maging banal, at maging espiritwal. Gayunpaman, walang anuman sa mga paraang

© 2025 Living Stream Ministry

ito ang gumana…Walang gumagana kundi ang presensiya ng Panginoon. Ang Kanyang pagiging kasama natin ay lahat-lahat"—*Life-study of Joshua,* 2nd ed., p. 50.

G. Ang buong Bagong Tipan ay isang Emmanuel, at tayo ngayon ay bahagi ng dakilang Emmanuel na mapasusukdol sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan; ang Bagong Tipan ay nagsisimula sa isang Diyos-tao, na siyang "Diyos na kasama natin," at nagtatapos sa isang dakilang Diyos-tao, ang Bagong Herusalem, na siyang "si Jehovah ay Naroon"—Mat. 1:23; 1 Cor. 6:17; Gawa 9:4; 1 Tim. 3:15-16; Apoc. 21:3, 22; Ezek. 48:35.

**Mat. 1:23** "Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan" (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

**1 Cor. 6:17** Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

**Gawa 9:4** At nabuwal siya sa lupa at narinig ang isang tinig na nagsasabi sa kanya, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?

**1 Tim. 3:15-16** Ngunit kung ako ay maantala, sumusulat ako upang malaman mo kung paano dapat gumawi ang isang tao sa bahay ng Diyos, na siyang ekklesia ng Diyos na buháy, ang haligi at saligan ng katotohanan. 16At walang alinlangan, dakila ang hiwaga ng pagkamakadiyos: Siya na nahayag sa laman, Inaring-matuwid sa Espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan sa sanlibutan, Iniakyat sa kaluwalhatian.

**Apoc. 21:3** At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila at magiging Diyos nila.

**Apoc. 21:22** At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito.

**Ezek. 48:35** Ang sukat sa palibot ng lunsod ay labingwalong libong siko. At ang magiging pangalan ng lunsod mula sa araw na yaon ay, Si Jehovah ay naroroon."

Mensahe Apat

## Si Kristo bilang Sentro ng Naprosesong Tres-unong Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 28:19; 1 Cor. 15:45; 2 Cor. 3:17; 13:14

**Mat. 28:19** Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

**1 Cor. 15:45** Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**2 Cor. 3:17** At ang Panginoon ay ang Espiritu; at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan.

**2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

**I. Ang pinakamalinaw na pahayag hinggil sa Dibinong Trinidad ay nasa Mateo 28:19: "Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo":**

**Mat. 28:19** Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

A. Tinutukoy ng *tungo sa pangalan* ang persona:

1. Ang mabautismuhan ay ang mabautismuhan tungo sa pangalan, sa persona, ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, tungo sa organikong pakikipag-isa sa naprosesong Tres-unong Diyos.
2. Ang salitang *tungo* sa 28:19 ay nagpapakita ng pakikipag-isa, gaya ng nasa Roma 6:3, Galacia 3:27, at 1 Corinto 12:13.

   **Mat. 28:19** Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

   **Roma 6:3** O hindi ba ninyo nalalamang tayong lahat na mga nabautismuhan tungo kay Kristo Hesus ay nabautismuhan tungo sa Kanyang kamatayan?
   **Galacia 3:27** Sapagkat ang lahat sa inyo na binautismuhan tungo kay Kristo ay ibinihis si Kristo.
   **1 Corinto 12:13** Sapagkat sa isang Espiritu rin ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, mga Hudyo man o mga Griyego, mga alipin man o mga laya, at pinagkaloobang lahat na uminom sa isang Espiritu.
3. Ang bautismuhan ang mga tao tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang bautismuhan sila tungo sa espiritwal at mistikong pakikipag-isa sa Kanya.
4. Sa Mateo 28:19, may iisang pangalan para sa Dibinong Trinidad:

   **Mat. 28:19** Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

   a. Ang pangalan ay ang kabuoan ng Dibinong Pagkadiyos, katumbas sa Kanyang persona.
   b. Ang bautismuhan ang mga mananampalataya tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang ilubog sila tungo sa lahat ng kung ano ang Tres-unong Diyos.

B. Ang Diyos ay tatlo-sa-isa—2 Cor. 13:14:

**2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

1. Sa Mateo 28:19, binanggit ng Panginoon ang tatlong persona—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo.

   **Mat. 28:19** Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

2. Nang banggitin Niya rito ang pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, ang *pangalan* ay pang-isahan sa orihinal na teksto.
3. Nangangahulugan ito na ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu ay tatlo, gayunman ang pangalan ay isa.
4. Ang isang pangalan para sa tatlong persona ay talagang mahiwaga at naghahayag na ang Diyos ay tatlo-sa-isa.
5. Kabilang sa pangalang ito ang tatlo—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo.
6. Bagama't ang Diyos ay bukod-tanging isa, gayunman ay may tatlong persona—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu.

**II. Bilang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, tayo ay nabautismuhan tungo sa naprosesong Tres-unong Diyos:**

A. Ang pag-aatas na ibinigay sa Mateo 28:19 ay ibinigay ng Panginoong Hesus pagkatapos Niyang pumasok sa pagkabuhay na muli, na siyang kasukdulan ng proseso ng Tres-unong Diyos.

**Mat. 28:19** Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

B. Dumaan ang Tres-unong Diyos sa isang proseso na nagsimula sa pagkakatawang-tao, kinabilangan ng pantaong pamumuhay at pagkapako sa krus, at napasukdol sa pagkabuhay na muli.

C. Sa pagkabuhay na muli si Kristo, ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, ay naging Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45; 2 Cor. 3:17.

**1 Cor. 15:45** Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**2 Cor. 3:17** At ang Panginoon ay ang Espiritu; at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan.

D. Ang Espiritung ito ay ang kasukdulan ng Tres-unong Diyos upang mabautismuhan ang mga mananampalataya tungo sa Dibinong Trinidad.

E. Ang mabautismuhan tungo sa persona ng Tres-unong Diyos ay ang mabautismuhan tungo sa nagpapaloob ng lahat, napasukdol na Espiritu na siyang sukdulang kaganapan ng naprosesong Tres-unong Diyos:

1. Ito ang mabautismuhan tungo sa kayamanan ng Ama, tungo sa kayamanan ng Anak, at tungo sa kayamanan ng Espiritu.
2. Bilang mga nabautismuhan, tayo ngayon ay nasa organikong pakikipag-isa sa Tres-unong Diyos; kaya, anuman ang taglay ng Ama, anuman ang taglay ng Anak, at anuman ang taglay ng Espiritu ay naging atin.

F. Ang mabautismuhan tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang mailagay tungo sa isang mistikong pakikipag-isa sa Kanya at angkinin kung anuman ang Diyos tungo sa ating katauhan.

**III. Si Kristo ang sentro ng naprosesong Tres-unong Diyos—2 Cor. 13:14:**

© 2025 Living Stream Ministry

**2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

A. Ang *naproseso* ay tumutukoy sa mahahalagang hakbang na pinagdaanan ng Tres-unong Diyos:

1. Bago ang Kanyang pagkakatawang-tao ang Diyos ay hindi pa naproseso, nagtataglay ng dibinong kalikasan ngunit walang pantaong kalikasan, subalit sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit, ang Tres-unong Diyos ay naproseso at napasukdol.
2. Sa Apocalipsis ang Tres-unong Diyos ay ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na may pagkadibino, pagkatao, pantaong pamumuhay, nagpapaloob ng lahat na kamatayan, makapangyarihang pagkabuhay na muli, at nangingibabaw na pag-akyat sa langit—1:4-5.

   **Apoc. 1:4-5** Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono, [5]At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

B. Ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos ay ang Espiritu—22:17a; Juan 7:39:

**Apoc. 22:17a** At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

**Juan 7:39** Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat ang Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati.

1. Ang Espiritu ay ang totalidad, ang kabuoan, ng lahat ng elemento ng mga titulo ng Espiritu ng Diyos—Mat. 3:16; 10:20; Luc. 1:35; 4:18; Roma 8:9; Gal. 4:6.

   **Mat. 3:16** At nang mabautismuhan, agad na umahon si Hesus mula sa tubig, at narito, ang kalangitan ay nabuksan sa Kanya, at nakita Niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang isang kalapati at padapo sa Kanya.

   **Mat. 10:20** Sapagkat hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang Siyang magsasalita sa pamamagitan ninyo.

   **Luc. 1:35** At sumagot ang anghel at sinabi sa kanya, Darating sa iyo ang Espiritu Santo at lililim sa iyo ang kapangyarihan ng a Kataas-taasan; kaya't ang banal na bagay na isisilang ay tatawaging Anak ng Diyos.

   **Luc. 4:18** "Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa-Akin, sapagkat pinahiran Niya Ako upang magpahayag ng ebanghelyo sa mga dukha; isinugo Niya Ako upang iproklama ang pagpapalaya sa mga bihag, at ang pagpapanumbalik ng paningin sa mga bulag, upang palayain ang mga hinaapi.

   **Roma 8:9** Ngunit kayo ay wala sa laman, kundi nasa espiritu, kung tunay na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo. Ngunit kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Kristo, siya ay hindi sa Kanya.

   **Gal. 4:6** At dahil kayo ay mga anak, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng Kanyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama!
2. Bilang kasukdulan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, ang Espiritu ay ang pagpapala ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos—3:14.

© 2025 Living Stream Ministry

**Gal. 3:14** Upang ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Hentil sa loob ni Kristo Hesus, upang matanggap natin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya.

C. Ang Tres-unong Diyos sa Apocalipsis ay ang nagtatayo at naitayong Diyos—21:18-19a, 21:

**Apoc. 21:18-19a** At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda.

**Apoc. 21:21** At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin.

1. Ang Biblia ay napasusukdol sa Bagong Herusalem, na siyang mismong Diyos na nasa pasimula—Gen. 1:1; Apoc. 21:10:

   **Gen. 1:1** Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.

   **Apoc. 21:10** At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

   a. Ang namumukod-tanging Diyos sa kalaunan ay lumaki at lumawak tungo sa isang lunsod para sa Kanyang walang hanggang kahayagan.

   b. Sa Kanyang ekonomiya ang Diyos ay naging ang Bagong Herusalem—b. 10.

      **Apoc. 21:10** At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

   c. Sa Bagong Herusalem ang Tres-unong Diyos ay naisagawa tungo sa loob ng Kanyang pinili at tinubos na bayan—bb. 18-19a, 21a.

      **Apoc. 21:18-19a** At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda.

      **Apoc. 21:21a** At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin.

2. Ang Diyos na naging ang Bagong Herusalem ay ang nagtatayo at naitayong Diyos—2 Sam. 7:12, 14a; Mat. 16:18; Efe. 3:17:

   **2 Sam. 7:12** Kapag ang iyong mga araw ay naganap na at ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga ninuno, aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong katawan, at aking itatatag ang kanyang kaharian.

   **2 Sam. 7:14a** Ako'y magiging kanyang ama at siya'y magiging aking anak. Kapag siya'y gumawa ng kasamaan, parurusahan ko siya ng pamalo ng mga tao, at ng panghampas ng mga anak ng mga tao.

   **Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

   **Efe. 3:17** Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

*© 2025 Living Stream Ministry*

a. Itinatayo ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang pinagmumulan, elemento, at esensiya ang ekklesia sa pamamagitan ng pagtatayo ng Kanyang sarili tungo sa loob ng ating katauhan—b. 17.

**Efe. 3:17** Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

b. Isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang pagnanais na itayo ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa loob ng ating katauhan at itayo tayo tungo sa loob Niya mismo; sa kalaunan, ang kalalabasan ng pagtatayong ito ay magiging ang Bagong Herusalem—Apoc. 21:2, 10.

**Apoc. 21:2.** At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:10** At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

D. Sa aklat ng Apocalipsis, mayroon tayong napasukdol na pahayag hinggil sa Dibinong Trinidad para sa dibinong pamamahagi—22:1-2; 7:17a; 21:6b; Juan 4:14b:

**Apoc. 22:1-2** At ipinakita niya sa akin ang isang bilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

**Apoc. 7:17a** Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

**Apoc. 21:6b** At sinabi Niya sa akin, Nangyari na ang mga ito. Ako ang Alpha at ang Omega, ang Pasimula at ang Wakas. Ang nauuhaw ay paiinumin Ko nang walang bayad sa balong ng tubig ng buhay.

**Juan 4:14b** Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

1. Ang dibinong pamamahagi ay ang pamamahagi ng Diyos ng Kanyang sarili tungo sa loob ng Kanyang pinili at tinubos na bayan bilang kanilang buhay, panustos-buhay, at lahat-lahat—2 Cor. 13:14.

   **2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

2. Sa dibinong pamamahagi, ang Ama ang bukal, ang Anak ang balong, at ang Espiritu ang daloy.

*© 2025 Living Stream Ministry*

Mensahe Lima

## Si Kristo bilang ang Isa na Nagbibigay sa Atin ng Kapahingahan

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 1:26, 31—2:2; Mat. 11:28-30; Exo. 31:12-17

**Gen. 1:26** Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

**Gen. 1:31** Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikaanim na araw.

**Gen. 2:1-2** Nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat ng mga bagay sa mga iyon. [2]Nang ikapitong araw ay natapos ng Diyos ang gawain na kanyang ginawa, at nagpahinga siya nang ikapitong araw mula sa lahat ng gawaing kanyang ginawa.

**Mat. 11:28-30** Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. [29]Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. [30]Sapagkat ang Aking pamatok ay madali at ang Aking pasanin ay magaan.

**Exo. 31:12-17** At sinabi [ni Jehovah] kay Moises, [13]"Sabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Inyong ipapangilin ang aking mga Sabbath, sapagkat ito'y isang tanda sa akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga salinlahi, upang inyong makilala na akong [si Jehovah] ang nagpapabanal sa inyo. [14]Inyong ipapangilin ang Sabbath, sapagkat iyon ay banal para sa inyo. Bawat lumapastangan dito ay walang pagsalang papatayin, sapagkat sinumang gumawa ng anumang gawa sa araw na iyon ay ititiwalag sa kanyang bayan. [15]Anim na araw na gagawin ang gawain, subalit ang ikapitong araw ay Sabbath ng taimtim na pagpapahinga, banal [kay Jehovah]; sinumang gumawa ng anumang gawa sa araw ng Sabbath ay walang pagsalang papatayin. [16]Kaya't ang mga anak ni Israel ay mangingilin ng Sabbath, na iingatan ang Sabbath sa buong panahon ng kanilang mga salinlahi, bilang isang palagiang tipan. [17]Ito'y isang tanda sa akin at sa mga anak ni Israel magpakailanman na sa loob ng anim na araw ay ginawa [ni Jehovah] ang langit at lupa, at sa ikapitong araw siya ay nagpahinga at naginhawahan."

**I. "Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat ang Aking pamatok ay madali at ang Aking pasanin ay magaan"—Mat. 11:28-30:**

**Mat. 11:28-30** Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. [29]Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. [30]Sapagkat ang Aking pamatok ay madali at ang Aking pasanin ay magaan.

A. Ang magpagal dito ay tumutukoy hindi lamang sa pagpapagal na pagsisikap na tuparin ang mga utos ng kautusan at mga panrelihiyong regulasyon bagkus gayundin sa pagpapagal na pagpupunyaging maging matagumpay sa anumang gawain; sinuman ang nagpapagal nang gayon ay palaging lubhang nabibigatan.

B. Pagkatapos purihin ng Panginoon ang Ama, kinikilala ang paraan ng Ama at idinedeklara ang dibinong ekonomiya (bb. 25-27), tinawag Niya ang ganitong uri ng mga tao na lumapit sa Kanya upang mamahinga.

**Mat. 11:25-27** Sa oras na iyon, sumagot si Hesus at nagsabi, Itinatanyag Kita, Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, sapagkat ikinubli Mo ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino at inihayag Mo ang mga ito sa mga sanggol. [26]Oo, Ama, sapagkat gayon ang nakalulugod sa Iyong paningin. [27]Ang lahat ng bagay ay ibinigay sa Akin ng Aking Ama, at walang sinuman ang lubos na nakakikilala sa Anak maliban sa Ama; ni walang sinuman ang lubos na nakakikilala sa Ama maliban sa Anak at sa kaninumang ninanais ng Anak na ihayag Siya.

C. Ang kapahingahan ay tumutukoy hindi lamang sa pagiging napalaya mula sa pagpapagal at pasanin sa ilalim ng kautusan o relihiyon o sa ilalim ng anumang gawain o responsabilidad, bagkus sa sakdal na kapayapaan at lubos na kasiyahan din.

D. Ang pasanin ang pamatok ng Panginoon ay ang kunin ang kalooban ng Ama; hindi ito ang maregulahan o makontrol ng anumang obligasyon ng kautusan o relihiyon o ang maalipin ng anumang gawain, kundi ang mapilit ng kalooban ng Ama.

E. Namuhay ang Panginoon ng gayong buhay, hindi nagpapahalaga sa anuman kundi sa kalooban ng Ama (Juan 4:34; 5:30; 6:38); ipinasailalim Niya nang lubusan ang Kanyang sarili sa kalooban ng Ama (Mat. 26:39, 42); kaya, hinihiling Niya sa ating matuto sa Kanya:

**Juan 4:34** Sinabi sa kanila ni Hesus, Ang Aking pagkain ay ang gawin ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin at tapusin ang Kanyang gawain.

**Juan 5:30** Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

**Juan 6:38** Sapagkat bumaba Ako mula sa langit hindi upang gawin ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

**Mat. 26:39** At nang makalayo-layo nang kaunti, Siya ay nagpatirapa at nanalangin, na nagsasabi, Ama Ko, kung posible, lumampas nawa sa Akin ang sarong ito; gayunma'y hindi ang ayon sa kalooban Ko, kundi ang ayon sa kalooban Mo.

**Mat. 26:42** Muli, pagkaalis sa ikalawang pagkakataon, Siya ay nanalangin, na nagsasabi, Ama Ko, kung hindi ito maaaring lumampas malibang ito ay Aking inumin, mangyari ang Iyong kalooban.

1. Kinokopya ng mga mananampalataya ang Panginoon sa kanilang espiritu sa pamamagitan ng pagpasan sa Kanyang pamatok—ang kalooban ng Diyos—at pagpapagal para sa ekonomiya ng Diyos ayon sa Kanyang modelo—11:29a; 1 Ped. 2:21.

   **Mat. 11:29a** Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

   **1 Ped. 2:21** Sapagkat ukol dito ay tinawag kayo, dahil si Kristo rin naman ay nagdusa alang-alang sa inyo, nag-iwan sa inyo ng modelo upang kayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak.

2. Ibinigay sa atin ng Panginoon, na mapagpasailalim at masunurin sa Ama sa buong buhay Niya, ang Kanyang buhay ng pagpapasailalim at pagsunod—Fil. 2:5-11; Heb. 5:7-9.

   **Fil. 2:5-11** Mapasainyo ang ganitong pag-iisip, na na kay Kristo Hesus din naman, [6]Siya na umiiral sa anyo ng Diyos, hindi Niya itinuring na isang kayamanang dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos, [7]Kundi binasyo Niya ang Kanyang sarili, kinukuha ang anyo ng isang alipin, nagiging kawangis ng mga tao; [8]At nang masumpungan sa wangis ng tao, Siya ay nagpakumbaba, naging masunurin maging hanggang sa kamatayan, at iyon ay ang kamatayan sa krus. [9]Kaya't Siya naman ay ipinagkataas-taas ng Diyos at ipinagkaloob sa Kanya ang pangalang higit sa lahat ng pangalan, [10]Upang sa pangalan ni Hesus ay lumuhod ang bawat tuhod, ng mga nasa langit at nasa lupa at nasa ilalim ng lupa, [11]At ang bawat dila ay hayagang magpahayag na si HesuKristo ay Panginoon sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.

   **Heb. 5:7-9** Ang Isang ito, sa mga araw ng Kanyang laman, na naghandog kapwa ng mga pagdaing at mga pagsamo na may malakas na pagtangis at mga luha sa Kanya na may

*© 2025 Living Stream Ministry*

kakayahang iligtas Siya palabas ng kamatayan at dininig dahil sa Kanyang makadiyos na takot, [8]Bagama't Siya'y Anak, ay natuto ng pagsunod mula sa mga bagay na Kanyang pinagdusahan. [9]At nang mapasakdal, Siya ay naging pinagmumulan ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng sumusunod sa Kanya.

3. Si Kristo ang unang Diyos-tao, at tayo ang maraming Diyos-tao; kailangan nating matuto sa Kanya sa Kanyang lubos na pagpapasailalim sa Diyos at sa Kanyang sukdulang kasiyahan sa Diyos.
4. Ginagawa sa atin ng Diyos ang kalugod-lugod sa Kanyang paningin sa pamamagitan ni Hesu-Kristo upang magawa natin ang Kanyang kalooban (13:20-21); gumagawa ang Diyos sa loob natin kapwa ng pagnanais at ng paggawa para sa Kanyang mabuting kaluguran (Fil. 2:13).

**Heb. 13:20-21** Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan, [21]Ay pasakdalin nawa kayo sa bawat mabuting gawa para sa paggawa ng Kanyang kalooban, ginagawa sa atin yaong kalugod-lugod sa Kanyang paningin sa pamamagitan ni Hesu-Kristo; mapasa-Kanya ang kaluwalhatian magpakailan pa man. Amen.

**Fil. 2:13** Sapagkat Diyos ang gumagawa sa loob ninyo kapwa ng pagnanais at ng paggawa para sa Kanyang mabuting kaluguran.

F. Ang maging maamo, o mahinahon, ay nangangahulugang hindi labanan ang pagsalungat, at ang maging mapagpakumbaba ay nangangahulugang hindi magkaroon ng mataas na pagtingin sa sarili; sa lahat ng pagsalungat, ang Panginoon ay maamo, at sa lahat ng pagtanggi, Siya ay may mapagpakumbabang puso.

G. Ipinasailalim Niya nang lubusan ang Kanyang sarili sa kalooban ng Kanyang Ama, hindi nagnanais na gumawa ng anuman para sa Kanyang sarili o umaasang may matatamo para sa Kanyang sarili; kaya, anuman ang sitwasyon ay mayroon Siyang kapahingahan sa Kanyang puso; lubusan Siyang nasiyahan sa kalooban ng Kanyang Ama.

H. Ang kapahingahan na ating nasusumpungan sa pamamagitan ng pagpasan sa pamatok ng Panginoon at pagkatuto sa Kanya ay para sa ating mga kaluluwa; ito ay isang panloob na kapahingahan; hindi ito anumang bagay lamang na panlabas sa kalikasan.

I. Natututo tayo sa Panginoon ayon sa Kanyang halimbawa, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay kundi sa pamamagitan Niya bilang ating buhay sa pagkabuhay na muli—Efe. 4:20-21; 1 Ped. 2:21.

**Efe. 4:20-21** Ngunit hindi sa ganoon ninyo natutuhan si Kristo, [21]Kung tunay na Siya ay inyong narinig at kayo ay naturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus.

**1 Ped. 2:21** Sapagkat ukol dito ay tinawag kayo, dahil si Kristo rin naman ay nagdusa alang-alang sa inyo, nag-iwan sa inyo ng modelo upang kayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak.

J. Ang pamatok ng Panginoon ay ang kalooban ng Ama, at ang Kanyang pasanin ay ang gawain ng pagsasagawa ng kalooban ng Ama; ang gayong pamatok ay madali, hindi mapait, at ang gayong pasanin ay magaan, hindi mabigat.

K. Ang salitang Griyego para sa *madali* ay nangangahulugang "angkop para gamitin"; kaya, mainam, mabuti, magaan, katamtaman, madali, kalugod-lugod—salungat sa mahirap, malupit, matindi, mapait.

L. Kung papasanin natin ang pamatok ng Panginoon (ang kalooban ng Ama) at matututo sa Kanya, makasusumpong tayo ng kapahingahan para sa ating mga kaluluwa; ang pamatok ng ekonomiya ng Diyos ay katulad nito; ang lahat ng bagay sa ekonomiya ng Diyos ay hindi isang mabigat na pasanin bagkus isang katamasahan.

**II. Sa Exodo 31:12-17, pagkatapos ng mahabang talâ hinggil sa pagtatayo ng pinaninirahang lugar ng Diyos, may pag-uulit ng utos na ganapin ang Sabbath; ayon sa Colosas 2:16-17, si**

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Kristo ang realidad ng Sabbath na kapahingahan; Siya ang ating kakumpletuhan, kapahingahan, katahimikan, at lubos na kasiyahan—Heb. 4:7-9; Isa. 30:15a:**

**Exo. 31:12-17** At sinabi [ni jehovah] kay Moises, [13]“Sabihin mo sa mga anak ni Israel, ‘Inyong ipapangilin ang aking mga Sabbath, sapagkat ito'y isang tanda sa akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga salinlahi, upang inyong makilala na akong [si Jehovah] ang nagpapabanal sa inyo. [14]Inyong ipapangilin ang Sabbath, sapagkat iyon ay banal para sa inyo. Bawat lumapastangan dito ay walang pagsalang papatayin, sapagkat sinumang gumawa ng anumang gawa sa araw na iyon ay ititiwalag sa kanyang bayan. [15]Anim na araw na gagawin ang gawain, subalit ang ikapitong araw ay Sabbath ng taimtim na pagpapahinga, banal [kay Jehovah]; sinumang gumawa ng anumang gawa sa araw ng Sabbath ay walang pagsalang papatayin. [16]Kaya't ang mga anak ni Israel ay mangingilin ng Sabbath, na iingatan ang Sabbath sa buong panahon ng kanilang mga salinlahi, bilang isang palagiang tipan. [17]Ito'y isang tanda sa akin at sa mga anak ni Israel magpakailanman na sa loob ng anim na araw ay ginawa [ni Jehovah] ang langit at lupa, at sa ikapitong araw siya ay nagpahinga at naginhawahan.’”

**Col. 2:16-17** Kaya’t huwag hayaang hatulan kayo ng sinuman sa pagkain at sa pag-inom o tungkol sa pista o bagong buwan o Sabbath, [17]Na anino ng mga bagay na darating, ngunit ang katawan ay kay Kristo.

**Heb. 4:7-9** Muli Siyang nagtakda ng isang araw, ngayon, na sinasabi sa pamamagitan ni David pagkatapos ng mahabang panahon, gaya nga ng sinabi noong una, “Ngayon, kung maririnig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso.” [8]Sapagkat kung nadala na sila ni Josue sa kapahingahan, hindi na sana Siya nagsalita hinggil sa iba pang araw pagkatapos ng mga bagay na ito. [9]Kaya’t may natitira pang Sabbath na kapahingahan para sa bayan ng Diyos.

**Isa. 30:15a** Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoong Jehovah, ng Banal ng Israel, / Sa pagbabalik at sa pagpapahinga ay maliligtas kayo; / Sa katahimikan at pagtitiwala ay magiging inyong lakas; / Ngunit ayaw ninyo.

A. Ang katunayan na ang paningit hinggil sa Sabbath ay kasunod ng pag-aatas para sa gawaing pagtatayo ng tabernakulo ay nagpapahiwatig na sinasabi ng Panginoon sa mga nagtatayo, mga manggagawa, na matuto kung paano magpahinga kasama Niya habang gumagawa sila para sa Kanya.

B. Kung alam lamang nating gumawa para sa Panginoon ngunit hindi natin alam kung paano magpahinga kasama Niya, tayo ay kumikilos nang salungat sa dibinong prinsipyo:

1. Nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw dahil natapos na Niya ang Kanyang gawain at nasiyahan Siya; nahayag ang kaluwalhatian ng Diyos dahil taglay ng tao ang Kanyang larawan, at maipatutupad na ang Kanyang awtoridad para sa pagsupil sa Kanyang kaaway, si Satanas; hangga’t inihahayag ng tao ang Diyos at tinutuos ang kaaway ng Diyos, ang Diyos ay nasisiyahan at nakapagpapahinga—Gen. 1:26, 31—2:2.

   **Gen. 1:26** Sinabi ng Diyos, “Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.”

   **Gen. 1:31** Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikaanim na araw.

   **Gen. 2:1-2** Nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat ng mga bagay sa mga iyon. [2]Nang ikapitong araw ay natapos ng Diyos ang gawain na kanyang ginawa, at nagpahinga siya nang ikapitong araw mula sa lahat ng gawaing kanyang ginawa.

2. Kalaunan, ang ikapitong araw ay ginunita bilang Sabbath (Exo. 20:8-11); ang ikapitong araw ng Diyos ay ang unang araw ng tao.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Exo. 20:8-11** "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang ingatan itong banal. [9]Anim na araw kang gagawa at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain; [10]ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath [kay Jehovah] mong Diyos. Sa araw na ito ay huwag kang gagawa ng anumang gawain, ikaw o ang iyong anak na lalaki, ang iyong anak na babae, ang iyong aliping lalaki, ang iyong aliping babae, ang iyong mga baka, ang dayuhang nasa loob ng iyong mga pintuan; [11]sapagkat sa loob ng anim na araw ay ginawa [ni Jehovah] ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng naroroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; kaya't binasbasan ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at ginawa itong banal.

3. Inihanda ng Diyos ang lahat ng bagay para sa katamasahan ng tao; pagkatapos likhain ang tao, hindi siya sumama sa gawain ng Diyos; pumasok siya sa kapahingahan ng Diyos.
4. Nilikha ang tao hindi upang gumawa muna kundi upang masiyahan sa Diyos at magpahinga kasama ng Diyos (cf. Mat. 11:28-30); ginawa ang Sabbath para sa tao, hindi ang tao para sa Sabbath (Marc. 2:27).

   **cf. Mat. 11:28-30** Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. [29]Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. [30]Sapagkat ang Aking pamatok ay madali at ang Aking pasanin ay magaan.

   **Marc. 2:27** At sinabi Niya sa kanila, Ginawa ang Sabbath para sa tao, at hindi ang tao para sa Sabbath.

C. Sinasabi sa Exodo 31:17, "Sa loob ng anim na araw ay ginawa ni Jehovah ang langit at lupa, at sa ikapitong araw Siya ay nagpahinga at napanariwa":

   **Exo. 31:17** Ito'y isang tanda sa akin at sa mga anak ni Israel magpakailanman na sa loob ng anim na araw ay ginawa [ni Jehovah] ang langit at lupa, at sa ikapitong araw siya ay nagpahinga at naginhawahan.'"

1. Ang Sabbath ay hindi lamang isang kapahingahan sa Diyos bagkus isa ring pagpapanariwa sa Kanya.
2. Nagpahinga ang Diyos pagkatapos makumpleto ang Kanyang gawain ng paglikha; tiningnan Niya ang Kanyang gawa, ang kalangitan, ang lupa, at ang lahat ng buháy na bagay, lalo na ang tao, at sinabing, "Napakabuti!"—Gen. 1:31.

   **Gen. 1:31** Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikaanim na araw.

3. Napanariwa ang Diyos sa tao; nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan na may espiritu nang sa gayon ay magkaroon ang tao ng pakikipagsalamuha sa Kanya; ang tao, kung gayon, ay pagpapanariwa sa Diyos—b. 26; 2:7; cf. Juan 4:31-34.

   **Gen. 1:26** Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **Gen. 2:7** At nilalang [ni Jehovah na Diyos] ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa.

   **cf. Juan 4:31-34** Samantala, hinimok Siya ng mga disipulo, na nagsasabi, Rabbi, kumain Ka. [32]Subalit sinabi Niya sa kanila, Ako ay may pagkaing kakainin na hindi ninyo alam. [33]Kaya't sinabi ng mga disipulo sa isa't isa, May nagdala ba sa Kanya ng anumang makakain? [34]Sinabi sa kanila ni Hesus, Ang Aking pagkain ay ang gawin ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin at tapusin ang Kanyang gawain.

4. Ang Diyos ay isang "binata" bago Niya nilikha ang sangkatauhan (cf. Gen. 2:18, 22); ninanais Niyang tanggapin Siya, ibigin Siya, mapuspos Niya, at ihayag Siya ng tao upang maging Kanyang asawang babae (2 Cor. 11:2; Efe. 5:25); sa walang hanggang hinaharap ang Diyos ay

© 2025 Living Stream Ministry

magkakaroon ng asawang babae, ang Bagong Herusalem, na tinatawag na asawang babae ng Kordero (Apoc. 21:9-10).

**cf. Gen. 2:18** At sinabi [ni Jehovah na Diyos], "Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya."

**cf. Gen. 2:22** At ang tadyang na kinuha [ni Jehovah na Diyos] sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**2 Cor. 11:2** Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap kayo bilang isang dalisay na birhen kay Kristo.

**Efe. 5:25** Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya.

**Apoc. 21:9-10** At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero. [10]At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

5. Ang tao ay tulad ng nakapananariwang inumin na pumapawi sa uhaw ng Diyos at nagbibigay-kasiyahan sa Kanya; nang matapos ng Diyos ang Kanyang gawain at nagsimulang magpahinga, taglay na Niya ang tao bilang Kanyang kasama.
6. Sa Diyos ang ikapitong araw ay isang araw ng kapahingahan at pagpapanariwa; gayunpaman, sa tao, ang kasama ng Diyos, ang araw ng kapahingahan at pagpapanariwa ay ang unang araw; ang unang araw ng tao ay isang araw ng pagtatamasa.

D. Isang dibinong prinsipyo na hindi hinihiling sa atin ng Diyos na gumawa hangga't hindi pa tayo nakapagtatamasa; pagkatapos ng isang ganap na pagtatamasa kasama Niya at sa Kanya, maaari na tayong gumawa kasama Niya:

1. Kung hindi natin alam kung paano magtamasa kasama ng Diyos, kung paano tamasahin ang Diyos Mismo, at kung paano mapuspos ng Diyos, hindi natin malalaman kung paano gumawa kasama Niya at maging kaisa Niya sa Kanyang dibinong gawain; tinatamasa ng tao kung ano ang naisakatuparan ng Diyos sa Kanyang gawain.
2. Sa araw ng Pentecostes ang mga disipulo ay napuspos ng Espiritu, na nangangahulugang napuspos sila ng pagtatamasa sa Panginoon; dahil napuspos sila ng Espiritu, inakala ng iba na sila ay lango sa alak—Gawa 2:4a, 12-13.

   **Gawa 2:4a** At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain.

   **Gawa 2:12-13** At silang lahat ay nagtaka at naguluhan, na nagsasabi sa isa't isa, Ano ang kahulugan nito? [13]Subalit ang iba ay nanlibak at nagsabi, Sila ay punô ng bagong alak!
3. Sa katunayan, sila ay napuspos ng pagtatamasa sa makalangit na alak; tanging pagkatapos nilang mapuspos ng pagtatamasang ito na nagsimula silang gumawa kasama ng Diyos sa loob ng kaisahan sa Kanya; ang Pentecostes ang unang araw ng ikawalong linggo; samakatwid, hinggil sa araw ng Pentecostes, makikita natin ang prinsipyo ng unang araw.
4. Sa Diyos, isa itong bagay ng paggawa at pagpapahinga; sa tao, isa itong bagay ng pagpapahinga at paggawa.

E. Sa paggawa ng dibinong gawain ng Diyos na itayo ang ekklesia, na isinasagisag ng gawain upang itayo ang tabernakulo, kailangan nating magtaglay ng isang tanda na magpapahiwatig na tayo ay bayan ng Diyos at na kailangan natin Siya; sa gayon, magkakaroon tayo ng kakayahang gumawa hindi lamang para sa Diyos bagkus kasama rin ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging kaisa ng Diyos; Siya ay magiging kalakasan natin upang gumawa at enerhiya natin upang makapagpagal:

*© 2025 Living Stream Ministry*

1. Tayo ay bayan ng Diyos, at dapat tayong magtaglay ng isang tanda na kailangan natin Siya upang maging ating katamasahan, kalakasan, enerhiya, at lahat-lahat nang sa gayon ay magkaroon tayo ng kakayahang gumawa para sa Kanya upang parangalan at luwalhatiin Siya.
2. Ang Sabbath ay nangangahulugang bago tayo gumawa para sa Diyos, kailangan nating tamasahin ang Diyos at mapuspos Niya; ipinangaral ni Pedro ang ebanghelyo sa pamamagitan ng nagpupuspos na Diyos, ng nagpupuspos na Espiritu; samakatwid, si Pedro ay may tanda na siya ay kamanggagawa ng Diyos, at ang kanyang pangangaral ng ebanghelyo ay isang karangalan at kaluwalhatian sa Diyos—b. 14.

   **Gawa 2:14** Ngunit si Pedro, nakatayong kasama ng labing-isa, ay inilakas ang kanyang tinig at nagsalita sa kanila: Mga ginoo ng Judea, at lahat ng naninirahan sa Herusalem, hayaang malaman ninyo ito, at pakinggan ninyo ang aking mga salita.
3. Bilang bayan ng Diyos, kailangan nating magtaglay ng isang tanda na tayo ay nagpapahinga muna kasama ng Diyos, nagtatamasa muna sa Diyos, at napupuspos muna ng Diyos, at pagkatapos tayo ay gumagawa kasama ng mismong Isa na pumupuspos sa atin; higit pa rito, hindi lamang tayo gumagawa kasama ng Diyos bagkus gumagawa rin tayo bilang mga kaisa ng Diyos.
4. Sa ating pagsasalita sa bayan ng Diyos, kailangan natin palaging hangaring magtaglay ng isang tanda na ang Panginoon ay ang ating kalakasan, ating enerhiya, at ating lahat-lahat para sa paghahain ng salita—2 Cor. 13:3; Gawa 6:4.

   **2 Cor. 13:3** Yamang naghahanap kayo ng katibayan ukol kay Kristo na nagsasalita sa loob ko, na hindi mahina tungo sa inyo kundi makapangyarihan sa loob ninyo.

   **Gawa 6:4** Ngunit magpapatuloy kaming matibay sa pananalangin at sa ministeryo ng salita.

F. Ang ganapin ang Sabbath ay isa ring walang hanggang kasunduan, o tipan, na nagbibigay-katiyakan sa Diyos na tayo ay magiging kaisa Niya sa pamamagitan ng pagtatamasa muna sa Kanya at pagiging napuspos Niya at pagkatapos sa pamamagitan ng paggawa para sa Kanya, kasama Niya, at sa loob ng kaisahan sa Kanya—Exo. 31:16:

**Exo. 31:16** Kaya't ang mga anak ni Israel ay mangingilin ng Sabbath, na iingatan ang Sabbath sa buong panahon ng kanilang mga salinlahi, bilang isang palagiang tipan.

1. Isang seryosong bagay ang gumawa para sa Panginoon sa pamamagitan ng ating sarili nang hindi Siya tinatanggap at tinatamasa sa pamamagitan ng pag-inom at pagkain sa Kanya—cf. 1 Cor. 12:13; Juan 6:57.

   **cf. 1 Cor. 12:13** Sapagkat sa isang Espiritu rin ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, mga Hudyo man o mga Griyego, mga alipin man o mga laya, at pinagkaloobang lahat na uminom sa isang Espiritu.

   **Juan 6:57** Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.
2. Habang nagsasalita si Pedro sa araw ng Pentecostes, sa panloob ay bumabahagi siya kay Hesus, iniinom at kinakain Siya.

G. Ang Sabbath ay isa ring bagay ng pagpapabanal (Exo. 31:13); kapag tinatamasa natin ang Panginoon at pagkatapos ay gumagawa kasama Niya, para sa Kanya, at sa pamamagitan ng pagiging kaisa Niya, kusang-kusa na tayo ay napapabanal, naibubukod tungo sa Diyos mula sa lahat ng bagay na pangkaraniwan, at natitigmakan ng Diyos upang halinhan ang lahat ng bagay na makalaman at natural.

**Exo. 31:13** “Sabihin mo sa mga anak ni Israel, ‘Inyong ipapangilin ang aking mga Sabbath, sapagkat ito'y isang tanda sa akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga salinlahi, upang inyong makilala na akong [si Jehovah] ang nagpapabanal sa inyo.

H. Sa buhay-ekklesia, maaaring gumagawa tayo ng maraming bagay nang hindi muna nagtatamasa sa Panginoon at nang hindi naglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng pagiging kaisa ng

*© 2025 Living Stream Ministry*

Panginoon; ang gayong uri ng paglilingkod ay nagreresulta sa espiritwal na kamatayan at sa pagkawala ng salamuha sa Katawan (bb. 14-15).

**Exo. 31:14-15** Inyong ipapangilin ang Sabbath, sapagkat iyon ay banal para sa inyo. Bawat lumapastangan dito ay walang pagsalang papatayin, sapagkat sinumang gumawa ng anumang gawa sa araw na iyon ay ititiwalag sa kanyang bayan. [15]Anim na araw na gagawin ang gawain, subalit ang ikapitong araw ay Sabbath ng taimtim na pagpapahinga, banal [kay Jehovah]; sinumang gumawa ng anumang gawa sa araw ng Sabbath ay walang pagsalang papatayin.

I. Ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa pinaninirahang lugar ng Diyos ay naghahatid sa atin sa iisang bagay—sa Sabbath kasama ang kapahingahan at pagpapanariwa nito sa Panginoon; sa buhay-ekklesia, tayo ay nasa tabernakulo, at ang tabernakulo ang naghahatid sa atin tungo sa kapahingahan, tungo sa pagtatamasa sa layunin ng Diyos at sa kung ano ang Kanyang ginawa!

J. Ang gawaing pagtatayo ng tabernakulo at ng lahat ng kasangkapan nito (sumasagisag sa gawain ng Panginoon na itayo ang ekklesia) ay dapat magsimula sa pagtatamasa sa Diyos at magpatuloy sa mga pagitan ng pagpapanariwa sa pamamagitan ng pagtatamasa sa Diyos; ipahihiwatig nito na hindi tayo gumagawa para sa Diyos sa pamamagitan ng ating sariling kalakasan, kundi sa pamamagitan ng pagtatamasa sa Kanya at sa pamamagitan ng pagiging kaisa Niya; ito ang ganapin ang prinsipyo ng Sabbath nang taglay si Kristo bilang panloob na kapahingahan sa ating espiritu.

*© 2025 Living Stream Ministry*

## Mensahe Anim

### Si Kristo bilang ang Isa na Nagtataglay ng Lahat ng Awtoridad sa Langit at sa Lupa

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 7:29; 21:24; Luc. 5:24; Roma 9:21-22; Heb. 13:17

**Mat. 7:29** Sapagkat sila ay tinuruan Niya gaya ng Isang may awtoridad at hindi tulad ng kanilang mga eskriba.

**Mat. 21:24** At sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Tatanungin Ko rin kayo ng isang bagay, na kung sasabihin ninyo sa Akin ay sasabihin Ko rin sa inyo kung sa anong awtoridad Ko ginagawa ang mga bagay na ito.

**Luke 5:24** Subalit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may awtoridad sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan—sinabi Niya sa paralitiko, Sinasabi Ko sa iyo, Bumangon ka at buhatin ang iyong higaan at umuwi ka sa iyong bahay.

**Roma 9:21-22** O wala bang awtoridad sa luwad ang magpapalayok na gumawa mula sa parehong limpak ng isang sisidlan sa ikararangal at isa pa sa di-ikararangal? 22At paano kung ang Diyos, sa pagnanais na ipakita ang Kanyang poot at ipakilala ang Kanyang kapangyarihan, ay nagbatá ng maraming pagtitiis sa mga sisidlan ng kapootan na nararapat sa pagkawasak.

**Heb. 13:17** Sumunod kayo sa mga nangunguna sa inyo at magpasailalim sa kanila, sapagkat binabantayan nila ang inyong mga kaluluwa bilang mga yaong magbibigay-sulit, upang gawin nila ito nang may kagalakan at hindi naghihinagpis; sapagkat hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo.

**I. Kailangan nating magkaroon ng kahulugan ng *awtoridad*—Mat. 7:29:**

**Mat. 7:29** Sapagkat sila ay tinuruan Niya gaya ng Isang may awtoridad at hindi tulad ng kanilang mga eskriba.

A. Ang pinakamainam na kahulugan ng *awtoridad* ay "ang kapangyarihan o karapatan na magbigay ng utos, gumawa ng mga pasya, at magpatupad ng pagsunod, na madalas ay nagmumula sa posisyon ng kapangyarihan o kasanayan."

B. Sa Biblia, ang *awtoridad* ay "ang moral na karapatan na gumamit ng kapangyarihan, na ganap na nagmumula at nanggagaling sa Diyos."

**II. Ang Diyos ay ang pinakamataas na awtoridad; taglay Niya ang lahat ng awtoridad—Roma 9:21-22:**

**Roma 9:21-22** O wala bang awtoridad sa luwad ang magpapalayok na gumawa mula sa parehong limpak ng isang sisidlan sa ikararangal at isa pa sa di-ikararangal? 22At paano kung ang Diyos, sa pagnanais na ipakita ang Kanyang poot at ipakilala ang Kanyang kapangyarihan, ay nagbatá ng maraming pagtitiis sa mga sisidlan ng kapootan na nararapat sa pagkawasak.

A. Kinakatawan ng awtoridad ng Diyos ang Diyos Mismo; kinakatawan lamang ng kapangyarihan ng Diyos ang mga gawa ng Diyos—Mat. 21:24; Luc. 5:24.

**Mat. 21:24** At sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Tatanungin Ko rin kayo ng isang bagay, na kung sasabihin ninyo sa Akin ay sasabihin Ko rin sa inyo kung sa anong awtoridad Ko ginagawa ang mga bagay na ito.

**Luc. 5:24** Subalit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may awtoridad sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan—sinabi Niya sa paralitiko, Sinasabi Ko sa iyo, Bumangon ka at buhatin ang iyong higaan at umuwi ka sa iyong bahay.

B. Ang awtoridad ng Diyos sa katunayan ay ang Diyos Mismo; ang awtoridad ay nagmumula sa mismong katangian ng Diyos—Apoc. 22:1.

**Apoc. 22:1** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

C. Ang lahat ng awtoridad—espiritwal, pamposisyon, at pampamahalaan—ay nagmumula sa Diyos—2 Cor. 10:8; 13:10; Juan 19:10-11; Gen. 9:6.

**2 Cor. 10:8** Sapagkat kahit pa magmapuri ako nang labis hinggil sa aming awtoridad, na ibinigay ng Panginoon sa ikatatayo ninyo at hindi sa ikagigiba ninyo, hindi ako mapapahiya.

**2 Cor. 13:10** Kaya isinusulat ko ang mga bagay na ito samantalang ako ay wala pa upang kapag naririyan na ay hindi ko na kailangang gumamit ng kabagsikan, ayon sa awtoridad na ibinigay sa akin ng Panginoon para sa ikatatayo at hindi sa ikagigiba.

**Juan 19:10-11** Kaya sinabi sa Kanya ni Pilato, Hindi Ka makikipagusap sa akin? Hindi Mo ba alam na may awtoridad akong palayain Ka at may awtoridad akong ipapako Ka sa krus? [11]Sumagot sa kanya si Hesus, Hindi ka magkakaroon ng awtoridad laban sa Akin kung hindi ito ibinigay sa iyo mula sa itaas; sa kadahilanang ito, ang nagdala sa Akin sa iyo ay may mas malaking kasalanan.

**Gen. 9:6** Sinumang magpadanak ng dugo ng tao, ang dugo ng taong iyon ay papadanakin ng ibang tao; sapagkat nilalang ang tao sa larawan ng Diyos.

D. Kapag nahipo natin ang awtoridad ng Diyos, mahihipo natin ang Diyos Mismo—Isa. 6:1-5:

**Isa. 6:1-5** Noong taong mamatay si Haring Uzias ay nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa isang tronong matayog at mataas; at napuno ang templo ng laylayan ng kanyang damit. [2]Sa itaas niya ay nakatayo ang mga serafin; bawat isa'y may anim na pakpak; may dalawang nakatakip sa kanyang mukha, may dalawa na nakatakip sa kanyang mga paa, at may dalawa na naglilipad sa kanya. [3]At tinawag ng isa ang isa at sinabi: Banal, banal, banal [si Jehovah] ng mga hukbo; / Ang buong lupa ay punô ng kanyang kaluwalhatian.” [4]At ang mga pundasyon ng mga pintuan ay nayanig sa tinig ng sumisigaw, at ang bahay ay napuno ng usok. [5]Nang magkagayo'y sinabi ko, Kahabag-habag ako! / Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi, / At ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na may maruruming labi; / Sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, [si Jehovah] ng mga hukbo!”

1. Ang makatagpo ang awtoridad ng Diyos ay kapareho ng makatagpo ang Diyos—Amos 4:12.

   **Amos 4:12** Kaya't ganito ang gagawin ko sa iyo, O Israel; / Sapagkat aking gagawin ito sa iyo, / Humanda ka sa pagsalubong sa iyong Diyos, O Israel.

2. Ang labagin ang awtoridad ng Diyos ay kapareho ng labagin ang Diyos Mismo.

E. Sa ating relasyon sa Diyos, wala nang mas hahalaga pa kaysa sa paghipo sa awtoridad—Gawa 9:5; Mat. 11:25.

**Gawa 9:5** At sinabi niya, Sino Ka, Panginoon? At sinabi Niya, Ako si Hesus, na iyong pinag-uusig.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Mat. 11:25** Sa oras na iyon, sumagot si Hesus at nagsabi, Itinatanyag Kita, Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, sapagkat ikinubli Mo ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino at inihayag Mo ang mga ito sa mga sanggol.

F. Ang pagkilala sa awtoridad ay isang panloob na pahayag sa halip na isang panlabas na pagtuturo—Gawa 22:6-16.

**Gawa 22:6-16** At habang naglalakbay ako at a papalapit sa Damasco nang magtatanghaling-tapat, biglang kumislap mula sa langit ang isang matinding liwanag sa palibot ko; [7]At nabuwal ako sa lupa at narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig? [8]At sumagot ako, Sino Ka, Panginoon? At sinabi Niya sa akin, Ako si Hesus na Nazareno, na iyong pinag-uusig. [9]At nakita ng mga kasama ko ang liwanag, subalit hindi nila narinig ang tinig ng Isa na nagsasalita sa akin. [10]At sinabi ko, Ano ang gagawin ko, Panginoon? At sinabi ng Panginoon sa akin, Tumindig ka at pumunta ka sa Damasco, at doon ay sasabihin sa iyo ang tungkol sa lahat ng bagay na itinalagang gawin mo. [11]At nang hindi ako makakita dahil sa kaluwalhatian ng liwanag na iyon, inakay ako ng mga kasama ko at nakarating sa Damasco. [12]At isang Ananias, isang lalaking deboto ayon sa kautusan, na pinapatotohanan ng lahat ng Hudyong naninirahan doon na siya ay mabuti, [13]Ang lumapit sa akin, at pagtayo sa tabi ko ay sinabi sa akin, Saulo, kapatid, tanggapin mo ang iyong paningin! At nang oras ding iyon ay tumingin ako sa kanya. [14]At sinabi niya, ang Diyos ng ating mga magulang ay nagtalaga sa iyo upang malaman ang Kanyang kalooban at makita ang matuwid na Isa at marinig ang tinig mula sa Kanyang bibig; [15]Sapagkat ikaw ay magiging isang saksi sa Kanya sa lahat ng tao ukol sa mga bagay na iyong nakita at narinig. [16]At ngayon, bakit ka nag-aantala? Tumindig ka at magpabautismo at hugasan ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa Kanyang pangalan.

G. Tanging ang Diyos ang tuwirang awtoridad sa tao; ang lahat ng iba pang awtoridad ay mga di-tuwirang awtoridad—mga itinalagang awtoridad, mga kinatawang awtoridad, hinirang ng Diyos—Dan. 4:32, 34-37:

**Dan. 4:32** Ikaw ay palalayasin sa mga tao, at ang iyong tirahan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng mga baka at pitong panahon ang daraan sa iyo, hanggang sa iyong kilalanin na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa sinumang kanyang naisin."

**Dan. 4:34-37** At sa katapusan ng panahong iyon, akong si Nebukadnezar ay nagtaas ng aking paningin sa langit, at ang aking katinuan ay nanumbalik sa akin. Aking pinuri ang Kataas-taasan, at aking pinuri at pinarangalan siya na nabubuhay magpakailanman. / Sapagkat ang kanyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, / At ang kanyang kaharian ay nananatili sa sali't salinlahi. [35]Ang lahat ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala, / At kanyang ginagawa ang ayon sa kanyang kalooban sa hukbo ng langit / At sa mga nananahan sa lupa; / Walang makakahadlang sa kanyang kamay / O makapagsasabi sa kanya, Anong ginagawa mo? [36]Sa oras na iyon ay nanumbalik sa akin ang aking katinuan, at ang aking kadakilaan at kamahalan ay ibinalik sa akin para sa kaluwalhatian ng aking kaharian. Hinanap ako ng aking mga tagapayo at mga maharlikang tao; at ako'y muling inilagay sa aking kaharian, at higit pang kadakilaan ang naparagdag sa akin. [37]Ngayon akong si Nebukadnezar ay nagpupuri, at nagbubunyi, at nagpaparangal sa Hari ng langit; sapagkat ang lahat niyang gawa ay katotohanan, at ang kanyang mga pamamaraan ay makatarungan; at kaya niyang ibaba ang mga lumalakad na may kapalaluan.

*© 2025 Living Stream Ministry*

1. Tanging kapag nakatagpo natin ang awtoridad ng Diyos na makapagpapasailalim tayo sa mga itinalagang awtoridad na hinihirang ng Diyos—Mat. 28:18; Heb. 13:17; 1 Ped. 5:5.

   **Mat. 28:18** At lumapit si Hesus at nagsalita sa kanila, na nagsasabi, Lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay na sa Akin**.**

   **Heb. 13:17** Sumunod kayo sa mga nangunguna sa inyo at magpasailalim sa kanila, sapagkat binabantayan nila ang inyong mga kaluluwa bilang mga yaong magbibigay-sulit, upang gawin nila ito nang may kagalakan at hindi naghihinagpis; sapagkat hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo.

   **1 Ped. 5:5** Sa parehong paraan, kayong mga nakababatang lalaki ay magpasakop sa mga nakatatanda; at kayong lahat ay magbigkis ng pagpapakumbaba sa pakikitungo sa isa't isa, sapagkat sinasalangsang ng Diyos ang mga palalo subalit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.
2. Hinihiling ng Diyos na magpasailalim tayo hindi lamang sa Kanya bagkus sa lahat ng itinalagang awtoridad—Roma 13:1-7; 2 Cor. 10:8; 13:10; Heb. 13:17.

   **Rom. 13:1-7** Ang bawat tao ay magpasakop sa mga awtoridad na nakatataas sa kanya, sapagkat walang awtoridad malibang mula sa Diyos, at ang mga umiiral ay itinalaga ng Diyos. [2]Kaya nga ang lumalaban sa awtoridad ay sumasalungat sa pagtatalaga ng Diyos, at ang mga sumasalungat ay tatanggap ng kahatulan sa kanilang sarili. [3]Sapagkat ang mga pinuno ay hindi isang kilabot sa mabuting gawa, kundi sa masama. Ibig mo bang mawalan ng takot sa awtoridad? Gawin mo ang mabuti, at magkakaroon ka ng papuri mula sa kanya; [4]Sapagkat siya ay lingkod ng Diyos sa iyo sa ikabubuti. Ngunit kung ginagawa mo ang masama, matakot ka; hindi niya dinadala nang walang kabuluhan ang tabak; sapagkat siya ay lingkod ng Diyos, isang tagapaghiganti sa ikapopoot sa kanya na gumagawa ng masama. [5]Kaya't kinakailangang magpasakop, hindi lamang dahil sa kapootan bagkus dahil din sa budhi. [6]Sapagkat dahil dito ay nagbabayad din kayo ng buwis; sapagkat sila ay mga opisyal ng Diyos, palagiang nangangasiwa sa mismong bagay na ito. [7]Ibigay ninyo sa lahat ang mga bagay na nararapat: buwis sa dapat buwisan, bayad sa dapat bayaran, takot sa dapat katakutan, parangal sa dapat parangalan.

   **2 Cor. 10:8** Sapagkat kahit pa magmapuri ako nang labis hinggil sa aming awtoridad, na ibinigay ng Panginoon sa ikatatayo ninyo at hindi sa ikagigiba ninyo, hindi ako mapapahiya.

   **2 Cor. 13:10** Kaya isinusulat ko ang mga bagay na ito samantalang ako ay wala pa upang kapag naririyan na ay hindi ko na kailangang gumamit ng kabagsikan, ayon sa awtoridad na ibinigay sa akin ng Panginoon para sa ikatatayo at hindi sa ikagigiba.

   **Heb. 13:17**Sumunod kayo sa mga nangunguna sa inyo at magpasailalim sa kanila, sapagkat binabantayan nila ang inyong mga kaluluwa bilang mga yaong magbibigay-sulit, upang gawin nila ito nang may kagalakan at hindi naghihinagpis; sapagkat hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo.
3. Ang mga hindi nagpapasailalim sa di-tuwirang awtoridad ng Diyos ay hindi makapagpapasailalim sa tuwirang awtoridad ng Diyos.
4. Ninanais ng Diyos na magpasailalim tayo sa di-tuwirang awtoridad—mga itinalagang awtoridad—nang sa gayon ay makatanggap tayo ng espiritwal na tustos.

H. Kailangan nating lahat makatagpo ng awtoridad, matakdaan ng Diyos, at magabayan ng Kanyang itinalagang awtoridad—Isa. 37:16; Fil. 2:12; Heb. 13:17.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Isa. 37:16** "O [Jehovah] ng mga hukbo, Diyos ng Israel na nakaupo sa mga kerubin. Ikaw ang Diyos, ikaw lamang, sa lahat ng mga kaharian sa lupa; ikaw ang gumawa ng langit at lupa.

**Fil. 2:12** Kaya nga, mga minamahal ko, kung paanong lagi kayong sumusunod, hindi lamang kapag kayo ay nasa harapan ko bagkus lalo ngayong ako'y wala, isagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan nang may takot at panginginig.

**Heb. 13:17** Sumunod kayo sa mga nangunguna sa inyo at magpasailalim sa kanila, sapagkat binabantayan nila ang inyong mga kaluluwa bilang mga yaong magbibigay-sulit, upang gawin nila ito nang may kagalakan at hindi naghihinagpis; sapagkat hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo.

**III. May dalawang dakilang prinsipyo sa sansinukob—ang awtoridad ng Diyos at ang pagrerebelde ni Satanas; ang namumukod-tanging kontrobersiya sa pagitan ng Diyos at ni Satanas ay may kinalaman sa awtoridad—Gawa 26:18; Col. 1:13:**

**Gawa 26:18** Upang buksan ang kanilang mga mata, upang ibaling sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag at mula sa awtoridad ni Satanas tungo sa Diyos, upang makatanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng isang mana sa gitna niyaong mga napabanal sa pamamagitan ng pananampalataya sa Akin.

**Col. 1:13** Na siyang nagligtas sa atin mula sa awtoridad ng kadiliman at naglipat sa atin tungo sa kaharian ng Anak ng Kanyang pag-ibig.

A. Ang pagrerebelde ay ang pagtatatwa sa awtoridad ng Diyos at ang pagtanggi sa pamumuno ng Diyos:

1. Si Satanas ay orihinal na isang arkanghel na nilikha ng Diyos, ngunit dahil sa kanyang kapalaluan ay itinaas niya ang kanyang sarili, nilabag niya ang pagkasoberano ng Diyos, nagrebelde sa Diyos, naging katunggali ng Diyos, at nagtatag ng sarili niyang kaharian—Isa. 14:12-14; Ezek. 28:2-19; Mat. 12:26.

**Isa. 14:12-14** Ano't nahulog ka mula sa langit, / O Tala sa Umaga, anak ng Umaga! / Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, / Ikaw na siyang nagpabagsak sa mga bansa!
13Sinabi mo sa iyong puso: / Ako'y aakyat sa langit; / Sa itaas ng mga bituin ng Diyos / Aking itatatag ang aking trono sa itaas. / Ako'y uupo sa bundok na pinagtitipunan / sa malayong hilaga.
14Ako'y aakyat sa itaas ng mga kaitaasan ng mga ulap; / Gagawin ko ang aking sarili na gaya ng Kataas-taasan.

**Ezek. 28:2-19** "Anak ng tao, sabihin mo sa pinuno ng Tiro, Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: "Sapagkat ang iyong puso ay nagmamataas, at iyong sinabi, 'Ako'y diyos, ako'y nakaupo sa upuan ng mga diyos, sa pusod ng mga dagat,' gayunman ikaw ay tao lamang, at hindi Diyos, bagaman ginawa mo ang iyong puso na parang puso ng Diyos.
3Narito, ikaw ay higit na marunong kaysa kay Daniel; walang lihim ang malilihim sa iyo;
4sa pamamagitan ng iyong karunungan at pagkaunawa nagkaroon ka ng mga kayamanan para sa iyong sarili, at nakapagtipon ka ng ginto at pilak sa iyong mga kabang-yaman;
5sa pamamagitan ng iyong dakilang karunungan sa pangangalakal napalago mo ang iyong kayamanan, at ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kayamanan—
6kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: "Sapagkat ginawa mo ang iyong puso na parang puso ng Diyos,
7kaya't ako'y magdadala ng mga dayuhan sa iyo, ang kakilakilabot sa mga bansa; at kanilang bubunutin ang kanilang mga tabak laban sa kagandahan ng iyong karunungan, at kanilang durungisan ang iyong kaningningan.
8Kanilang ibababa ka sa hukay; at ikaw ay mamamatay ng kamatayan ng pinaslang sa pusod ng mga dagat.
9Sabihin mo pa kaya sa harapan nila na pumapatay sa iyo, 'Ako'y Diyos!'

*© 2025 Living Stream Ministry*

bagaman ikaw ay tao lamang at hindi Diyos, sa kamay nila na sumusugat sa iyo?
10Ikaw ay mamamatay ng pagkamatay ng mga hindi tuli sa pamamagitan ng kamay
ng mga dayuhan; sapagkat ako ang nagsalita, sabi ng Panginoong Diyos.” 11Bukod
dito'y dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na sinasabi, 12“Anak ng tao,
managhoy ka para sa hari ng Tiro, at sabihin mo sa kanya, Ganito ang sabi ng
Panginoong Diyos: “Ikaw ang tatak ng kasakdalan, punô ng karunungan, at sakdal
sa kagandahan. 13Ikaw ay nasa Eden na halamanan ng Diyos; bawat mahahalagang
bato ay iyong kasuotan, ang sardio, topacio, diamante, berilo, onix, jaspe, zafiro,
karbungko, at esmeralda; at ang ginto at ang pagkayari ng iyong pandereta at ng
iyong mga plauta ay nasa iyo; sa araw na ikaw ay lalangin inihanda ang mga ito.
14Inilagay kita na may pinahirang kerubin na nagbabantay; ikaw ay nasa ibabaw ng
banal na bundok ng Diyos; ikaw ay naglalakad sa gitna ng mga batong apoy. 15Ikaw
ay sakdal sa iyong mga landas mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang
kasamaan ay matagpuan sa iyo. 16Dahil sa karamihan ng iyong kalakal ay napuno ka
ng karahasan, at ikaw ay nagkasala; kaya't inihagis kita bilang maruming bagay
mula sa bundok ng Diyos, at winasak kita, O tumatakip na kerubin mula sa gitna ng
mga batong apoy. 17Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan; iyong
pinasama ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan. Inihagis kita sa lupa;
aking inilantad ka sa harapan ng mga hari, upang pagsawaan ka ng kanilang mga
mata. 18Sa pamamagitan ng karamihan ng iyong mga kasamaan, sa kalikuan ng
iyong pangangalakal, iyong nilapastangan ang iyong mga santuwaryo; kaya't ako'y
naglabas ng apoy sa gitna mo; tinupok ka niyon, at ginawa kitang abo sa ibabaw ng
lupa sa paningin ng lahat ng nakakita sa iyo. 19Silang lahat na nakakakilala sa iyo sa
gitna ng mga bayan, ay natigilan dahil sa iyo; ikaw ay dumating sa isang
kakilakilabot na wakas, at ikaw ay hindi na mabubuhay pa.”

**Mat. 12:26** At kung pinalalayas ni Satanas si Satanas, siya ay nahahati laban sa kanyang sarili. Paano kaya makatatayo ang kanyang kaharian?

2. Nang magkasala ang tao, nagrebelde siya sa Diyos, itinatwa ang awtoridad ng Diyos, at tinanggihan ang pamumuno ng Diyos; sa Babel, nagrebelde ang mga tao nang sama-sama laban sa Diyos upang ipawalang-bisa ang awtoridad ng Diyos sa lupa—Gen. 3:1-6; 11:1-9.

**Gen. 3:1-6** Ang ahas nga ay higit na tuso kaysa alinman sa mga mailap na hayop sa
parang na nilikha ng Panginoong Diyos. Sinabi niya sa babae, “Sinabi ba ng Diyos,
‘Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?’” 2At
sinabi ng babae sa ahas, “Makakain namin ang bunga ng mga punungkahoy sa
halamanan; 3subalit sinabi ng Diyos, ‘Huwag ninyong kakainin ang bunga ng
punungkahoy na nasa gitna ng halamanan; huwag din ninyo itong hihipuin, kundi
kayo'y mamamatay.’” 4Subalit sinabi ng ahas sa babae, “Tiyak na hindi kayo
mamamatay. 5Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo'y kumain noon ay
mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na
nakakakilala ng mabuti at masama.” 6Kaya't nang makita ng babae na ang bunga ng
punungkahoy ay mabuting kainin, nakakalugod sa paningin, na dapat nasain upang
maging matalino, siya ay pumitas ng bunga nito at kinain ito; at binigyan din niya
ang kanyang asawa na kasama niya, at siya'y kumain.

**Gen. 11:1-9** Noon, ang buong lupa ay iisa ang wika at magkakatulad ang salita. 2Sa
kanilang paglalakbay sa silangan, nakatagpo sila ng isang kapatagan sa lupain ng
Shinar, at sila'y tumira doon. 3At sinabi nila sa isa't isa, “Halikayo! Tayo'y gumawa
ng mga tisa at ating lutuing mabuti.” At ang kanilang bato ay tisa at alkitran ang

*© 2025 Living Stream Ministry*

kanilang semento. [4]Sinabi nila, "Halikayo! Magtayo tayo ng isang lunsod at isang tore na ang taluktok nito ay hanggang sa langit, at gumawa tayo ng pangalan para sa ating mga sarili, baka tayo magkawatak-watak sa ibabaw ng buong lupa." [5]Bumaba [si Jehovah] upang tingnan ang lunsod at ang tore na itinayo ng mga anak ng mga tao. [6]At sinabi [ni Jehovah], "Tingnan ninyo, sila'y iisang bayan at may isang wika; at ito ay pasimula pa lamang ng kanilang gagawin, at ngayon, walang makakapigil sa anumang kanilang binabalak gawin. [7]Halikayo! Tayo'y bumaba at ating guluhin ang kanilang wika, upang hindi nila maunawaan ang pananalita ng bawat isa." [8]Kaya't ikinalat sila [ni Jehovah] mula roon sa ibabaw ng buong lupa, at huminto sila sa pagtatayo ng lunsod. [9]Kaya't ang ipinangalan dito ay Babel, sapagkat doon ay ginulo [ni Jehovah] ang wika ng buong lupa, at mula roon ay ikinalat sila [ni Jehovah] sa ibabaw ng buong lupa.

B. Bagama't nagrebelde si Satanas sa awtoridad ng Diyos at bagama't nilabag ng tao ang Kanyang awtoridad sa pamamagitan ng pagrerebelde sa Kanya, hindi hahayaan ng Diyos na magpatuloy ang pagrerebeldeng ito; itatatag Niya ang Kanyang kaharian sa lupa—Apoc. 11:15.

**Apoc. 11:15** At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

C. Ang sentro ng pagtatalo sa sansinukob ay may kaugnayan sa kung sino ang may awtoridad—4:2-3:

**Apoc. 4:2-3** Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono ay may Isang nakaupo; [3]At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

1. Kailangan nating makipaglaban kay Satanas sa pamamagitan ng paggiit na ang awtoridad ay nasa Diyos—Gawa 17:24, 30.

   **Gawa 17:24** Ang Diyos na gumawa ng sanlibutan at ng lahat ng bagay na naririto, ang Isang ito, na Panginoon ng langit at lupa, ay hindi tumitira sa mga templong gawa ng mga kamay**.**

   **Gawa 17:30** Kaya, pagkatapos palampasin ang mga panahon ng kamangmangan, inuutusan ngayon ng Diyos ang lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi.

2. Kailangan nating itakda ang ating sarili na magpasailalim sa awtoridad ng Diyos at tanganan ang awtoridad ng Diyos—Mat. 11:25.

   **Mat. 11:25** Sa oras na iyon, sumagot si Hesus at nagsabi, Itinatanyag Kita, Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, sapagkat ikinubli Mo ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino at inihayag Mo ang mga ito sa mga sanggol.

D. Ang kasalanan ng pagrerebelde ay higit na seryoso kaysa sa anupamang uri ng kasalanan—1 Sam. 15:23.

**1 Sam. 15:23** Sapagkat ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng pangkukulam, / At ang katigasan ng ulo ay gaya ng katampalasanan at pagsamba sa mga diyus-diyosan. / Sapagkat itinakuwil mo ang salita [ni Jehovah], / Itinakuwil ka rin Niya sa pagiging hari."

## IV. Ang isang tao na kumakatawan sa Diyos na may awtoridad (isang kinatawang awtoridad) ay dapat magkaroon ng sumusunod na kuwalipikasyon:

A. Dapat siyang magpasailalim sa awtoridad—Mat. 8:8-9.

**Mat. 8:8-9** Subalit sumagot ang senturyon at nagsabi, Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa Iyo sa ilalim ng aking bubong; ngunit magsabi Ka lamang ng

© 2025 Living Stream Ministry

isang salita, at gagaling ang aking lingkod. [9]Sapagkat ako rin ay isang taong nasa ilalim ng awtoridad, na may mga kawal sa ilalim ko. At sinasabi ko sa isang ito, Humayo ka, at siya ay humahayo; at sa isa pa, Halika, at siya ay lumalapit; at sa aking alipin, Gawin mo ito, at ginagawa niya ito.

B. Dapat niyang matanto na sa kanyang sarili, wala siyang awtoridad—28:18; 2 Cor. 10:8; 13:10.

**Mat. 28:18** At lumapit si Hesus at nagsalita sa kanila, na nagsasabi, Lahat ng 1 awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay na sa Akin.

**2 Cor. 10:8** Sapagkat kahit pa magmapuri ako nang labis hinggil sa aming awtoridad, na ibinigay ng Panginoon sa ikatatayo ninyo at hindi sa ikagigiba ninyo, hindi ako mapapahiya.

**2 Cor. 13:10** Kaya isinusulat ko ang mga bagay na ito samantalang ako ay wala pa upang kapag naririyan na ay hindi ko na kailangang gumamit ng kabagsikan, ayon sa awtoridad na ibinigay sa akin ng Panginoon para sa ikatatayo at hindi sa ikagigiba.

C. Alam niya dapat ang kalooban ng Diyos—Efe. 1:9; 5:17.

**Efe. 1:9** Ipinaaalam sa atin ang hiwaga ng Kanyang kalooban ayon sa Kanyang mabuting kaluguran, na nilayon Niya sa Kanyang sarili.

**Efe. 5:17** Kaya't huwag kayong maging mangmang, kundi unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.

D. Dapat siyang maging isang tao na nagtatatwa sa sarili—Mat. 16:24.

**Mat. 16:24** Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

E. Dapat siyang maging kaisa ng Panginoon at mamuhay sa palagian at matalik na pakikipagsalamuha sa Panginoon—1 Cor. 6:17; 1:9; 1 Juan 1:3.

**1 Cor. 6:17** Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

**1 Cor. 1:9** Ang Diyos ay tapat, na sa pamamagitan Niya ay tinawag kayo tungo sa salamuha ng Kanyang Anak, si HesuKristo na ating Panginoon.

**1 Juan 1:3** Yaong aming nakita at narinig ay iniuulat din namin sa inyo upang kayo rin ay magkaroon ng salamuha sa amin, at tunay nga na ang aming salamuha ay sa Ama at sa Kanyang Anak na si Hesu-Kristo.

F. Hindi siya dapat maging subhektibo at hindi dapat kumilos ayon sa kanyang sariling damdamin—2 Cor. 3:5.

**2 Cor. 3:5** Hindi sa kami ay sapat sa aming sarili upang ituring ang anumang bagay na mula sa aming sarili; kundi ang aming kasapatan ay b mula sa Diyos.

G. Dapat siyang maging mabait at mapagbiyaya sa pakikitungo sa iba—Luc. 6:35; cf. Roma 5:15-16; 1 Cor. 2:12.

**Luc. 6:35** Ngunit ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at gumawa kayo ng mabuti at magpahiram, na hindi umaasa ng anumang kapalit, at ang inyong gantimpala ay magiging malaki, at kayo ay magiging mga anak ng Kataas-taasan; sapagkat Siya ay mabait sa mga di-mapagpasalamat at masasama.

**cf. Roma 5:15-16** Subalit ang mabiyayang kaloob ay hindi gaya ng sa pagsalangsang; sapagkat kung sa pamamagitan ng pagsalangsang ng isa ay namatay ang marami, higit pa ang biyaya ng Diyos at ang kaloob na walang bayad sa biyaya ng isang taong si Hesu-Kristo ay sumagana sa marami. [16]At ang nangyari sa kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng sa isa na nagkasala; sapagkat ang kahatulan ay mula sa isang pagsalangsang sa ikakokondena, subalit ang mabiyayang kaloob ay mula sa maraming pagsalangsang sa a ikaaaring-matuwid.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**1 Cor. 2:12** Subalit tinanggap natin hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu na mula sa Diyos, upang malaman natin ang mga bagay na mabiyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos**.**

H. Dapat siyang maging isang tao na nasa pagkabuhay na muli, namumuhay sa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—2 Cor. 1:9; 4:14.

**2 Cor. 1:9** Subalit tinanggap natin hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu na mula sa Diyos, upang malaman natin ang mga bagay na mabiyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

**2 Cor. 4:14** Nalalamang Siya na nagbangon sa Panginoong Hesus ay magbabangon din sa amin na kasama ni Hesus at itatayo kami sa harap Niya na kasama kayo.

I. Dapat siyang magpakababa sa harap ng Diyos—Bil. 14:5; 16:3-4, 22, 45; Mat. 11:29; Roma 12:16; Luc. 14:7-11; 1 Ped. 5:5-6.

**Bil. 14:5** Nang magkagayon, sina Moises at Aaron ay nagpatirapa sa harap ng buong kapulungan ng bayan ng mga anak ni Israel.

**Bil. 16:3-4** Sila'y nagtipon laban kina Moises at Aaron at sinabi nila sa kanila, “Sumusobra na kayo! Ang buong kapulungan ay banal, bawat isa sa kanila, at [si Jehovah] ay nasa gitna nila; bakit nga ninyo itinataas ang inyong sarili sa kapulungan ng Panginoon?” [4]Nang marinig ito ni Moises, siya ay nagpatirapa.

**Bil. 16:22** Sila'y nagpatirapa, at nagsabi, “O Diyos, na Diyos ng mga espiritu ng lahat ng laman, sa pagkakasala ba ng isang tao ay magagalit ka sa buong kapulungan?”

**Bil. 16:45** “Lumayo kayo sa gitna ng kapulungang ito, upang aking lipulin sila sa isang iglap.” At sila'y nagpatirapa.

**Mat. 11:29** Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

**Roma 12:16** Maging magkakatulad kayo ng iniisip tungo sa isa’t isa, hindi itinutuon ang inyong pag-iisip sa matataas na bagay kundi nakikiayon sa mabababa; huwag kayong magmarunong sa inyong sarili.

**Luc. 14:7-11** At nagsalaysay Siya ng isang talinghaga sa mga inanyayahan, nang mapansin Niya kung gaanong pinipili nila ang mga dakong pandangal, na nagsasabi sa kanila, [8]Kapag inanyayahan ka ng sinuman sa isang piging ng kasalan, huwag kang uupo sa dakong pandangal, baka may inanyayahan siyang mas marangal kaysa sa iyo, [9]At ang nag-anyaya sa iyo at sa kanya ay lalapit at magsasabi sa iyo, Ibigay mo sa isang ito ang lugar na iyan; at pagkatapos ay may kahihiyan mong sisimulang okupahan ang pinakamababang lugar. [10]Subalit kapag ikaw ay inanyayahan, pumunta ka at umupo sa pinakamababang lugar, upang kapag dumating ang nag-anyaya sa iyo, masasabi niya sa iyo, Kaibigan, pumunta ka sa mas mataas. Kung gayon ay magkakaroon ka ng kaluwalhatian sa harap ng lahat ng kasama mong nakaupo. [11]Sapagkat ang bawat nagmamataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas.

**1 Ped. 5:5-6** Sa parehong paraan, kayong mga nakababatang lalaki ay magpasakop sa mga nakatatanda; at kayong lahat ay magbigkis ng pagpapakumbaba sa pakikitungo sa isa’t isa, sapagkat sinasalangsang ng Diyos ang mga palalo subalit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. [6]Kaya’t kayo ay maipakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos upang kayo ay Kanyang itaas sa takdang panahon.

J. Dapat niyang magawang pasanin ang mga pagkakasala—Exo. 16:7; Bil. 14:2, 5, 9, 27; Mat. 6:14-15; 1 Cor. 4:6-13.

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Exo. 16:7** At sa kinaumagahan ay inyong makikita ang kaluwalhatian [ni Jehovah], sapagkat Kanyang naririnig ang inyong mga pagrereklamo laban [kay Jehovah]. Sapagkat ano kami, na nagrereklamo kayo sa amin?"

**Bil. 14:2** At nagreklamo ang lahat ng mga anak ni Israel laban kina Moises at Aaron. Sinabi sa kanila ng buong sambayanan, "Namatay na sana tayo sa lupain ng Ehipto! O kaya'y namatay na sana tayo sa ilang na ito!

**Bil. 14:5** Nang magkagayon, sina Moises at Aaron ay nagpatirapa sa harap ng buong kapulungan ng bayan ng mga anak ni Israel.

**Bil. 14:9** Huwag lamang kayong maghimagsik laban [kay Jehovah] ni matakot sa mga tao ng lupaing iyon, sapagkat sila'y para lamang tinapay sa atin; ang kanyang kalinga ay inalis sa kanila, at [si Jehovah] ay kasama natin; huwag kayong matakot sa kanila."

**Bil. 14:27** "Hanggang kailan magrereklamo laban sa akin ang masamang kapulungang ito? Aking narinig ang mga reklamo ng mga anak ni Israel na kanilang sinasabi laban sa akin.

**Mat. 6:14-15** Sapagkat kung patatawarin ninyo ang mga tao sa kanilang mga pagsalangsang, patatawarin din kayo ng inyong makalangit na Ama; [15]Subalit kung hindi ninyo patatawarin ang mga tao sa kanilang mga sala, hindi rin patatawarin ng inyong Ama ang inyong mga pagsalangsang**.**

**1 Cor. 4:6-13** Ngayon ang mga bagay na ito, mga kapatid, ay ginamit kong paglalarawan sa aking sarili at kay Apollos para sa inyong kapakanan, upang matutuhan ninyo sa amin ang hindi paglampas sa nakasulat, upang hindi ipagpalalo ng sinuman sa inyo ang isa, laban sa iba. [7]Sapagkat sino ang nagpapangyaring maiba ka sa iba? At ano ang mayroon ka na hindi mo tinanggap? At kung tinanggap mo nga ito, bakit mo ipinagmamapuri na parang hindi mo ito tinanggap? [8]Kayo ay mga busog na; kayo ay mayaman na; kayo ay naghari nang wala kami. At ibig ko nga sanang maghari kayo, upang kami rin ay magharing kasama ninyo. [9]Sapagkat, iniisip ko, kaming mga apostol ay inilagay ng Diyos na kahuli-hulihan sa lahat tulad sa mga nahatulan ng kamatayan, sapagkat kami ay naging panoorin sa sanlibutan, kapwa sa mga anghel at sa mga tao. [10]Kami ay mga mangmang dahil kay Kristo, ngunit kayo ay may maingat na katalinuhan kay Kristo; kami ay mahihina, ngunit kayo ay malalakas; kayo ay maluwalhati, ngunit kami ay walang karangalan. [11]Hanggang sa oras na ito ay nagugutom kami at nauuhaw, at mga hubad at binugbog at lumilibot nang walang tahanan; [12]At kami ay nagpapagal, nagtatrabaho sa pamamagitan ng sarili naming mga kamay. Bagaman nilalait ay nagpapala kami; bagaman inuusig ay nagtitiis kami; [13]Bagaman sinisiraang-puri ay naghihikayat kami. Kami ay naging tulad ng mga patapon ng sanlibutan, dumi ng lahat ng bagay, hanggang ngayon.

K. Dapat siyang magkaroon ng kamalayan ng kanyang kawalang-kakayahan at pagiging di-karapat-dapat—Exo. 3:11; 4:6-7, 10; 2 Cor. 3:5; 1 Cor. 15:10.

**Exo. 3:11** Sinabi ni Moises sa Diyos, "Sino ako upang pumaroon kay Faraon at upang ilabas sa Ehipto ang mga anak ni Israel?"

**Exo. 4:6-7** Sinabi pa sa kanya [ni Jehovah], "Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib." Kanyang ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas, ang kanyang kamay ay ketongin, maputing parang niyebe. [7]Sinabi ng Diyos, "Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong dibdib." Kanyang muling ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas sa kanyang dibdib, nanumbalik ito gaya ng iba niyang laman.

**Exo. 4:10** Ngunit sinabi ni Moises [kay Jehovah], "O Panginoon, ako'y hindi mahusay magsalita, mula pa noon o kahit na mula nang magsalita ka sa iyong lingkod; sapagkat ako'y makupad sa pananalita at umid ang dila."

*© 2025 Living Stream Ministry*

**2 Cor. 3:5** Hindi sa kami ay sapat sa aming sarili upang ituring ang anumang bagay na mula sa aming sarili; kundi ang aming kasapatan ay mula sa Diyos.

**1 Cor. 15:10** Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako; at ang Kanyang biyayang ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan, kundi, sa kabaligtaran, ako ay higit na nagpagal kaysa sa kanilang lahat, ngunit hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.

L. Dapat siyang maging isang tao na kumakatawan sa Diyos nang wasto—Bil. 20:2-13; 2 Cor. 5:18, 20; Efe. 6:20.

**Bil. 20:2-13** At walang tubig na mainom ang kapulungan at sila'y nagpulong laban kina Moises at Aaron. [3]Nakipag-away ang bayan kay Moises at nagsabi, "Sana ay namatay na kami nang mamatay ang aming mga kapatid sa harap [ni Jehovah]! [4]Bakit ninyo dinala ang kapulungan [ni Jehovah] sa ilang na ito upang kami at ang aming mga hayop ay mamatay dito? [5]At bakit ninyo kami pinaahon mula sa Ehipto upang dalhin kami sa masamang lugar na ito? Hindi ito lugar na bukirin, o ng igos, o ng ubasan, o ng mga granada; at dito'y walang tubig na mainom." [6]Sina Moises at Aaron ay umalis sa harap ng kapulungan at nagtungo sa pintuan ng toldang tipanan at nagpatirapa. Ang kaluwalhatian [ni Jehovah] ay nagpakita sa kanila. [7]Nagsalita [si Jehovah] kay Moises, na sinasabi, [8]"Kunin mo ang tungkod at tipunin mo ang kapulungan, ikaw at ang kapatid mong si Aaron, at magsalita kayo sa bato sa harapan nila upang magbigay ito ng kanyang tubig. Sa gayon ka maglalabas ng tubig para sa kanila mula sa bato; gayon ka magbibigay ng inumin para sa kapulungan at sa kanilang mga hayop." [9]At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap [ni Jehovah], na gaya ng iniutos sa kanya. [10]Tinipon nina Moises at Aaron ang kapulungan sa harap ng malaking bato, at kanyang sinabi sa kanila, "Makinig kayo ngayon, mga mapaghimagsik! Ikukuha ba namin kayo ng tubig sa malaking batong ito?" [11]Itinaas ni Moises ang kanyang kamay at dalawang ulit na hinampas ng kanyang tungkod ang malaking bato at ang tubig ay lumabas na sagana, at uminom ang kapulungan at ang kanilang mga hayop. [12]Sinabi [ni Jehovah] kina Moises at Aaron, "Sapagkat hindi kayo sumampalataya sa akin upang ipakita ang aking kabanalan sa paningin ng mga anak ni Israel, kaya't hindi ninyo dadalhin ang kapulungang ito sa lupain na aking ibinigay sa kanila." [13]Ito ang tubig ng Meriba[a] na kung saan nakipag-away ang mga anak ni Israel [kay Jehovah] at ipinakita niya sa kanila na siya ay banal.

**2 Cor. 5:18** Ngunit ang lahat ng bagay ay mula sa Diyos, na tayo ay ipinakipagkasundo sa Kanyang sarili sa pamamagitan ni Kristo at ibinigay sa amin ang ministeryo ng pakikipagkasundo.

**2 Cor. 5:20** Kaya't kami ay mga embahador para kay Kristo, na waring namamanhik sa inyo ang Diyos sa pamamagitan namin; kami ay nagsusumamo sa inyo sa ngalan ni Kristo, Makipagkasundo kayo sa Diyos.

**Efe. 6:20** Na dahil dito, ako ay isang embahador na natatanikalaan, upang sa ganito ako ay magsalita nang may katapangan, gaya ng nararapat kong salitain.

**V. Ang pinakamahalagang panalangin at ang pinakaespiritwal na panalangin ay ang panalangin ng awtoridad—Mat. 18:18; Marc. 11:20-24:**

**Mat. 18:18** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit.

**Marc. 11:20-24** At pagdaan nila nang kinaumagahan, nakita nila na ang puno ng igos ay natuyot mula sa mga ugat. [21]At naalaala ni Pedro at sinabi sa Kanya, Rabbi, tingnan Mo, ang isinumpa Mong puno ng igos ay natuyot. [22]At sumagot si Hesus at sinabi sa kanila,

*© 2025 Living Stream Ministry*

Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. [23]Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang magsabi sa bundok na ito, Umangat ka at mapatapon sa dagat, at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi nananampalatayang mangyayari ang sinasabi niya, ito ay makakamit niya. [24]Sa dahilang ito ay sinasabi Ko sa inyo, Ang lahat ng bagay na inyong ipinapanalangin at hinihingi, manampalataya kayo na inyong tinanggap na ang mga ito, at ang mga ito ay inyong kakamtin.

A. Ang panalangin ng awtoridad ay isang utos na batay sa awtoridad—Isa. 45:11; Marc. 11:20-24:

   **Isa. 45:11** Ganito ang sabi [ni Jehovah], / Ng Banal ng Israel, at ng Maylalang sa kanya, / Magtanong ka sa Akin tungkol sa mga bagay na darating; tungkol sa Aking mga anak, / At tungkol sa gawa ng Aking mga kamay, mag-utos kayo sa Akin.

   **Marc. 11:20-24** At pagdaan nila nang kinaumagahan, nakita nila na ang puno ng igos ay natuyot mula sa mga ugat. [21]At naalaala ni Pedro at sinabi sa Kanya, Rabbi, tingnan Mo, ang isinumpa Mong puno ng igos ay natuyot. [22]At sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. [23]Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang magsabi sa bundok na ito, Umangat ka at mapatapon sa dagat, at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi nananampalatayang mangyayari ang sinasabi niya, ito ay makakamit niya. [24]Sa dahilang ito ay sinasabi Ko sa inyo, Ang lahat ng bagay na inyong ipinapanalangin at hinihingi, manampalataya kayo na inyong tinanggap na ang mga ito, at ang mga ito ay inyong kakamtin.

   1. Ang panalangin ng awtoridad ay isang nag-uutos na panalangin—Isa. 45:11.

      **Isa. 45:11** Ganito ang sabi [ni Jehovah], / Ng Banal ng Israel, at ng Maylalang sa kanya / Magtanong ka sa Akin tungkol sa mga bagay na darating; tungkol sa Aking mga anak, / At tungkol sa gawa ng Aking mga kamay, mag-utos kayo sa Akin.

   2. Kung nais nating magkaroon ng mga panalanging may bigat at may halaga sa harap ng Diyos, kailangan nating makapagbigay ng ilang utos na may awtoridad sa harap ng Diyos—Marc. 11:23.

      **Marc. 11:23** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang magsabi sa bundok na ito, Umangat ka at mapatapon sa dagat, at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi nananampalatayang mangyayari ang sinasabi niya, ito ay makakamit niya.

B. Ang panalangin ng awtoridad ay may dalawang aspekto—pagtatali at pagkakalag—Mat. 18:18:

   **Mat. 18:18** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit.

   1. Ang mga ordinaryong panalangin ay mga panalangin na humihiling sa Diyos na magtali at magkalag.
   2. Ang mga panalangin na may awtoridad ay ang mga *panalangin* kung saan tayo nagtatali at nagkakalag sa pamamagitan ng pagpapatupad ng awtoridad.

C. Ang pananalangin nang may awtoridad ay ang pananalangin ng panalangin sa Marcos 11:20-24—isang panalangin na nakadirekta hindi sa Diyos kundi sa “bundok na ito”—b. 23:

   **Marc. 11:20-24** At pagdaan nila nang kinaumagahan, nakita nila na ang puno ng igos ay natuyot mula sa mga ugat. [21]At naalaala ni Pedro at sinabi sa Kanya, Rabbi, tingnan Mo, ang isinumpa Mong puno ng igos ay natuyot. [22]At sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. [23]Katotohanang sinasabi Ko sa

© 2025 Living Stream Ministry

inyo na ang sinumang magsabi sa bundok na ito, Umangat ka at mapatapon sa dagat, at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi nananampalatayang mangyayari ang sinasabi niya, ito ay makakamit niya. [24]Sa dahilang ito ay sinasabi Ko sa inyo, Ang lahat ng bagay na inyong ipinapanalangin at hinihingi, manampalataya kayo na inyong tinanggap na ang mga ito, at ang mga ito ay inyong kakamtin.

**Marc. 11:23** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang magsabi sa bundok na ito, Umangat ka at mapatapon sa dagat, at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi nananampalatayang mangyayari ang sinasabi niya, ito ay makakamit niya.

1. Ang panalangin na may awtoridad ay hindi humihiling sa Diyos na gumawa ng isang bagay; sa halip, ipinatutupad nito ang awtoridad ng Diyos at inaaplay ang awtoridad na ito upang harapin ang mga suliranin at mga bagay na dapat maalis—b. 23.
   **Marc. 11:23** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang magsabi sa bundok na ito, Umangat ka at mapatapon sa dagat, at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi nananampalatayang mangyayari ang sinasabi niya, ito ay makakamit niya.
2. Ang panalangin na may awtoridad ay hindi ang paghiling sa Diyos nang tuwiran; sa halip, ito ay ang pagtuos sa mga suliranin sa pamamagitan ng tuwirang pag-aaplay ng awtoridad ng Diyos—Exo. 14:15-27.
   **Exo. 14:15-27** Sinabi [ni Jehovah] kay Moises, "Bakit tumatawag ka sa akin? Sabihin mo sa mga anak ni Israel na sila'y magpatuloy. [16]Itaas mo ang iyong tungkod at iunat mo ang iyong kamay sa ibabaw ng dagat, at hawiin mo, upang ang mga anak ni Israel ay makaraan sa tuyong lupa sa gitna ng dagat. [17]Aking pagmamatigasin ang puso ng mga Ehipcio upang sundan nila kayo at ako'y magkakaroon ng karangalan kay Faraon at sa buo niyang hukbo, sa kanyang mga karwahe, at sa kanyang mga mangangabayo. [18]Malalaman ng mga Ehipcio na ako [si Jehovah], kapag ako ay nakakuha na ng karangalan kay Faraon, sa kanyang mga karwahe, at sa kanyang mga mangangabayo." [19]Pagkatapos, ang anghel ng Diyos na nasa unahan ng hukbo ng Israel ay umalis at nagtungo sa hulihan nila; at ang haliging ulap ay umalis sa harap nila at nagtungo sa likod nila. [20] Ito ay lumagay sa pagitan ng hukbo ng Ehipto at ng hukbo ng Israel. Mayroong ulap at kadiliman, gayunma'y binigyan sila ng liwanag sa gabi at ang isa't isa ay hindi nagkalapit sa buong magdamag. [21]Pagkatapos, iniunat ni Moises ang kanyang kamay sa ibabaw ng dagat, at pinaghiwalay [ni Jehovah] ang dagat sa pamamagitan ng isang malakas na hanging mula sa silangan sa buong magdamag, at ang dagat ay ginawang tuyong lupa at ang tubig ay nahawi. [22]Ang mga anak ni Israel ay pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa, ang tubig ay naging isang pader sa kanila, sa kanilang gawing kanan at sa kanilang kaliwa. [23]Humabol ang mga Ehipcio at pumasok na kasunod nila sa gitna ng dagat, lahat ng mga kabayo ng Faraon, ang kanyang mga karwahe, at ang kanyang mga mangangabayo. [24]Sa pagbabantay sa kinaumagahan, tinunghayan [ni Jehovah] ang hukbo ng mga Ehipcio sa gitna ng haliging apoy at ulap, at niligalig ang hukbo ng mga Ehipcio. [25]Kanyang nilagyan ng bara ang gulong ng kanilang mga karwahe kaya't ang mga iyon ay hirap na hirap sa pag-ikot; kaya't sinabi ng mga Ehipcio, "Takbuhan na natin ang Israel, sapagkat ipinaglalaban sila [ni Jehovah] laban sa mga Ehipcio." [26]Sinabi [ni Jehovah] kay Moises, "Iunat mo ang iyong kamay sa dagat upang ang tubig ay tumabon sa mga Ehipcio, sa kanilang mga karwahe, at sa kanilang mga mangangabayo." [27]Kaya't iniunat ni Moises ang kanyang kamay sa ibabaw ng dagat, at ang dagat ay bumalik sa kanyang dating lalim

*© 2025 Living Stream Ministry*

nang mag-uumaga na. Habang ang mga Ehipcio ay tumatakas, inihagis [ni Jehovah] ang mga Ehipcio sa gitna ng dagat.

3. Ang pinakamahalagang gawain ng mga mandaraig ay ang dalhin ang awtoridad ng trono sa lupa; kung ninanais nating maging isang mandaraig, kailangan nating matutong manalangin nang may awtoridad at magsalita sa bundok—Apoc. 11:15; 12:10.

   **Apoc. 11:15** At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

   **Apoc. 12:10** At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harap ng ating Diyos.

D. Kapag nananalangin ang ekklesia nang may awtoridad, napamumunuan nito ang Hades—Mat. 16:18:

**Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

1. Ang ekklesia ay may awtoridad na pamunuan ang bawat makasatanas na bagay.
2. Dapat supilin ng ekklesia ang lahat ng aktibidad ng masasamang espiritu sa pamamagitan ng panalangin at dapat ipatupad ang kapamahalaan sa pamamagitan ng panalangin—Luc. 10:17-19; Mat. 18:18.

   **Luc. 10:17-19** At bumalik na may kagalakan ang pitumpu, na nagsasabi, Panginoon, maging ang mga demonyo ay napasasakop sa amin sa Iyong pangalan. [18]At sinabi Niya sa kanila, Pinagmasdan Ko si Satanas na bumabagsak na gaya ng kidlat mula sa langit. [19]Narito, binigyan Ko kayo ng awtoridad na tapakan ang mga ahas at mga alakdan at sa ibabaw ng lahat ng kapangyarihan ng kaaway, at hinding-hindi kayo masasaktan ng anuman.

   **Mat. 18:18** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit.

E. Kung nais nating manalangin ng panalangin ng awtoridad, dapat na tayo muna mismo ay magpasailalim sa awtoridad ng Diyos; malibang magpasailalim tayo sa awtoridad ng Diyos patungkol sa Kanyang posisyon at magpasailalim sa Kanyang awtoridad sa ating pang-araw-araw na buhay at sa lahat ng praktikal na bagay, hindi tayo makapananalangin nang may awtoridad—Isa. 45:11; 1 Ped. 5:6; Apoc. 22:1.

**Isa. 45:11** Ganito ang sabi [ni Jehovah], ng Banal ng Israel, at ng Maylalang sa kanya: "Magtanong ka sa akin tungkol sa mga bagay na darating; tungkol sa aking mga anak, at tungkol sa gawa ng aking mga kamay, mag-utos kayo sa akin.

**1 Ped. 5:6** Kaya't kayo ay maipakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos upang kayo ay Kanyang itaas sa takdang panahon.

**Apoc. 22:1** At ipinakita niya sa akin ang isang bilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

F. Taglay ng panalangin ng awtoridad ang langit bilang pinagmumulan nito at ang lupa bilang patutunguhan nito—A. A. 4:8; 6:10; Efe. 1:22-23; 2:6; 6:18:

*© 2025 Living Stream Ministry*

**A. A. 4:8** Sumama ka sa akin mula sa Lebanon, kasintahan ko; / Sumama ka sa akin mula sa Lebanon. / Tumanaw ka mula sa taluktok ng Amana, / Mula sa taluktok ng Senir at ng Hermon, / Mula sa mga yungib ng mga leon, / Mula sa mga bundok ng mga leopardo.

**A. A. 6:10** Sino itong tumitingin na tulad ng bukang liwayway, / Kasingganda ng buwan, / Kasinliwanag ng araw, / Kakilakilabot na parang hukbo na may mga watawat?

**Efe. 1:22-23** At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na maging Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Efe. 2:6** At ibinangon tayong magkakasamang kalakip Niya at pinaupong magkakasamang kalakip Niya sa sangkalangitan sa loob ni Kristo Hesus.

**Efe. 6:18** Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

1. Ang panalangin na may awtoridad ay ipinapanalangin mula sa langit patungo sa lupa; nagsisimula ito sa isang makalangit na posisyon at bumababa mula sa langit tungo sa lupa—2:6.

   **Efe. 2:6** At ibinangon tayong magkakasamang kalakip Niya at pinaupong magkakasamang kalakip Niya sa sangkalangitan sa loob ni Kristo Hesus.

2. Ang manalangin pababa ay ang tumayo sa posisyon na ibinigay sa atin ni Kristo sa sangkalangitan, ang utusan si Satanas nang may awtoridad at tanggihan ang lahat ng kanyang gawa, at ang iproklama nang may awtoridad na ang lahat ng utos ng Diyos ay dapat maisakatuparan—Mat. 6:9-10.

   **Mat. 6:9-10** Manalangin nga kayo sa ganitong paraan: Ama namin na nasa kalangitan, pakabanalin ang Iyong pangalan; [10]Dumating ang Iyong kaharian; mangyari ang Iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din sa lupa.

G. Ang posisyon ng panalangin ay ang pag-akyat sa langit, at ang awtoridad ng panalangin ay ang pag-akyat sa langit din; ang lahat ng panalangin na nasa pag-akyat sa langit ay mga panalangin ng awtoridad—Efe. 2:6; 1:22-23:

**Efe. 2:6** At ibinangon tayong magkakasamang kalakip Niya at pinaupong magkakasamang kalakip Niya sa sangkalangitan sa loob ni Kristo Hesus.

**Efe. 1:22-23** At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na maging Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

1. Ang panalangin ng awtoridad ay ang panalangin ng isang tao na may kakayahang magbigay ng mga utos sa pamamagitan ng pagtayo sa posisyon ng pag-akyat sa langit—Isa. 45:11.

   **Isa. 45:11** Ganito ang sabi [ni Jehovah], ng Banal ng Israel, at ng Maylalang sa kanya: "Magtanong ka sa akin tungkol sa mga bagay na darating; tungkol sa aking mga anak, at tungkol sa gawa ng aking mga kamay, mag-utos kayo sa akin.

2. Kung tayo ay nasa posisyon ng pag-akyat sa langit, ang ating panalangin ay magiging katumbas ng administrasyon ng Diyos; ito ay magiging ang pagpapatupad ng Kanyang mga utos—Apoc. 8:3-5.

   **Apoc. 8:3-5** At dumating ang isa pang Anghel at tumayo sa harap ng altar, na may hawak na isang gintong insensaryo, at maraming insenso ang ibinigay sa Kanya upang ihandog kasama ng mga panalangin ng lahat ng banal sa ibabaw ng gintong altar na nasa harap ng trono. [4]At pumailanlang ang usok ng insenso kasama ng mga panalangin ng mga banal mula sa kamay ng Anghel sa harapan ng Diyos. [5]At kinuha

© 2025 Living Stream Ministry

ng Anghel ang insensaryo at pinunô Niya ito ng apoy ng altar at inihagis ito sa lupa; at nagkaroon ng mga kulog at mga tinig at mga kidlat at ng lindol.

H. Kapag dumating tayo sa punto na taglay na natin ang makalangit na posisyon at makalangit na awtoridad at sa gayon ay makapagsasalita tayo ng mga panalanging may awtoridad, tayo ay nasa trono, naghaharing kasama ang Panginoon—Efe. 2:5-6; Apoc. 3:21; cf. Ezek. 1:26:

**Efe. 2:5-6** Maging nang tayo ay mga patay sa ating mga pagsalangsang, ay binuhay tayong magkakasamang kalakip ni Kristo (sa pamamagitan ng biyaya ay naligtas kayo) [6]At ibinangon tayong magkakasamang kalakip Niya at pinaupong magkakasamang kalakip Niya sa sangkalangitan sa loob ni Kristo Hesus.

**Apoc. 3:21** Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

**Ezek. 1:26** Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon.

1. Sa panahong ito, ang ating panalangin ay hindi lamang isang panalangin na may awtoridad bagkus isang naghaharing panalangin din, at ang ating panalangin ay nagiging administrasyon ng Diyos, ang pagpapatupad ng pamumuno ng Diyos—Roma 5:17, 21; Mat. 18:18; Apoc. 8:3-5.

   **Roma 5:17** Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

   **Roma 5:21** Upang kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesu-Kristong ating Panginoon.

   **Mat. 18:18** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit**.**

   **Apoc. 8:3-5** At dumating ang isa pang Anghel at tumayo sa harap ng altar, na may hawak na isang gintong insensaryo, at maraming insenso ang ibinigay sa Kanya upang ihandog kasama ng mga panalangin ng lahat ng banal sa ibabaw ng gintong altar na nasa harap ng trono. [4]At pumailanlang ang usok ng insenso kasama ng mga panalangin ng mga banal mula sa kamay ng Anghel sa harapan ng Diyos. [5]At kinuha ng Anghel ang insensaryo at pinunô Niya ito ng apoy ng altar at inihagis ito sa lupa; at nagkaroon ng mga kulog at mga tinig at mga kidlat at ng lindol.

2. Kung handa tayong matuto, tayo ay makararating sa isang kalagayan na makapagsasalita tayo ng gayong mga panalangin para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang layunin ng Diyos—Efe. 1:10-11; 3:9-11.

   **Efe. 1:10-11** Tungo sa ekonomiya ng kaganapan ng mga panahon, upang tipunin sa ilalim ng isang ulo ang lahat ng bagay kay Kristo, ang mga bagay na nasa kalangitan at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, sa Kanya; [11]Na sa Kanya rin naman ay itinakda tayo bilang isang mana, itinatalaga noong una pa ayon sa layon ng Isa na gumagawa ng lahat ng bagay ayon sa pasya ng Kanyang kalooban.

   **Efe. 3:9-11** At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay, [10]Upang ngayon ay maipaalam sa mga pinuno at mga awtoridad sa sangkalangitan ang maraming iba't ibang panig na karunungan ng

© 2025 Living Stream Ministry

Diyos sa pamamagitan ng ekklesia, [11]Ayon sa walang hanggang layunin na ginawa Niya sa loob ni Kristo Hesus na ating Panginoon.

*© 2025 Living Stream Ministry*